

Ang Bayan Ngayon Compilation

Ang Bayan

October 2023

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang opisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampolitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

| | |
|--|----|
| Ayuda sa maralitang biktima ng sakuna, iginigiit | 9 |
| Bayan sa Laguna, isinasailalim sa militarisasyon sa tabing ng eleksyong pambarangay..... | 10 |
| 2 sanggol at higit 8 pang sibilyan, dinukot at sikretong ikinulong ng 8th ID..... | 12 |
| 80-anyos na ginang, namatay sa sindak dulot ng pamamaril ng 2nd IB..... | 14 |
| Mga mangingisda, tutol sa nababalitang itatalagang kalihim sa agrikultura..... | 16 |
| 2 sundalo ng 10th ID, napatay sa armadong aksyon ng BHB sa Bukidnon..... | 17 |
| 3 kabataang tanggol-katutubo, dinukot ng 203rd IBde sa Mindoro..... | 18 |
| Hustisya sa pagkamatay ng brodkaster na si Percy Lapid, patuloy na iginigiit..... | 20 |
| Organisador ng manggagawa, nilikida ng mga pulis sa Rizal..... | 22 |
| Limos ang “dagdag-sahod” sa mga manggagawa sa agrikultura..... | 23 |
| Makasaysayang-taas na utang ng Pilipinas, panustos sa mga kontra-mamamayang programa at korapsyon..... | 25 |
| 2 aktibista, dinukot sa Nueva Ecija..... | 27 |

| | |
|---|----|
| Daan-daang guro, nagprotesta para sa dagdag-sweldo at benepisyo..... | 29 |
| Mga magsasaka ng Hacienda Tinang, nagpiket sa upisina ng Ombudsman..... | 31 |
| Palparan, ipinawalangsala sa mga kasong isinampa ng magkapatid na Manalo..... | 32 |
| Piket-dayalogo, inilunsad ng mga magbubukid sa Antipolo City..... | 34 |
| Inarestong drag artist, nakalaya na..... | 36 |
| Mga upisina ng demokratikong organisasyon sa India, nireyd ng mga pwersa ng estado..... | 37 |
| Pribadong gwardya ng nangangamkam ng lupa sa Bulacan, nanutok ng baril..... | 39 |
| Labi ng organisador ng kilusang paggawa na pinatay sa Rizal, nabawi na..... | 41 |
| Mga rebolusyonaryong Pilipino, suporta sa kumprehensibong armadong opensiba ng mga Palestino..... | 42 |
| 4 na sundalo ng 84th IB, napatay sa engkwentro sa Nueva Ecija..... | 46 |
| Organisador ng magsasaka sa Southern Tagalog, nakalaya matapos ang 2 taon..... | 47 |
| Protestang kontra IMF-World bank, inilunsad..... | 49 |
| 8th ID, naghasik ng terorismo sa bayan ng Silvino Lobos sa Northern Samar..... | 50 |

Dalawang kababaihan sa Mindoro, ginahasa ng mga sundalo ng 203rd IBde.....53

Hustisya, mailap pa rin sa magsasakang pinatay ng 20th IB sa Northern Samar.....55

Karapatan ng mga mag-aalimango at mangingisda, iginiit sa konsultasyon.....57

CIF, inilipat sa pinakamasasahol na ahensya sa seguridad.....59

Tangkang pagmasaker at panggigipit ng 9th IB, naiulat sa Camarines Norte.....61

Kaanak ng 2 aktibistang dinukot sa Nueva Ecija, nanawagan ng tulong.....62

Mga residente sa Bacolod City, tutol sa reklamasyon.....64

Pagpapaulan ng bala ng 62nd IB sa Negros Occidental, kinundena.....65

Beteranong organisador ng manggagawa, pinarangalan.....66

Duterte, balak kasuhan sa pambabanta laban kay Rep. Castro.....69

Hustisya para kay Jennifer Laude, patuloy na ipinananawagan.....70

Mga manggagawang pangkalusugan, nagprotesta para sa benepisyo at badyet.....72

Mga obispo sa Mindanao, nananawagang ikansela ang permit sa pagmimina sa Tampakan

| | |
|--|----|
| | 74 |
| Mga raling suporta sa pakikibaka ng Palestine, inilunsad..... | 75 |
| Guatemala, niyayanig ng malalaking protesta. | 78 |
| Pag-itsapwera ni Marcos Jr sa paggunita sa Pag- aalsang EDSA 1986, binatikos..... | 80 |
| 68-anyos na magsasaka, pinaslang ng 77th IB sa Abra..... | 82 |
| 70-anyos na babaeng magsasaka, hindi makatarungang inaresto sa Masbate..... | 84 |
| Baybayin ng Dumaguete City, iginiit na proteksyunan..... | 85 |
| Kandidato sa pagka-kagawad sa Masbate, dinahas ng 2nd IB..... | 87 |
| Kasong perjury at slander, panggigipit ng AFP at DoJ kina Jonila Castro at Jhed Tamano..... | 88 |
| Marcos, sinungaling sa pagsabing tumaas na ang bilihan ng palay..... | 90 |
| Lupa, pagkain at karapatan, sigaw ng kababaihang magsasaka..... | 92 |
| Barikada kontra-demolisyon, itinayo ng mga residente sa Angeles City..... | 94 |
| Gutom araw-araw ang mamamayan sa ilalim ni Marcos, giit ng masang maralita..... | 95 |

Martsa para sa Negros, isinagawa ng mga manggagawang pangkalusugan.....98

Mga protestang suporta sa Palestine, patuloy na lumalawak.....99

Pagpapalaya kina Benito Quilloy at Rita Espinoza, iginiit.....102

Pinakamalalaking kumpanya sa armas, tumatabo sa henosidyo ng Israel sa Palestine104

Rodrigo Duterte, binweltahan ng mga lider ng kamara dahil sa pagbabanta.....106

Tigil-pasada kontra korapsyon at PUV phaseout, inilunsad ng mga drayber at opereytor ng dyip108

59th IB, inambus ng BHB-Batangas.....110

Ibasura ang Maharlika Investment Fund.....111

Karumal-dumal na pagbomba ng Israel sa isang ospital sa Gaza, kinundena.....113

Mag-asawang magsasaka, pinatay ng 79th IB sa Negros Occidental.....116

“Human chain” kontra reklamasyon sa Manila Bay, isinagawa.....118

Isang lolo at apong 2-taon, pinatay ng 63rd IB119

Mga kandidatong kontra-demolisyon sa Tondo, ginigipit ng militar.....121

| | |
|--|-----|
| Organisador ng mga magsasaka sa Quezon, dinukot ng 1st IB..... | 122 |
| Pinaslang ng 24th IB sa Abra, hindi mandirigma ng BHB..... | 124 |
| Buwan ng Magsasaka, ginunita sa mga protesta laban sa pang-aagaw ng lupa, inhustisya at gutom..... | 125 |
| Hustisya para sa mga biktima ng masaker sa Sagay, muling ipinanawagan..... | 128 |
| Daan-daanlibo, nagprotesta sa UK para ipatigil ang pambobomba ng Israel sa Gaza; mga unyon nanawagan ng embargong militar..... | 129 |
| Kumpanya sa konstruksyon ng kroni ng mga Duterte, pinarusahan ng BHB..... | 132 |
| Mamamahayag sa Metro Manila, muling ginigipit..... | 134 |
| Mga krimen sa digma ang pagpatay ng Israel sa mga batang Palestinian—NDFP..... | 136 |
| Rep. Castro, nagsampa ng kaso laban kay Duterte..... | 138 |
| 87th IB, 1 linggong binomba ang isang bayan sa Western Samar..... | 139 |
| Koordinadong protesta kontra taas-presyo ng petrolyo, inilunsad..... | 141 |
| Panggigipit sa pahayagang pangkampus sa Leyte, binatikos..... | 143 |

Dalawang kabataang babae, ginahasa ng mga sundalo ng 94th IB.....145

Kilusang tutol sa confidential funds ng guberno, binuo.....146

Blokeyo sa pagkain, nagdulot ng gutom sa 2 barangay sa Quezon.....148

Kinatawan ng organisasyon ng mga Katolikong obispo, kumalas sa NTF-Elcac.....150

Kriminal na pambobomba sa mga sibilyan ng huntang militar ng Myanmar, tumitindi.....152

Panunupil ng UST sa mga estudyante, binatikos154

Grupo ng mga freelancer na mamamahayag, itinatag.....155

Halos 51 milyong Pilipino ang dumanas ng “food insecurity’ noong 2022.....157

Kakarampot na ₱35 dagdag-sahod sa Ilocos, binatikos.....160

UN “humanitarian truce” sa Gaza, pinagtibay; Pilipinas, nag-abstain.....162

“Health workers run,” inilunsad para sa dagdag-sweldo.....165

Hustisya para sa pagkamatay ng isang estudyante ng Rizal Technological University, ipinanawagan.....166

Mamamayang Moro, nagrali sa Maynila at mga syudad sa Mindanao para sa Palestine.....169

Mga rider ng Grab, nagprotesta.....170

Walang pakundangang pamamaslang ng Israel sa mga mamamahayag sa Gaza, kinundena...171

Pagbuwag sa protestang kontra-mina sa Palawan, kinundena.....173

Pagtatakas ng 2 makina ng kumpanyang Technol Eight, binatikos ng unyon.....175

2 nadakip na hors de combat ng BHB, itinatago ng 203rd IBde.....176

Ayuda sa maralitang biktima ng sakuna, iginigiit

Oktubre 1, 2023

Nanawagan ang Pinagkaisang Lakas ng Mamamayan (PLM) sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) na kagyat na bigyan ng ayuda ang mga maralitang residente ng Payatas, Quezon City na nalubog ng abot-baywang na baha noong huling linggo ng Setyembre. Dismayado sila sa kawalang aksyon ng gubyrerno. Anila, ganito palagi ang sitwasyon ng mga residente ng Payatas at iba pang lugar tuwing bumubuhos ang malakas na ulan.

Nalubog ang maraming bahay sa bahang idinulot ng napakalakas na pagbuhos ng ulan noong Setyembre 26, ayon sa grupo. “Epekto ito ng El Niño, at pinalala ng mga ‘proyektong

pangkaunlaran' na hindi inisip ang magiging perwisyo nito sa mga nakapaligid na komunidad," giit ng PLM.

Halos isang linggo matapos ang pagbaha, patuloy na iginigiit ng PLM na harapin sila ng DSWD at tugunan ang pangangailangan ng ayuda para sa mga nasasalanta. "Bilang ahensya ng gubyerno na dapat nagtitiyak ng serbisyong panlipunan, hindi makatarungan na pinagmamakaawa pa nila ang mga biktima ng sakuna para sa ayuda," dagdag ng grupo.

Nagpatutsada pa ang grupo sa ₱125 milyong confidential funds na ginastos ni Sara Duterte sa loob ng 19 na araw noong 2022 na anila ay pwede sanang nagamit para sa pagbangon ng mga maralitang nasasalanta ng kalamidad at sakuna.

Bayan sa Laguna, isinasailalim sa militarisasyon sa tabing ng eleksiyong pambarangay

Oktubre 1, 2023

Naiulat kamakailan ang pagtatambak ng mga sundalo mula sa 1st IB at mga tangke de gera sa bayan ng Santa Maria sa Laguna, isang bayan na nasa paanan ng kabundukan ng Sierra Madre. Ipinakat ang naturang mga tropa sa lugar sa tabing ng pagpapanatili ng seguridad sa bayan kaugnay ng nalalapit na halalang pambarangay sa Oktubre.

Pinalalabas ng 1st IB na kailangan ang kanilang presensya sa bayan para protektahan ang mga

residente laban sa “CPP-NPA.” Taliwas ito sa deklarasyong “insurgency-free” na ang bayan noon pang Hulyo.

“Pinasisinungalingan ng mga aktong ito ang matagal nang ipinangangalandakan ng AFP at NTF-Elcac na ang Laguna ay wala nang presensya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB),” ayon kay Ka Magdalena Kalayaan, tagapagsalita ng BHB-Laguna.

Ayon pa kay Ka Magdalena, sa halip na seguridad at kapanatagan, malawakang intimidasyon at takot sa mga sibilyan ang hatid ng militarisasyon sa lugar. “Tiyak na kasama sa operasyong militar na gaganapin ay ang harasment, pagbabanta at surveillance sa mga kandidato ng Barangay-SK Elections na pinararatangan nitong may ugnayan sa CPP-NPA,” paliwanag pa niya.

Karapatan ng mga residente ng Santa Maria na kundenahin ang labis-labis na presensya ng militar at mga tangke nito sa kanilang bayan, dagdag pa niya.

Sa balangkas ng Geneva Conventions at International Humanitarian Law, lubhang ipinagbabawal ang okupasyon sa mga sentro ng barangay at pampublikong gusali tulad ng eskwelahan at paglabag sa karapatang-tao ng mga sibilyan sa eryang nasasaklaw ng armadong tunggalian. Kabilang sa mga paglabag na ipinagbabawal ay harasment, pagbabanta, pamamaslang, surbeylans at iba pa.

Samantala, noong Setyembre 28 ay pumirma ng isang kasunduan ang Commission on Elections (Comelec) sa Department of National Defense at the Armed Forces of the Philippines para umano palakasin ang kooperasyon sa pagpapanatiling ligtas sa halalang pambarangay.

Ginamit nitong pagdadahilan ang pag-iral umano ng mga pribadong hukbo at mga grupong naghahasik ng teror tulad ng Abu Sayyaf Group at ang Jemaah Islamiyah.

Nakasaad sa naturang kasunduan na tutulong ang mga pwera ng estado sa komite ng Comelec na “kontra bigay” para umano labanan ang “pagbili ng boto at paglaban sa mga impluwensya sa demokratikong proseso.”

2 sanggol at higit 8 pang sibilyan, dinukot at sikretong ikinulong ng 8th ID

Oktubre 2, 2023

Nananatiling nakapiit, hindi mabisita ng mga kaanak, at walang ligal na representasyon ang dalawang bagong silang na sanggol at kanilang mga ina, kasama ang iba pa sa kampo ng 8th ID sa Barangay Maulong, Catbalogan, Samar. Hindi bababa sa 10 ang biktima ng sikretong detensyon sa naturang kampo at nakapailalim sa emosyonal, pisikal at mental na torytur ng berdugong mga sundalo. Patuloy silang ibinibimbin nang walang malinaw na dahilan o nakasampang kaso.

Hawak ng 8th ID si Mariel Rebato at kasisilang pang niyang anak, at si Monica Ogacho at ang bagong silang niyang sanggol. Kasama nilang ipiniit sina Marygrace Tambis Bicina, Renato Chokoy Rufo at tatlo pang dinukot ng militar noong Marso 2023. Ang ilan sa mga biktima ay dinampot ng militar mula sa kanilang inuupahan bahay sa Calbayog City noong pang Disyembre 2022.

Ayon sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar, mapatutunayan ng ibang mga dinukot at ipiniit ng 8th ID ang pagtatago ng mga biktima sa naturang kampo militar. Sa pahayag nito, sinabi ng yunit na mayroong apat na Pulang mandirigma ang dinukot din ng militar at “pinabalik sa kanilang kasamahan” para gumawa ng bagay na ikapipinsala ng hukbong bayan.

Anila, sa halip na ipahamak ang kanilang mga kasama sa yunit ay nagtapat ito sa nangyari sa kanila. “Hindi [nila] masikmura ang kriminal na kagustuhan ng militar kaya nagtapat sila at pinag-ingat ang mga kasama,” paliwanag ng BHB-Western Samar. Ang ilan sa mga “pinalaya” ng 8th ID para sa kani-kanilang “misyon” ay pinagdala ng GPS tracker para targetin ang kampo na kanilang pupuntahan ng pambobomba ng eroplano.

Giit nila, sila ang makapagpapatunay na nasa loob ng kampo sa Barangay Maulong ang kanilang mahal sa buhay at marami pang itinatago sa kampo rito.

Sampu ng mga kaanak at pamilya ng biktima, nanawagan ang BHB-Western Samar sa lahat ng

may mabuting loob at nagtataguyod sa karapatang-tao, mga abugado na nagtataguyod ng tunay na hustisya na tulungan ang kaanak na mahanap ang mga kapamilyang iligal na idinidetini ng 8th ID.

Ang pagdukot o desaparecidos at iligal na pagkukulong sa mga sikretong lokasyon ay labag sa internasyunal na makataong batas at mga kumbensyon. Pinatitindi pa ang paglabag na ito laluna sa paglabag sa karapatan ng mga kababaihan, buntis at mga sanggol at bata.

Partikular na tinukoy sa Declaration on the Protection of Women and Children in Emergency and Armed Conflict ng United Nations General Assembly noong Disyembre 14, 1974 na isang krimen sa digma ang “lahat ng porma ng panunupil at malupit at hindi makataong pagtrato sa kababaihan at mga bata, kabilang ang pagkukulong, tortyur, pamamaril, maramihang pag-aresto, kolektibong pamamarusa, paninira sa tirahan at pwersahang pagbabakwit, na isinagawa ng mga pwersang nakikidigma sa takbo ng operasyong militar nito (Bilang 5).”

80-anyos na ginang, namatay sa sindak dulot ng pamamaril ng 2nd IB

Oktubre 2, 2023

Namatay sa labis na takot at pangamba ang 80-anyos na ginang na si Amparo Maglasang Juanillo matapos ang walang-patumanggang pamamaril ng mga sundalo ng 2nd IB sa komunidad nila sa Sityo

Mabuhay, Barangay Liong, Cataingan, Masbate noong Oktubre 2, alas-7 ng umaga.

Ang matanda ay naiwan sa kanyang bahay nang magsitakbuhay sa takot ang mga residente paalis sa kani-kanilang bahay. Maituturing siyang ika-22 na biktima ng pamamaslang ng mga pwera ng estado sa Masbate sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr.

Bago nito, walang-patumangga na ring namaril ang 2nd IB sa Barangay Liong noong Setyembre 29. Naiulat na nagpakana ng pekeng labanan ang yunit na ito matapos magpaulan ng bala sa hangganan ng Barangay Maanahao, Matubinao, Liong sa bayan ng Cataingan at Barangay Mabini sa bayan ng Palanas.

Kagyat na inilinaw ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate na walang yunit ng BHB sa lugar sa panahon na iyon.

Nagdulot ng takot at pangamba ang mga pamamaril sa komunidad, laluna sa mga estudyante at guro. Napwersang magkansela ng klase ang mga paaralan sa mga barangay ng Liong, Mabini, Maanahao, Matubinao at maging sa Osmeña noong Setyembre 29.

Taliwas sa pekeng balita na ipinalalaganap ng militar, tumagal lamang nang humigit-kumulang dalawang minuto ang pagpapaputok. Nagpakana pa ang mga ito na nakakumpiska sila ng mga armas at kagamitang militar na nasamsam mula sa BHB.

Mga mangingisda, tutol sa nababalitang itatalagang kalihim sa agrikultura

Oktubre 3, 2023

Tutol ang mga mangingisda kabilang sa grupong Pamalakaya kay Francisco Tiu Laurel Jr bilang posibleng kalihim ng Department of Agriculture. Napabalitang siya ang papalit kay Ferdinand Marcos Jr na nagsisilbing kalihim ng DA mula nang maupo siya sa poder.

Si Laurel ay may-ari ng Frabelle Fishing Corporation, isang kumpanya sa pangisda na may mga upisina sa Navotas at General Santos City. Sangkot ito sa malakihang pangisingda sa laot, at kasalukuyang isa sa pinakamalalaking kumpanya sa pangisda sa bansa.

Liban dito, sangkot ang Frabelle at si Laurel sa proyektong reklamasyon na sumaklaw sa 420 ektarya sa mga baybay ng dalawang barangay sa Cavite na malaon nang tinututulan ng mga mangingisda. Ayon sa Pamalakaya, palalayasin nito ang 700 maliliit na mangingisda mula sa kanilang komunidad. Wawasakin din nito ang mayamang pangisdaan, gayundin ang mga tahungan at talabahan sa lugar.

Isa si Tiu-Laurel sa pinakamalalaking kontribyutor sa kampanya ni Marcos Jr noong nakaraang eleksyon. Kasalukuyan siyang myembro ng binuo nitong Private Sector Advisory Council.

2 sundalo ng 10th ID, napatay sa armadong aksyon ng BHB sa Bukidnon

Oktubre 4, 2023

Iniulat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bukidnon ngayong araw ang mga armadong aksyon na inilunsad ng mga yunit nito sa prubinsya noong Setyembre. Pinatamaan ng armadong aksyon ang mga yunit ng 10th ID.

Inisnapp ng mga Pulang mandirigma ang tropa ng 48th IB na nagbabantay sa isang tsekpoynt sa Barangay Cawayan sa Quezon, Bukidnon noong Setyembre 13. Isang sundalo ang natamaan at agad na namatay.

Naiulat ng mga residente ang paulit-ulit na pag-ipit at pagkontrol ng mga naturang sundalo sa kanilang mga produktong iniluluwas at ipinapasok sa kanilang barangay. Kaya ganoon na lamang ang tuwa ng masa sa pagpatama sa kanila ng BHB.

Samantala noong Setyembre 10, nakasagupa ng BHB-Bukidnon ang nag-ooperasyong tropa ng 89th IB sa Sityo Logdeck 6, Barangay Linabo, Quezon. Isang sundalo ang kumpirmadong patay at isa ang nasugatan ayon sa mga residente sa lugar na pinangyarihan ng engkwento. Ligtas na nakaatras ang yunit ng BHB.

Idinagdag din sa ulat na ang parehong yunit na ito ang nakasagupa ng BHB noon pang Hunyo 11 ng umaga sa Barangay Sacramento Valley sa bayan ng San Fernando na nagresulta sa pagkamatay ng isang sundalo at pagkasugat ng tatlo pa.

3 kabataang tanggol-katutubo, dinukot ng 203rd IBde sa Mindoro

Oktubre 4, 2023

Tatlong kabataang lingkod-katutubo ang dinukot ng mga pwersa ng 4th IB at 203rd IBde sa Sityo Malaglag, Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro noong Setyembre 19. Ang mga biktima ay kinilala bilang sina Job Abednego David, Jimby del Monte, at Alia Encela. Nakumpirma ngayong araw ng Karapatan-Southern Tagalog na nakakulong sa kampo militar ng 203rd IBde sa bayan ng Bansud ang tatlo.

Sa isang pahayag ng 4th IB, pinalalabas nitong mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isla ang tatlo na nadakip noong Setyembre 23. Nasamsam umano sa kanila ang mga kagamitang militar na pampasabog. Isinapubliko ang “pag-aresto” apat na araw matapos silang dukutin.

Ang tatlong aktibistang lingkod-katutubo ay nasa lugar para umagapay sa kalagayan ng katutubong Mangyan na hinagupit ng militarisasyon at imbestigahan ang mga paglabag sa karapatang-tao ng 203rd IBde. Nagpunta sila sa Barangay Lisap para alamin ang epekto sa komunidad ng ginawang pambobomba at panganganyon ng mga sundalo noong Abril at Mayo.

Nagsasaliksik din sila sa dinaranas na hirap ng mga taga-Bongabong na naapektuhan ng matinding pagbaha at pagguho ng lupa dulot ng mapanirang pakukwari ng armour rocks dito. Ang

mga taga-Bongabong ay pangunahing nakasalalay sa pagtanim ng palay at pagkokopra.

Nakipag-ugnayan ngayong araw ang humanitarian team ng Karapatan-Southern Tagalog sa upisina ni 2nd District Representative Cong. Alfonso Umali Jr para alamin ang kinaroroonan at kalagayan ng tatlong aktibista.

Ayon sa grupo, nangangamba sila sa kaligtasan ng tatlo dahil dalawang linggo na silang hawak ng militar nang walang representasyong ligal.

“Walang ligal o moral na batayan ang pagkustodiya ng mga militar sa tatlo at dapat na kagyat at ligtas silang palayain mula sa ilegal na pagkakapiit,” dagag pa nila.

Naglunsad ng protesta ngayong araw ang mga kabataan mula sa University of the Philippines-Diliman at Polytechnic University of the Philippines para ipanawagan ang kagyat na paglilitaw sa tatlo at ligtas na pagpapalaya.

‘Modus operandi’ ng militar

Binatikos ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang tinawag nitong modus operandi ng militar na pagdukot sa mga aktibistang panlipunan at pagpapailalim sa kanila sa tortyur sa mga sikretong detensyon. Ayon kay Marco Valbuena, ang upisyal sa impormasyon ng PKP, malisyosong binabansagan ng mga pwersa ng estado na mga “terrorista” ang mga biktima sa pag-aakalang mabibigyang-katwiran ang kanilang krimen ng ilegal na detensyon at pagtoryur.

Ani Valbuena, dumarami ang bilang ng mga indibidwal, kabilang na ang mga aktibistang panlipunan, tagapagtanggol ng kalikasan, gayundin ang mga rebolusyonaryo sa kilusang lihim at mandirigma ng BHB, na dinudukot ng militar at ikinukulong sa sikretong mga pasilidad at “safe house.” Giit pa niya, ang mga ito ay labag sa kanilang batayang karapatang pampolitika at sibil, at maging sa internasyunal na makataong batas.

Nagagawa umano ito ng mga pwersang militar at pulis, maging ng National Task Force-Elcac, nang walang pananagutan at may lakas nang loob dahil sa pag-iral ng mapanupil na Anti-Terrorism Act of 2020.

Hustisya sa pagkamatay ng brodkaster na si Percy Lapid, patuloy na iginigiit

Oktubre 4, 2023

Nagprotesta ang mga mamamahayag sa pangunguna ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) sa Department of Justice sa Ermita, Manila kahapon, Oktubre 3, para ipanawagan ang hustisya at mabilis na resolusyon sa pagpatay sa brodkaster sa radyo na si Perceival Mabasa, kilala din bilang Percy Lapid. Si Mabasa ay inambus ng mga lalaking magkaangkas sa motorsiklo noong Oktubre 3, 2022 sa Barangay Talon Dos, Las Piñas City. Papunta siya noon sa kanyang istasyon para sa kanyang programa sa radyo.

Kilala si Mabasa sa kanyang mga komentaryong kritikal sa noo'y rehimeng Duterte, at sa kasalukuyang rehimeng Marcos-Duterte. Sa isa sa pinakahuli niyang brodkas, tinalakay niya ang panggigipit ng NTF-Elcac kay Judge Marlo Magdoza-Malagar, at ang mga panganib ng red-tagging. Naging paksa rin ng kanyang programa ang pambabaluktot sa kasaysayan, laluna sa mga pangyayari sa ilalim ng batas militar.

Si Mabasa ang pangalawang mamamahayag na pinatay sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr. Hindi naman bababa sa 60 ang bilang ng mga kaso ng paglabag sa kalayaan sa pamamahayag ang naitala ng grupo sa ilalim ng kasalukuyang rehimen, ayon sa NUJP.

Nakiisa sa panawagan ng mabilis na hustisya para kay Mabasa ang koalisyong Freedom for Media Freedom for All (FMFA), na kinabibilangan ng Philippine Center for Investigative Journalism, Center for Media Freedom and Responsibility, NUJP, MindaNews, at Philippine Press Institute. Dumalo rin sa pagkilos ang mga estudyanteng mamamahayag ng College Editors Guild of the Philippines at mga kasapi ng Altermidya Network.

“Ang pagpatay kay Mabasa ay nagsiwalat sa kung gaano na ka-delikado ang Pilipinas para sa mga manggagawa sa midya, laluna sa mga kritikal na brodkaster sa radyo,” ayon sa FMFA.

Kabilang ang Pilipinas sa mga bansang pinakapeligroso para sa mga mamamahayag sa buong mundo. Sa kabuuang 178 kaso ng pagpatay sa mamamahayag sa bansa, lilimang kaso ang may

napanagot sa korte sa mga pangunahing sangkot sa mga krimeng ito.

Organisador ng manggagawa, nilikida ng mga pulis sa Rizal

Oktubre 4, 2023

Nilikida ng mga pulis ang organisador ng mga manggagawa na si Jude Thaddeus Fernandez sa kanyang tinutuluyang bahay sa Binangonan, Rizal noong Setyembre 29, bandang alas-4 ng hapon. Ayon sa mga ulat, nireyd ng mga tauhan ng mga pulis na kabilang sa CIDG ang tinutuluyan niyang bahay kung saan siya binaril. Matapos nito ay pinalabas ng mga pulis na “nanlaban” siya habang hinahainan ng mandamyento de aresto.

Si Fernandez ay beteranong organisador ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at kilusang masa.

Si Fernandez ay abala sa pag-oorganisa sa mga manggagawa upang mapalahok sila sa kampanyang dagdag-sahod kasabay ng iba pang mga karapatang manggagawa. Nagsimula siyang kumilos sa kilusang manggagawa noon pang panahon ng Batas Militar ni Marcos Sr.

Kinundena ng KMU ang panibagong kasong ito ng ekstrahudisyal na pagpaslang sa hanay ng mga manggagawa’t unyonista. Sa tala ng grupo, si Fernandez ang ika-72 biktima ng pagpaslang na may kaugnayan sa kilusang paggawa mula 2016, at ang ika-apat matapos ang pagbisita noong Enero ng ILO High Level Tripartite Mission.

Anang grupo, ang pagpatay kay Fernandez ay katulad na pagpatay ng mga pwera ng estado sa mga unyonistang sina Dandy Miguel, Manny Asuncion at sa iba pa. “Sa ilalim ng whole-of-nation approach, patuloy ang samut-saring paglabag sa karapatang pantao gaya ng sapiliting pagwala, ilegal na aresto, intimidasyon at harassment,” ayon sa KMU.

Giit ng grupo, ang pag-atake sa mga unyonista at organisador sa kilusang paggawa ay katumbas ng pag-atake ng estado sa makatarungang mga kampanya para sa dagdag-sahod, regular na trabaho, kalayaan sa pag-uunyon at iba pang mga karapatan ng manggagawa.

Nakatakdang maglunsad pa ng mas malalim na imbestigasyon ang KMU sa nangyaring pagpaslang kay Fernandez sa ilulunsad nitong fact-finding mission. Nanawagan din sila sa International Labour Organization, Commission on Human Rights at iba pang kaukulang ahensya na kumilos upang mabilis na makamit ang hustisya.

Ngayong hapon, naglunsad ng protesta ang mga grupo ng kabatan sa harap ng Ateneo De Manila University Gate 2 bilang pagkundera sa pagpaslang kay Jude Fernandez. Ipinanawagan din nila ang kagyat na pagpapalaya sa tatlong tanggol-katutubo na dinukot at ngayon ay ilegal na ikinulong sa kampo ng 2nd IB.

Limos ang “dagdag-sahod” sa mga manggagawa sa agrikultura

Oktubre 5, 2023

“Limos” ang tawag ng Unyon ng Manggagawa sa Agrikultura (UMA) sa iginawad na dagdag-sahod kamakailan sa iba’t ibang rehiyon.

“Ang sabi namin, umento. Bakit ang ibinigay, limos?” batikos ni Ayik Casilao, tumatayong pinuno ng UMA. Nasa ₱30 lamang and idinagdag sa minimum na sahod ng mga manggagawa sa agrikultura sa Cagayan Valley, ₱40 sa Central Luzon, at ₱35 sa Soccsksargen.

Isa itong klase ng diskriminasyon, ayon kay Casilao. Mas mababa ang “limos-sahod” sa agrikultura sa barya-baryang dagdag-sahod para sa mga manggagawa sa industriya at serbisyo. Sa pangkabuuan, nasa ₱20 hanggang ₱40 na mas mababa ang sahod ng mga manggagawa sa agrikultura kumpara sa iba pang manggagawa. Malayo din ito sa iginigiit ng grupo na ₱150 agarang dagdag, at malayong-malayo sa nakabubuhay na sahod.

“Ganito kalala ang diskriminasyon laban sa agri-workers: mas mababa na nga ang minimum wage nila, ni hindi pa ipinapatupad ang standards na ito ng employers nila,” pagbubunyag ni Ka Ayik. Inihalimbawa niya ang pagpapasahod ng pamilyang Lorenzo sa plantasyon nito ng bioethanol sa Isabela, kung saan sumasahod lamang ng ₱16 hanggang ₱240 ang mga manggagawang-bukid para sa iba’t ibang trabaho sa asyenda.

Pinalala pa ng militarisasyon ang kalagayan ng mga magbubukid. Marahas na pinipigilan ng militar ang pag-oorganisa ng mga magbubukid ng

kanilang mga samahan at unyon. Sa Isabela, nasa anyo ito ng pagbabahay-bahay ng mga sundalo para pagbantaan at takutin ang mga myembro ng samahan at unyon, at pwersahin silang umalis sa mga pambansang organisasyon.

“Ang gusto ng rehimeng kasabwat ng mga landlord at komprador, makuntento tayo sa barya,” ayon Ka Ayik. “Kaysa maggawad ng nakabubuhay na sahod, limos — o di kaya’y abuloy sa patay — ang ipabibigay ng estado.”

Makasaysayang-taas na utang ng Pilipinas, panustos sa mga kontra-mamamayang programa at korapsyon

Oktubre 5, 2023

Tinawag na “new high” (bagong pinakamataas) ang pagpalo ng utang ng Pilipinas tungong ₱14.35 trilyon sa katapusan ng Agosto. Halos buwanan na ang padedeklara ng “makasaysayang pagtaas” nito mula 2020 kung saan walang awat na nangutang ang reaksyunaryong estado sa ngalan ng pag-apula ng pandemyang Covid-19. Sa ngayon, katumbas na ito sa 61% ng gross domestic product (GDP o kabuuang sukat ng lokal na ekonomya), malayo sa 39.6% na tantos nito bago magpandemya. Kung hahatiin, ang bawat Pilipino ay may utang na ₱150,000.

Sa taya ng mga ekonomista, aabot sa ₱14.63 trilyon ang utang ng bansa sa katapusan ng taon. Katumbas ito nang 62% ng GDP. Ito na ang pinakamataas sa nakaraang 17 taon. Mas mataas din ang kailangang ilaan para sa pagbabayad ng

utang para sa susunod na taon. Para sa 2023, kailangang magbayad ang Pilipinas ng ₱1.35 trilyon para sa lokal nitong mga utang at ₱253.8 bilyon para sa dayuhan nitong mga utang.

“Lalong ibinabaon ng rehimeng Marcos ang bansa sa utang,” ayon kay Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng PKP. Mahigit 40% ng badyet nito para sa 2024 ay nakatakdang tustusan ng utang. Pinakamalaking bahagi ng badyet na ito (₱1.418 trilyon) ay nakalaan para sa mga proyektong imprastruktura na tradisyunal na ginagawang palabigasan ng naghaharing pangkatin at kanilang kroning kumprador. Halos kalahati nito (43%) ay tuwirang hawak ni Ferdinand Marcos mismo, sa anyo ng automatic appropriations, special purpose funds at confidential and intelligence funds.

Sa taya ng dating senador at kasalukuyang deputy speaker na si Ralph Recto, kakailanganing umutang ang bansa nang hanggang ₱4 na bilyon kada araw para tustusan ang dambuhalang badyet para sa 2024. Aniya, sa ₱5.767 trilyon badyet, nasa ₱15.8 bilyon ang gagastusin ng estado kada araw. Pero nasa abereyds na ₱11.7 bilyon lamang ang nalilikom nitong rebenyu mula sa mga buwis at iba pa kada araw at sa gayon, mapipilitan itong mangutang para pondohan ang mga “nakakasilaw” na mga proyektong nilaan ng pondo.

Mas masaklap ang datos pagdating sa bayaran. Ayon kay Recto, sa laki na ng utang ng estado, umaabot na sa ₱5.2 bilyon ang kailangang bayaran nito kada araw, alinsunod sa mga kundisyon ng mga pautang na ito.

“Palaki nang palaki ang inutang ng bansa para pondohan ang walang kahihiyang pangungurakot ng mga Marcos, kanilang maluhong pamumuhay, sikretong mga pondo at paggasta para sa militar at pulis,” ayon kay Valbuena.

Isinisisi ng mga upisyal ng rehimen ang panibagong pagsirit ng utang sa “paghina” ng halaga ng piso kontra dolyar. Pero matagal nang walang awat ang pangungutang ng reaksyunaryong estado. Katunayan, tumaas tungong panlima ang Pilipinas mula sa pangwalong mayor na mangungutang ng World Bank para sa taong 2023. Sa taong ito, nangutang si Marcos ng \$2.336 bilyon para sa anim na proyekto. Ang mga proyektong ito ay kunwa’y magpapaunlad sa agrikultura at kabuhayan ng mamamayan pero sa aktwal ay nagtutulak para sa malawakang kumbersyon ng mga lupang ninuno at agrikultural tungo sa mga plantasyon at iba pang komersyal na negosyo. Babayaran ang mga utang na ito sa pagitan ng 2025 at 2028.

Ayon sa NEDA mismo, umabot sa \$30 bilyon ang kabuuang inutang ng bansa sa iba’t ibang kapitalistang institusyon at bangko, kabilang sa World Bank. Ang \$20 bilyon nito ay inilaan para pondohan ang mga proyektong imprastruktura na kalakhan ay di pa natatapos o nasisimulan dulot ng pag-aagawan ng kikbak at korapsyon.

[20231005]

2 aktibista, dinukot sa Nueva Ecija

Oktubre 6, 2023

Hindi pa natutunton ang kinaroroonan ng dalawang aktibistang sina Lee Sudario at Norman Ortiz na dinukot ng mga armadong pwera ng estado noong Setyembre 29 sa Barangay Bantud, Gabaldon, Nueva Ecija. Ayon sa salaysay ng mga saksi, sapilitang isinakay ang mga biktima sa isang puting van bandang ala-1 at alas-2 ng madaling araw. Nagtangka pa umanong tumakas ang isa sa mga biktima ngunit nadakip siya at kinaladkad sa van.

Sa pahayag ng Karapatan-Central Luzon, sinabi nitong si Sudario ay malaon nang binansagang “terrorista” ng National Task Force-Elcac at 91st IB sa isang porum nito sa Aurora. Sa aktibidad na ito rin umano inianunsyo ang “patong sa ulo” o pabuya sa makapagtuturo ng kinaroroonan ng biktima.

Liban dito, pinaratangan na rin ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) si Sudario bilang isang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at sinampahan ng gawa-gawang kaso ng paglabag sa Anti-Terrorism Law (ATL), Philippine Act on Crimes Against International Humanitarian Law, Genocide and Other Crimes Against Humanity.

Pagbabahagi ng kaanak ng mga biktima, nakaranas sila sa nakaraan ng paulit-ulit na panghahas mula sa mga elemento na estado sa naghahanap sa kanilang dalawa. Labis ang pag-aalala ng mga kaanak ng biktima para sa kaligtasan ng mga ito.

Nananawagan ang Karapatan-Central Luzon sa mga pwera ng estado na kagyat ilitaw ang dalawang biktima at tumalima sa mga altuntuning pumapatungkol sa internasyunal na makataong batas. Anila, ang obligasyong ito ng mga pwera ng estado ay malinaw na nakasaad sa Geneva Conventions ng 1949 at mga protokol nito, mga lokal na batas at maging sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng mga kinatawan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Daan-daang guro, nagprotesta para sa dagdag-sweldo at benepisyo

Oktubre 6, 2023

Sa kabila ng pag-ulan, nagmartsa ang daan-daang guro kahapon, Oktubre 5, mula sa University of Santo Tomas tungong Mendiola sa Maynila bilang pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng mga Guro. Sa pangunguna ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) at mga unyon sa ilalim nito, iginiit nila ang dagdag-sweldo, sapat na pondo sa edukasyon at serbisyong panlipunan, sapat na benepisyo, disenteng kalagayan sa paggawa, at paggalang sa mga batayang karapatan ng mga edukador.

Anang mga grupo, napapanahon at nararapat nang itaas sa ₱50,000 ang entry-level na sahod ng mga guro sa parehong pampubliko at pribadong mga eskwelahan sa harap ng patuloy na pagsirit ng presyo ng mga bilingin at tumataas na

kinakailangang halaga para mabuhay. Dapat din umanong ibigay ang ₱33,000 minimum na sweldo para sa lahat ng mga manggagawa sa sektor ng edukasyon.

Tinatayang nasa 800,000 ang pampublikong guro sa bansa, habang mayroong 300,000 gurong nasa pribado at 60,000 ang instruktur sa state universities and colleges at tagapagsanay sa technical-vocational na kurso.

Dagdag dito, giit nilang kagyat nang solusyunan ng Department of Education at rehimeng Marcos ang taunang kakulangan ng klasrum. Ngayong taon, tinatayang nasa 159,000 klasrum ang kulang, 189,324 ang sira at kailangang kumpunihin at 21,727 ang di na magamit.

Binatikos ng mga guro ang napakalaking badyet para sa confidential at intelligence funds na ginastos noong 2022 at nakalaang badyet para sa 2024 ng upisina ni Sara Duterte, bise presidente at tumatayong kalihim ng DepEd.

“Ang maanomalyang pondong ito ay dapat ipahinto at dapat ilipat sa batayang serbisyo tulad ng sektor ng edukasyon,” ayon sa ACT. Dagdag nila, nakahihiya at kabastusan ang paggastos ni Duterte ng ₱125 milyong confidential fund sa loob lamang ng 19 na araw habang ang mga guro ay nasasandal sa pader at ginagawa ang lahat para lang gastusan ang pangangailangan sa kanilang mga klasrum.

Mga magsasaka ng Hacienda Tinang, nagpiket sa upisina ng Ombudsman

Oktubre 6, 2023

Nagpiket sa upisina ng Ombudsman sa Quezon City noong Oktubre 4 ang mga magsasakang kasapi ng Malayang Kilusang Samahan ng Magsasaka ng Tinang (Makisama-Tinang) mula sa Hacienda Tinang, Concepcion, Tarlac. Kasabay ito ng paghahain nila ng motion for reconsideration sa pagbasura ng Ombudsman sa mga kriminal at administratibong kaso laban sa mga pulis ng Concepcion na nandahas sa kanila.

Ang mga kaso ay isinampa ng tinaguriang Tinang 83, na binubuo ng mga magsasakang benepisyaryo ng reporma sa lupa (argarian reform beneficiary o ARB) at kanilang mga tagasuporta laban sa mga pulis na marahas na nang-aresto sa payapang bungkalan noong Hunyo 9, 2022. Patung-patong na paglabag sa karapatang-tao ang ginawa ng mga pulis laban sa mga biktima.

Sa resolusyon ng Ombudsman, sa higit 30 pulis na kinasuhan ng mga biktima, tanging si dating police officer-in-charge ng Concepcion na si Plt. Col. Reynold Macabitas lamang ang hinatulang may sala sa “discourtesy” at tanging pangaral lamang ang parusa niya. Ang Tinang 83 ay nagsampa ng reklamong perjury, hindi makatarungang pag-aresto, arbitraryong detensyon, pekeng testimonya, pisikal at mental na tortyur.

Kinundena ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) ang desisyon ng Ombudsman, na para sa kanila ay hinahayaang magpatuloy ang kawalang pananagutan ng kapulisan sa bayan ng Concepcion. Ayon kay Ariel “Ka Ayik” Casilao, tumatayong tagapangulo ng UMA, dismayado sila sa desisyon dahil karapatan ng mga magsasaka na bungkalin ang kanilang lupa at mismong Department of Agrarian Reform ang kumikilala sa istatus ng mga magsasaka bilang lehitimong benepisyaryo nito.

“Kung may dapat managot sa nangyari sa bungkalan sa Hacienda Tinang noong 2022, ito ay ang kapulisang nanghimasok sa isang agrarian dispute — at bawal manghimasok ang pulis at militar sa ganitong sitwasyon,” ayon kay Casilao.

Dagdag pa niya, “Sino ang nakikinabang sa pagbubulag-bulagan ng mga ahensya ng estado sa abuso ng kapulisan sa uring magsasaka at mga tagasuporta nito? Hindi ba’t mga landgrabber na nasa poder?”

Palparan, ipinawalangsala sa mga kasong isinampa ng magkapatid na Manalo

Oktubre 6, 2023

Mariing kinundena ng mga grupo sa karapatang-tao ang pagpapawalang-sala ng isang korte sa Malolos, Bulacan ngayong araw, Oktubre 6, kay retiradong berdugong heneral na si Jovito Palparan sa mga kasong isinampa sa kanya ng magkapatid na Raymond Manalo at Reynaldo

Manalo. Noong 2006, nagsampa ang magkapatid ng kasong kidnapping, serious illegal detention with serious physical injuries laban sa heneral. Dinukot ang magkapatid mula sa kanilang bahay sa San Ildefonso, Bulacan noong Pebrero 2006 at iligal na ikinulong sa kampo militar kung saan dumanas sila ng tortyur hanggang nakatakas sila noong Agosto 2007.

“Mahirap tanggapin,” pahayag ng mga abugado mula sa National Union of People’s Lawyers kaugnay sa hatol. Ang NUPL ang nagsilbing pribadong prosekyutor sa kinonsolidang mga kasong kriminal laban kay Palparan at iba pa noong 2016. “Sa gitna ng ating panlulumo sa resulta ng kaso, inaalala din natin sina Karen Empeño at Sherlyn Cadapan, na tulad ng magkapatid na Manalo, ay parehong dinakip nina Palparan at iba pa. Hanggang ngayon, hindi pa rin natatagpuan ang dalawa.

Ayon kay Edre Olalia, tagapangulo ng NUPL, napakahirap ipaliwanag sa magkapatid na Manalo, sa magulang ng nawawalang sina Karen at Sherlyn at marami pang ibang biktima ni Palparan na hindi nila maasahang mabibigyan sila ng katarungan sa mga korte kahit pa una nang tinanggap ang mga salaysay kaugnay dito ng mas nakatataas na mga korte.

Matatandaang naging batayan ang salaysay ng magkapatid para hatulang nagkasala si Palparan sa kasong kidnapping kina Cadapan at Empeño.

Sa isang pahayag, sinabi ni Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng Partido Komunista ng

Pilipinas, na ang pagpapawalang-sala kay Palparan ay lalong magpapalakas ng loob ng mga pasistang kriminal sa AFP at susulsol sa kultura ng kawalang pakundangan.

“Ang pagpapawalang-salang ito ay ginawa sa panahong pinatitindi ng rehimeng Marcos ang kampanya nito ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang, mga pagdukot at tortyur laban sa mga unyonista, aktibistang panlipuan, mga organisador ng komunidad, tagapagtanggol sa kalikasan at iba pang progresibong grupo at indibiwal,” aniya.

“Ang mga taktika sa teror na ginamit ni General Palparan noong kumander siya ng iba’t ibang yunit ng AFP, partikular ang taktika ng pagdukot, sikretong detensyon at tortyur, ay parehong mga taktikang ginagamit ngayon ng AFP.”

Sinalubong ng protesta ang pagpapawalang-sala sa labas ng korte ang mga grupo sa karapatang-tao, gayundin ang mga kaanak ng iba pang biktima ni Palparan at ng berdugong AFP. Nagkaroon din ng protesta sa Quezon City sa gabi ng parehong araw.

Piket-dayalogo, inilunsad ng mga magbubukid sa Antipolo City

Oktubre 6, 2023

Nagpiket ang mga magsasaka ng Sityo Nagpatong, Barangay San Jose, Antipolo City kasabay ng pakikipagdayalogo ng mga lider nito sa alkalde ng syudad noong Oktubre 4. Inihapag

nila, sa pamamagitan ng Pagkakaisa at Bukluran ng mga Magsasaka sa Nagpatong Inc, ang kanilang pagtutol sa pangangamkam ng lupa ng pamilyang Gatlabayan sa Sityo Nagpatong.

Matatandaang inilunsad noong Setyembre 18 ng mga magsasaka ang kanilang 1-linggong kampuhan sa sityo para igiit ang kanilang karapatan sa lupa na dalawang dekada na nilang binubungkal.

Inihapag ng samahan ang usapin ng pagtatayo ng tarangkahan ng mga Gatlabayan papasok ng kanilang komunidad kung saan 24 oras itong may bantay na pribadong mga gwardya. Pinipigilan sila ng mga ito na magpasok ng mga materyales, maglabas ng produkto at kanilang malayang pagkilos dito. Giit nila na kagyat nang itigil ang panggigipit, tanggalin ang tarangkahan, at palayasin ang mga gwardya sa lugar.

Ayon sa samahan, ang Sityo Nagpatong ay pinasok ng mga ispekulador sa lupa simula pa 2019. Ang lupa'y pilit inaangkin ng mga Gatlabayan at ng kumpanya sa real estate na LCG Homes kahit may mga pamilyang nagbubungkal at naninirahan dito.

Kakutsaba nila ang Provincial Agrarian Reform Office ng Department of Agrarian (DAR) na nagsabing iginawad ang naturang lupa sa walong benepisyaryo na hindi kailanman tumira o nagsaka sa lugar. Kasalukuyang may nakahain na reklamo ang samahan sa DAR laban sa mga Gatlabayan.

Samantala, ilang dekada na ring ipinaglalaman ng katabing komunidad sa Sityo Sumilang ang kanilang lupa laban kay Sandra Cox ng Rapid City Realty and Development kung saan binakuran na ang kalakhan ng kanilang lupang taniman.

Inarestong drag artist, nakalaya na

Oktubre 7, 2023

Nakalaya ngayong araw ang drag artist na si Pura Luka Vega (Amadeus Fernando Pagente) matapos magpyansa sa mga kasong paglabag sa Cybercrime Prevention Act of 2012 at Article 201 of the Revised Penal Code. Kinasuhan siya matapos ang umano'y pambabastos sa relihiyon sa isa niyang pagtatanghal. Binatikos ng mga grupo ng LGBTQ+ at artista ang hindi makatarungang pag-aresto sa kanya.

Si Pura ay inaresto noong Oktubre 3 sa kanyang bahay sa Santa Cruz, Maynila. Aniya, wala siyang natanggap na subpoena o pagpapatawag mula sa korte para sa kriminal na kasong isinampa sa kanya sa isang korte sa Maynila. Naninindigan siyang walang mali sa kanyang pagtatanghal.

Naniniwala ang grupong LGBTQ+ na Bahaghari na mayroong labis na pag-abuso ng awtoridad sa kaso kontra kay Pura. Naninindigan ito na mayroong karapatan si Pura na malayang ihayag ang kanyang sarili sa pamamagitan ng sining. Dagdag pa ng grupo, mayroong malinaw na “double standard” sa kasong ito dahil ang iba umanong mga personaheng heterosekswal ay

nakapagpapatuloy naman sa kanilang panunuya sa mga simbolo ng relihiyon sa tabing ng “komedya.”

“Binibigyang diin ng kasong ito kung paanong ang batas ay kinakasangkapan at mabilis na ginagamit laluna para parusahan ang mga myembro ng LGBTQ+,” dagdag ng Bahaghari. Idiniin nila ang kanilang paninindigan na hindi krimen ang pagtatanghal ng drag.

Tinuligsa rin ng Concerned Artists of the Philippines (CAP) ang pag-aresto kay Pura.

“Nakikiisa kami kay Pura sa pagpapatampok sa tinig ng komunidad ng LGBTQ+ sa pamamagitan ng artistikong pagtatanghal,” ayon pa sa CAP. Bahagi umano ang naging pagtatanghal ni Pura sa malikhaing pagpapahayag ng kanyang pananaw at paniniwala.

Dahil sa kanyang pagtatanghal, si Pura ay hindi makatarungang idineklarang “persona non grata” sa hindi bababa sa 17 syudad, bayan at prubinsya sa bansa.

Mga upisina ng demokratikong organisasyon sa India, nireyd ng mga pwersa ng estado

Oktubre 7, 2023

Nireyd ng mga operatiba ng National Investigation Agency (NIA) ng gubyerno ng India ang mga upisina ng iba’t ibang demokratiko at maka-mamamayang organisasyon sa Andhra Pradesh at Telangana noong Oktubre 2. Sa ulat ng Forum Against Corporatization And Militarization

(FACAM), hindi bababa sa 12 organisasyon ang inatake ng mga pwersa ng estado.

Kabilang sa mga organisasyong ito ang Coordination of Democratic Rights Organizations (CDRO), Andhra Pradesh Civil Liberties Committee (AP CLC), Chaitanya Mahila Sangam (CMS), Pragatisheela Karmika Samakya (PKS), Patriotic Democratic Movement (PDM), Praja Kala Mandali (PKM), Vasantha Meghum, Virasam (RWA), Indian Association of People's Lawyers (IAPL), Kula Nirmulana Porata Samiti (Struggle Committee for Caste Annihilation; KNPS), Amarula Bandhu Mitrula Sangham (ABMS), Committee for the Release of Political Prisoners (CRPP) at Human Rights Forum (HRF). Ang mga pagsalakay ay may kaugnayan sa sinasabing kaso ng “ugnayan sa mga Maoista” ng naturang mga organisasyon noong 2021.

Inaresto sa reyd ang myembro ng komiteng tagapagpaganap ng PKS sa Andhra Pradesh na si Chandra Narasimhulu. Pinalalabas ng gubyerno ng India na nakuha sa kanya ang 1.3 milyong rupee at isang pistola na mayroong mga bala. Sa ulat ng FACAM, iginiit ng pamilya ng biktima na ang pera ay para sa kasal ng kanyang anak.

“Ang mga organisasyong ito ay matagal nang naninindigan laban sa mga paglabag sa karapatang-tao at panunupil sa demokratikong paggigiit laban sa pandarambong ng mga korporasyon sa hitik-sa-likas na yamang gitnang rehiyon ng India,” ayon sa FACAM.

Sa katunayan, ang CDRO ay isa sa mga nanguna sa isang fact-finding mission sa Sukma District sa estado ng Chhattisgarh noong unang hati ng taon. Inimbestigahan nito ang kalagayan ng mga katutubo at magsasaka sa lugar na naapektuhan ng pambobomba mula sa ere ng mga pwersa ng estado noong Enero at Abril.

Ayon pa sa FACAM, ang mga mga reyd na ito ay bahagi ng padron na isinasagawa sa buong bansa ng India laban sa mga progresibo at demokratikong organisasyon sa alegasyon ng “ugnayan sa mga Maoista.” Malinaw umano na ang mga grupong inaatake ng estado ay ang mga nanininigan laban sa mapangwasak na pagmimina, pandarambong ng mga korporasyon at nagsisiwalat sa mga brutal na paglabag sa karapatang-tao ng mamamayang Indian.

Liban sa naturang mga grupo, nakararanas din ng panggigipit at reyd ang iba pang mga organisasyon sa ibang estado ng India sa mga alegasyong “Chinese Terror Funding.” Anang FACAM, ginagawa ito para supilin at patahimikin ang lahat ng boses ng pagtutol at kritisismo sa gubyrerno ng India.

Sa tala ng FACAM, ang serye ng koordinadong mga reyd ay isinagawa sa 64 na lokasyon sa mga estado ng Jharkhand, Bihar, Uttar Pradesh, Andhra Pradesh at Telangana.

Pribadong gwardya ng nangangamkam ng lupa sa Bulacan, nanutok ng baril

Oktubre 7, 2023

Tinutukan ng mga armadong gwardya ang mga residente sa Purok 2, Barangay Kaybanban, San Jose Del Monte City sa Bulacan kahapon, Oktubre 6 na tumututol sa ginawang pagbabakod sa lupa ng mga magsasaka sa lugar. Kinumpronta ng mga tao ang mga gwardya na nagbabakod sa lupang inaangkin ng isang nagngangalang Evelyn Garcia. Ang naturang lupa ay sa magsasakang sina Tyrone at Carmelita Saguid.

Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), iniulat ng mga magsasaka sa komunidad na 40 gwardya ang dumating bandang alas-7 ng umaga hanggang alas-8 na may dalang mga gamit sa pagbabakod. Nagpakita umano ng permit ang mga gwardya mula sa Office of the City Building Official at nakipagkoordinar rin diumano kay Captain Eriberto Belisano ng Barangay Kaybanban.

Iginiit ng mga magsasaka at pamilya ang karapatan nila sa lupa at sinubukang pigilan ang mga gwardya sa pagbabakod at kinuhaan ng bidyo ang mga ito. Sinindak ng armadong mga maton ang mga magsasaka at inagaw ang selpon ng mga residenteng sina Benjie Jordan at Rogelio Saguid.

Ayon sa mga magsasaka, ang Borough Realty Corporation ay kilalang mangangamkam ng lupa sa Barangay Kaybanban. Noong Setyembre 18 unang napaulat na nagkampo ang mga pribadong gwardya sa lugar.

Ayon sa KMP, nagkakaisa ang mga magsasaka at residente ng Barangay Kaybanban na manatili at ipaglaban ang kanilang lupang sinasaka at

pinaninirahan sa gitna ng walang awat na pambabanta at direktang atake ng mga gwardya.

Labi ng organisador ng kilusang paggawa na pinatay sa Rizal, nabawi na

Oktubre 8, 2023

Nabawi na ng pamilya at mga kasapi ng mga progresibong organisasyon, ang labi ni Jude Thaddeus Fernandez, organisador at lider ng kilusang paggawa, kahapon, Oktubre 7. Mahigit isang linggong tumanggi ang mga pwera ng estado na ibigay sa pamilya ang bangkay. Nabawi ang kanyang labi sa gitna ng mga protesta ng iba't ibang grupo ng manggagawa at kabataan, kabilang ang mga paglalamay na isinagawa sa harap mismo ng punerarya sa Binangongan, Rizal.

Si Fernandez ay pinatay ng mga pulis sa kanyang tinutuluyang bahay sa Binangonan, Rizal noong Setyembre 29. Nireyd ng mga tauhan ng mga pulis, kasama ang CIDG, ang tinutuluyan niyang bahay kung saan siya binaril. Matapos nito ay pinalabas ng mga pulis na “nanlaban” siya habang hinahainan ng mandamyento de aresto. Pero ayon sa nakalap na ulat ng fact finding mission (FFM), dalawang putok lamang ng baril ang narinig ng mga kapitbahay sa araw na iyon. Wala ring anumang palatandaan na may “nanlaban” sa loob ng bahay na siniyasat ng FFM.

Ayon sa KMU, walang mailabas na patunay ang Philippine National Police (PNP) na si Fernandez ang kanilang inaakusahan na nagngangalang

“Oscar Dizon” na siyang pangalan sa arrest warrant na inihain sa pinatay na organisador.

“Hindi mapabulaanan ng PNP ang laksang ebidensya na siya si Jude Thaddeus Fernandez,” ayon sa grupo. Panawagan nila ang pag-aresto at pagtanggali sa pwesto sa lahat ng mga pulis na sangkot sa pagsalakay sa bahay at pagpatay kay Fernandez.

Bagamat nabawi na ang labi ni Fernandez, hindi pa natatapos ang laban. “Katuwang ang kanyang pamilya, maglulunsad tayo ng sariling imbestigasyon para papanagutin ang mga sangkot sa brutal na pagpaslang kay Fernandez,” ayon sa KMU.

Nabawi ang labi ni Fernandez sa araw na ginugunita ng mga manggagawa ang Internasyunal na Araw ng Disenteng Paggawa. Inialay nila ang kanilang mga pagkilos sa araw iyon sa pinaslang na organisador at nangakong ipagpapatuloy ang kanyang simulain.

Sa araw na ito, nagpaabot din ng pagkundera sa pagpaslang kay Fernandez at pakikiisa sa panawagan ng hustisya ang International Trade Union Confederation at iba pang internasyunal na organisasyong manggagawa.

**Mga rebolusyonaryong Pilipino,
suporta sa kumprehensibong
armadong opensiba ng mga Palestino**

Oktubre 8, 2023

Nagpahayag ng suporta ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mapangahas na armadong aksyon na isinagawa ng mamamayang Palestino simula umaga noong Oktubre 7 na gumulantang sa mananakop na Israel at nagtaboy sa kanila sa mga okupadong teritoryo na kanugnog ng Gaza.

Bilang ganti, nagpakawala ang Israel ng malalakas na misayl sa Gaza na direktang tumarget sa mga lugar ng sibilyang populasyon at pumatay ng daan-daan sa loob lamang ng isang araw.

“Kasama ang mga rebolusyonaryong mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, ikinalulugod ng PKP ang balita ng armadong opensiba na inilunsad ng Hamas at ng Izz ad-Din al-Qassam Brigades mula sa syudad ng Gaza,” pahayag ni Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng PKP. “Ang opensibang ito ay nagsasabuhay sa mahigpit na hangarin ng mamamayang Palestino para wakasan ang 75-taong gerang agresyon ng Israel na suportado ng US, ang okupasyon sa mga teritoryong Palestino, kabilang ang nagpapatuloy na pagkubkob sa Gaza, at mga pag-atake sa mga komunidad sa West Bank, kabilang sa East Jerusalem.”

“Ang mamamayang Pilipino at rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas ay nakiisa sa armadong paglaban ng mamamayan ng Palestine,” pahayag ng PKP. “Tulad ng mamamayang Pilipino na nakikibaka para sa tunay na pambansang kalayaan mula sa kamay ng imperyalismong US, kalaban ng mga Palestino ang higitang Israel na inarmanan at kinukutsaba ng US.”

Inilunsad ng Hamas at ng Izz ad-Din al-Qassam Brigades ang tinagurian nilang “Al-Aqsa Flood,” isang kumprehensibong armadong opensiba mula sa lupa, dagat at himpapawid ng mga pwersang Palestino na bumasag sa paghahari ng mga pwersang Israeli sa Gaza at nagpaatras sa mga setler at sundalo sa mga okupadong teritoryo nito. Nagsimula ang opensiba noong madaling-araw sa pamamagitan ng pagpapakawala ng Hamas ng 5,000 misayl na tumarget sa mga base at pwersang militar ng Israel.

Sinabayan ito ng pag-atake ng mga armadong Palestine sa mga pusisyon militar ng Israel na malapit sa Gaza, gayundin sa ilang Israeeling komunidad na itinayo sa okupadong mga teritoyo. Ayon sa mga ulat, nagapi ng mga pwersang Palestino ang mga sundalong Israeli sa hindi bababa sa anim na lugar. Nakabihag din ang mga ito ng puu-puong mga sundalo at mga mananakop o setler na nang-agaw sa kanilang mga lupain na ngayon ay nasa kanilang kustodiya sa loob ng Gaza.

Nagpapatuloy ang mga armadong sagupaan sa 20 larangan sa pangalawang araw. Dahil sa lawak ng atake ng mga pwersang Palestino, iniutos na ng Israel ang pag-atras ng kanilang pwersa mula sa hangganan ng Gaza. Samantala, nagbanta na ang prime minister ng Israel na si Benjamin Netanyahu na “pupulbusin” nito ang Gaza bilang ganti sa opensiba.

“Ang dakilang paglaban ng mga Palestino ay nagbukas ng bagong kabanata para sa pakikipagsagupaan para sa dignidad sa

bukangliwaway ng Oktubre 7, 2023,” deklara ng Masar Badil, ang Palestinian Alternative Revolutionary Path Movement. “(T)inutugunan nito ngayon ang deka-dekada ng walang awat at paulit-ulit na agresyong Zionista (tawag sa ideolohiyang Israeli), Amerikano at Europeoano laban sa masang mamamayan sa mga bansang Arabo at Islamiko.”

Nanawagan ang Masar Badil sa lahat ng mga organisasyon at sa mamamayang Palestino, sa loob at labas ng kanilang bansa, mga alyadong pwersa at kilusang mapagpalaya, mga komite ng pakikiisa saanmang dako sa mundo, na magpahayag ng suporta sa dakilang paglaban ng Palestine.

Nakiisa rin ang Bagong Alyansang Makabayan sa mamamayang Palestino na anito’y ngayon ay umaaklas laban sa 75 taon ng walang tigil na mga paglabag sa karapatang-tao na resulta ng gerang henosidyo at okupasyon.

“Ang kanilang laban sa mapandambong at pumapatay na mga pwersa na malalaking negosyong Zionista, imperyalismong US at okupasyong Israeli ay hindi terorismo kundi akto ng kalayaan,” ayon sa grupo sa pahayag nito noong Oktubre 8. “Ito ay ekspresyon ng karapatan ng mamamayan sa sariling pagpapasya, rebolusyon at pagbabalik ng bawat Palestinong pinalayas sa kanilang bansa mula pa 1948.”

Anito, ang pagpapalaya ng isang bansa mula sa okupasyon ng isang dayuhang pwersa ang unang hakbang para sa independensya at tungo sa isang

makatarungan at matagalang kapayapaan. Nanawagan ito sa mamamayang Pilipino na iwaksi ang mga pekeng balita, pambabaluktot sa kasaysayan at mga kasinungalingang aktibong ipinalalaganap ng maka-Zionista at maka-imperyalistang midya, at sa halip ay pag-aralan nang mabuti ang pakikibaka ng Palestine para sa pambansang paglaya.

Sa ibang bansa, maraming grupo ang nagpaabot ng pakikiisa at nagsagawa ng mga pagkilos para ipakita ang suporta sa mamamayang Palestino. Isa rito ang paghugos sa lansangan ng daan-daan libong mamamayang Yemeni. Nagkaroon din ng mga ispontanyong mga rali sa Turkey at mga pagkilos sa US, Canada at iba't ibang bansa sa Europe na inorganisa ng mga solidarity committee para sa pakikibakang Palestino.

4 na sundalo ng 84th IB, napatay sa engkwentro sa Nueva Ecija

Oktubre 9, 2023

Hindi bababa sa apat na sundalo ng 84th IB ang napatay sa Barangay San Fernando Sur, sa bayan ng Laur, Nueva Ecija noong Oktubre 8 ng hapon nang makasagupa ng mga ito ang isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Nueva Ecija. Marami pa ang nasugatan sa hanay ng pasistang tropa, ayon sa BHB.

Ilang araw nang ginagalugad at sinasalanta ng naturang mga sundalo ang kabundukan at mga sakahan ng mga magsasaka. Iniulat ng mga magsasaka sa lugar ang inihahasik na terorismo

ng nag-ooperasyong militar kabilang na ang sapilitang pagpasok at pagransak sa kanilang mga kubo sa bukid, pagrekisa sa mga gamit, pagbabawal na magbaon ng bigas sa sakahan at matulog doon.

Ayon pa sa ulat, ilang minuto bago ang sagupaan ay nagmartsa ang mga sundalo sa kalsada na nagdulot ng takot at pangamba sa mga sibilyan at turistang dumadayo sa Seminublan Falls sa barangay.

Sa naganap na engkwentro, sinikap ng BHB na ilayo sa kapahamakan ang mga sibilyan sa lugar. Asintado ang kanilang pagpapaputok para tiyakin ang kaligtasan ng mga residente. Dahil naganap ang labanan malapit sa baryo at perimetro ng mga sakahan ng magsasaka, sinikap ng BHB na agad makalayo sa lugar.

Kabaligtaran naman ang ginawa ng 84th IB na walang patumanggang nagpaputok sa iba't ibang direksyon sa loob ng halos isang oras nang walang pagsasaalang-alang sa mga sibilyan. (Ulat mula sa Pulang Silangan)

Organisador ng magsasaka sa Southern Tagalog, nakalaya matapos ang 2 taon

Oktubre 9, 2023

Nakalaya noong Oktubre 6 si Danah Marie Marcellana, istap ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK), matapos makapagpyansa sa gawa-gawang kasong

rebelyon na isinampa sa kanya ng militar. Pinararatangan siya ng militar na imbwelto sa isang insidente noong 2008, noong siya'y 12 anyos pa lamang.

Si Marcellana ay inaresto noong Hulyo 2021 sa Barangay San Diego, San Pablo City, Laguna kasama ang kanyang asawa na si Christian Relao, koordineytor ng Anakpawis Southern Tagalog. Inaalagaan nila ang kanilang noo'y magdadalawang taong gulang na anak nang sila'y arestuhin. Nananatiling nakakulong ang kanyang asawa sa Camp Bagong Diwa, Taguig City.

Ayon sa grupong Free Our Sisters, nagpapasalamat si Marcellana sa lahat ng mga tumulong at nagmalasakit sa kanya para makalaya sa pamamagitan ng pyansa. Ibinahagi ng grupo ang dinanas na panggigipit ng militar kay Marcellana na dahilan para magtagal siya sa piitan. Anang grupo, binago-bago ang kanyang pangalan at pagkakilanlan upang siya'y takutin at pahinain ang kanyang diwa at paninindigan. Sadyang pinatagal ang pagpapalaya sa kanya sa pamamagitan ng pagsasampa sa mga korte sa Catanauan, Quezon ng tatlo pang gawa-gawang kaso.

Sa kabila nito, determinado si Marcellana na ipagpatuloy ang kanyang paghahangad at paglaban para sa hustisya sa pagpaslang ni MGen. Jovito Palparan sa kanyang ina na si Eden Marcellana noong Abril 21, 2003. Kamakailan ay ipinawalang sala ang berdugong si Palparan ng isang korte sa Malolos Bulacan sa mga kasong isinampa ng magkapatid na Raymond at Reynaldo

Manalo para sa kidnapping, ilegal na detensyon at serious physical injury.

Protestang kontra IMF-World bank, inilunsad

Oktubre 9, 2023

Nagprotesta ang mga progresibong organisasyon sa Department of Finance (DoF) sa Maynila ngayong araw para batikusin ang pagbubukas ng taunang pulong ng International Monetary Fund-World Bank (IMF-WB) sa Marrakech, Morocco mula Oktubre 9 hanggang Oktubre 15.

Pinangunahan ang pagkilos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) at International League of Peoples' Struggle sa DoF, na anito'y "satellite" na upisina o pangunahing tagapagpatupad ng mapangwasak na mga patakaran ng IMF-WB sa bansa. Nakiisa sa protesta ang mga grupo ng mga magsasaka, pambansang minorya, manggagawa at iba pang demokratikong sektor.

Ayon sa Bayan ang IMF-WB ay kontra sa kaunlaran at kapayapaan. Giit nito na ang imperyalistang institusyon ang pangunahing may responsibilidad sa malawakang kahirapan sa Pilipinas sa pagpapataw nito ng hindi makatarungan at labis-labis na kundisyon sa pagpapautang.

"Nagreresulta ang mga [patakaran ng IMF-WB] sa napakataas na mga presyo, barat na sahod, pagbubuwig sa unyon, kaltas-pondo sa serbisyong panlipunan, pahirap sa mahirap na pagbubuwis, at

maging pagpapalayas sa mga magsasaka at katutubong mamamayan,” saad ng Bayan.

Susi umano ang papel ng IMF-WB sa pagtakda ng mga patakarang ipinatutupad ng DoF at iba pang mga ahensya ng gubyrerno. Ang mga ahensyang ito umano ang nagtutulak sa kontra-mahirap, kontra-manggagawa, kontra-magsasaka at anti-nasyunal na mga batas kabilang na ang Oil Deregulation Law, TRAIN Law, eVAT, at Rice Liberalization Law. Dagdag pa nila, duguan din ang kamay ng IMF-WB sa pagpopondo nito sa pasismo ng estado laluna ng diktadurang Marcos.

“Matapos ang 78 taon ng pagpapakatuta [sa IMF-WB], panahon na para itakwil ang neoliberal na mga atas na dikta ng IMF-WB at sa halip ay magpatupad ng pag-unlad sa bansa na naka-angkla sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon,” giit ng Bayan.

8th ID, naghasik ng terorismo sa bayan ng Silvino Lobos sa Northern Samar

Oktubre 10, 2023

Hindi bababa sa 10 ang kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang naitala sa mga barangay ng Silvino Lobos, Northern Samar sa unang hati ng 2023. Dahil sa tindi ng militarisasyon at teroristang paninibasib ng 8th ID at mga pulis, kamakailan lamang naiulat ang mga ito. Ang mga kasong ito ay maituturing na krimen sa digma at paglabag sa internasyunal na makataong batas.

Sa isang pahayag na may petsang Abril 22, inulat ng kumand ng BHB sa Northern Samar na binomba at pinaulanan ng bala mula sa himpapawid ng 8th ID ang mga komunidad sa Barangay Senonogan de Tubang, Silvino Lobos, Northern Samar sa buwan na iyon. Limang insidente sa iisang araw ang naitala sa naturang lugar. Kabilang dito ang pagpapakawala ng isang A129 ATAK helikopter ng 8th ID ng siyam hanggang 10 rocket sa bukirin kung saan may tatlong magsasakang nagsasaka bandang alas-4 hanggang alas-5:30 ng hapon. Walong beses din itong nang-istraping. Pagsapit ng alas-7 ng gabi, nagpakawala naman ang mga berdugo ng apat na bala ng 105mm howitser sa direktyon ng nasabing bukirin.

Isinasagawa ng AFP ang pambobomba at iba pang paglabag sa karapatang-tao sa tabing ng “pagpapalibot at paglipol” sa diumanoy natitirang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa lugar.

Noong araw ding iyon, pinaputukan ng nag-ooperasyong mga sundalo ang mga magsasakang sina Abner Sahoyan, Ben Berano at isang di pinangalanan na pawang mga residente ng nasabing baryo. Ninakaw pa ng mga sundalo ang dala-dalang pagkain ni Sahoyan.

Noong Abril 2, ninakaw ng mga tropa ng 19th IB ang limang manok ng mga magsasakang sina Jome at Didi Diaz sa Barangay Senonogan de Tubang. Sinira naman ng mga pasista ang tatlong bahay sa bukid ng mga taga-Barangay Balud na

pagmamay-ari nina Palantoy dela Cruz, Kokoy Berano, at Bebe Diaz.

Noong Marso 16, hinuli ng mga pasistang tropa sina Jhonny Tursido at Dongo Arcebotse sa Barangay Geparayan de Turag. Sa araw ding ito pinaghuhuli ng mga sundalo ang mga magsasakang papunta sa bukirin para mag-ani. Sapilitan silang pinalilista ang kanilang personal na impormasyon sa isang logbook.

Noong Marso 6, sinira ng mga sundalo ang mga bahay sa bukid ng mga magsasakang nagngangalang Along at Totoy, mga taga-Geparayan de Turag. Hindi bababa sa 10 manok nila ang kinatay. Lima pang bahay ang sinira at hinalungkat, kung saan tinapon din ang mga damit, pinggan at kaldero. Ninakaw naman ang solar panel, mga itak at iba pang gamit.

Noong Marso 5, dalawang sakahan sa Senonogan de Tubang na may aanihing palay ang tinapak-tapakan ng nasa 40 nag-ooperasyong sundalo.

Ipinatutupad din sa mga barangay ng Silvino Lobos ang pagkontrol sa paglabas-pasok ng mga tao sa kada baryo. Itinatakda ng mga sundalo kung ilang oras maaaring lumabas at sinumang pumunta sa bukid o lumabas ay kailangang magpa-logbook sa sundalo. Hinuhuli ang mag-aani na wala sa logbook.

Nararanasan din ng mga magsasaka at residente sa mga bayan ng Mapanas, Gamay at Palapag ang katulad na karahasan. Sa kwento ng mga magsasaka, tuwing gabi ay paisa-isang iniikot ng

mga sundalo ang bawat bahay upang bilangin ang lahat ng taong tumutuloy dito. Kung mag-iba ang bilang, papanagutin ang upisyal ng barangay. Iniinspeksyon kahit ang silong ng mga bahay. Tinitiktikan at sikretong pinapakinggan ang usapan ng mga tagabaryo sa kanilang mga bahay. Sa umaga, palibot-libot ang mga sundalo. Pinapalista sa mga tindahan ang lahat ng binibili dito para kanilang mabantayan.

Dalawang kababaihan sa Mindoro, ginahasa ng mga sundalo ng 203rd IBde

Oktubre 10, 2023

Dalawang kababaihan sa Bongabong, Oriental Mindoro ang ginahasa ng mga sundalo ng 203rd IBde at CAFGU noong Agosto, ayon sa ulat ng National Democratic Front (NDF)-Mindoro noong Oktubre 8. Paulit-ulit na sinindak at binayaran ng mga sundalo ng ilampung libong piso ang isa sa biktima para patahimikin siya at ang kanyang pamilya.

Ginahasa si “Rose,” isa sa mga biktima ng mga elemento ng CAFGU matapos makita siya, kasama ang dalawa pang babae, na naliligo sa tulay ng Panluan sa Barangay Hagan, Bongabong noong Agosto 28. Tinatakot at pinipilit ng mga pasista ang biktima at kapamilya ng biktima upang pumayag na ipaareglo na lamang ang kaso.

Si “Ana,” ang pangalawang biktima, ay isang katutubong residente ng Barangay Lisap. Para itago ang krimen at patahimikin siya, pilit

binayaran ng mga pasista ng ₱30,000 ang kanyang pamilya. Liban sa kasong ito, binastos din ng mga sundalo ang iba pang kababaihang katutubo sa isang sayawan sa Sityo Alyanon. Ipinatatawag din nito ang mga kababaihan sa “miting” nang alas-11 ng gabi.

Iniulat din ng NDF-Mindoro ang iba pang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng 203rd IBde at mga pulis sa panahong naglulunsad ito ng operasyong kontra-insurhensya sa mga baryo ng Bongabong.

Kabilang dito ang pagkakampo ng mga laking-platung pwersa ng 203rd IBde at PNP-MIMAROPA sa mga sityo ng Balya, Alyanon, Rimas, Bahayaw at Lawaan ng Barangay Lisap, Bongabong at ang mga sityo ng Cogon Ratag, Albulan at Natub ng Barangay Manoot, Rizal. Patuloy ding nagkakampo ang mga elemento ng AFP-PNP-SAF sa mga barangay hall ng Sta Cruz, Libertad, Carmundo, Tawas at Hagupit ng Bongabong.

Walang galang ding hinihimpilan ng mga ito maging ang mga sagradong lugar ng mga katutubo tulad ng mga libingan. Ang paggamit ng mga sibilyang imprastruktura sa mga layuning militar ay ipinagbabawal sa internasyunal na alituntunin sa digma.

Noong Oktubre 3, binugbog ng mga elemento ng 203rd Brigade ang tatlong Mangyan-Buhid na sina Marson Opig at Layhip Yaman na residente ng Sityo Cogon Ratag at si Suligan Gonzales na taga Sityo Albulan, lahat sa Barangay Manoot, Rizal, Occidental Mindoro. Tumigil lamang ang

pambubugbog sa tatlo nang sinugod at awatin sila ng mga katutubong Buhid. Resulta nito, labis na nanghihina ang tatlong biktima at hanggang ngayon ay hindi pa nakababawi ang kalusugan. Iligal ding hinuli ng mga pasista si Nano Dam-in na taga-sityo Albunan.

Samantala, naiulat sa nagdaang linggo ang pagpapatawag at pagbabanta ng mga elemento ng 76th IB kina Ombeng Gaid at Loida Ribon na taga-Barangay Hagupit at kina Boy Victoriano ng Barangay Tawas, Bongabong. Pinagbabantaan silang ikukulong sa loob ng anim na taon dahil sa umano'y paglabag sa Anti-Terrorism Law matapos silang pagbintangang tumulong sa hukbong bayan noong nakaraang taon.

“Dinaranas ng mga katutubong Mangyan at mamamayan dito ang mahihigpit na mga kundisyong angkop lamang sa batas militar at paulit-ulit na pagyurak sa kanilang karapatan at paglabag sa internasyunal na makataong batas,” ayon kay Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDF-Mindoro.

Aniya, dapat papanagutin si BGen. Randolph Cabangbang, kumander ng 203rd IBde, sa napakahabang listahan ng mga paglabag sa karapatang-tao sa isla.

Hustisya, mailap pa rin sa magsasakang pinatay ng 20th IB sa Northern Samar

Oktubre 10, 2023

Wala pa ring hustisyang nakakamit ang mga kaanak at pamilya ng magsasakang si Jonny Gorpido Albario, 42 anyos, na brual na pinaslang ng berdugong 20th IB noong Oktubre 10, 2022 sa Barangay San Miguel, Las Navas, Northern Samar. Matapos barilin, si Albario ay dalawang beses pang sinaksak ng mga sundalo—isa direktso sa puso at isa sa ilalim ng kaliwang bahagi ng kanyang dibdib.

Ayon sa nakalap na ulat, bandang alas-10 ng umaga noong araw na iyon, pinalibutan ng isang pangkat ng mga sundalong nagsasagawa ng Retooled Community Support Program (RCSP) ang kanyang bahay para ipailalim siya sa interogasyon. Pawang armado ngunit hindi nakauniporme ang mga sundalo at walang dalang kahit anong papeles para pasukin at halughugin ang bahay ni Albario at arestuhin siya. Wala ring kaso o reklamong nakahain laban sa kanya.

Dahil sa takot na matortyur at patayin ng mga pasistang sundalo, napilitan siyang depensahan ang sarili at magpapatok ng baril. Ginantihan ito ng pagpapaulan ng bala ng mga sundalo. Nasugatan sa pamamaril si Albario pero sa halip na lapatan ng paunang-lunas ay dalawang beses siyang sinaksak hanggang mamatay.

Sa araw ding iyon, iligal na hinuli si Gunay Rosco Albario, 53 anyos, isang magsasakang nagkataong humihingi lamang ng ulam nang sumalakay ang mga sundalo. Binugbog siya, ginapos ang kamay at paa at binilad sa araw na nagpalala sa kanyang altapresyon.

Itinanggi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Samar na pawang kasapi nila ang dalawang sibilyan. Anang yunit, nang dumating ang mga sundalo sa baryo sa panahong iyon ay agad nitong pinagbintangang mga kasapi ng BHB ang lahat ng magsasakang hindi magpapailalim sa interogasyon.

Galit ang mga magsasaka sa estilong ito ng militar dahil nadala na sila sa mga karanasan at kwento ng mga nagpapa-“clear” sa kaaway pero pinag-iinitan pa rin. Paulit-ulit silang pinapatawag, pinipigaan ng impormasyon at sapilitang pinapaamin sa mga bintang ng mga sundalo.

Karapatan ng mga mag-aalimango at mangingisda, iginiit sa konsultasyon

Oktubre 10, 2023

Humarap sa dalawang magkasunod na konsultasyon sa mga ahensya ng guberno ang mga mag-aalimango at mangingisda sa Gubat, Sorsogon noong Oktubre 5 para igiit ang kanilang karapatan sa kabuhayan at ipahayag ang pagtutol sa pahirap na Fisheries Administrative Order (FAO) 264 at planong pagtatayo ng coastal road. Kinumpronta ng Save Gubat Bay Movement (SGBM) ang mga kinatawan ng guberno na matagal nang nagbibingi-bingihan sa kanilang hinaing.

Katuwang ng SGBM sa mga konsultasyon ang iba pang samahan tulad ng Cota na Dako Crablet Workers (COTAW), Samahan Alay sa Kalikasan Cooperative (SAAKCO), Kumunidad ng mga

Lumalaban na mga Aping parapadagat ng Gubat (KULAG), at Sorsogon KingCrab Raisers Association Inc. (SKRA).

Unang hinarap ng mga grupo noong umaga ng Oktubre 5 sa Fish Port sa tabing dagat ng Cota na Daco ang Philippine Coast Guard (PCG) upang talakayin ang FAO-264. Binatikos nila ang patakarang ito na nagpapanggap na nangangalaga sa mga alimango ngunit pahirap sa mga mag-aalimango at hindi dumaan sa konsultasyon.

Ibinunyag ng grupo ang mga lihim ng FAO 264, na nagpapakita kung paano inuuna ng BFAR ang bulok na crab hatchery project na isinusulong ng mga pulitiko para sa personal na kapakinabangan. Hindi maipaliwanag ng maayos ng mga kinatawan ng PCG, BFAR, at Munisipal Agriculture Office (MAO) ang mga isyu na inilahad ng mga organisasyon.

Sa hapon, hinarap ng mga mangingisda at residente ang Department of Public Works and Highways District II (DPWH-2). Sa konsultasyon, ipinahayag nila ang matibay na pagtutol sa kontra-kabuhayan at kontra-kalikasan na mga proyektong drainage at road widening sa mga baranggay ng Balud at Cota. Samantala, iniulat ng SGBM na inianunsyo ng ahensya na hindi na maglalagay ng bagong kalsada patungo sa mga baybayin ng mga Barangay Balud, Cota, at Cogon.

Sa kabila ng anunsyo, duda si Ernie Gallardo, pangulo ng COTAW, dahil maraming beses na umano silang niloloko ng DPWH sa mga nakaraang konsultasyon kaya't hindi na sila

naniniwala sa mga mapanlinlang na mga pahayag na walang dokumentong ipinakikita sa publiko.

Nanindigan naman sila na patuloy na magbabantay ang mga grupo at ang Save Gubat Bay Movement upang tiyakin ang kapakanan ng mga mangingisda at ng kapaligiran.

CIF, inilipat sa pinakamasasahol na ahensya sa seguridad

Oktubre 11, 2023

Inilipat na ng Mababang Kapulungan ng Kongreso ang confidential at intelligence funds o CIF ng limang kagawaran ng estado matapos itong malawakang batikusin ng maraming sektor nitong nagdaang mga linggo. Gayunpaman, imbes na ilaan ito sa mga kagawarang nagbibigay ng batayang serbisyo, idinagdag ang pondo sa mga ahensya sa seguridad na pinakabantog sa ekstra-hudisyal na pagpatay, iligal na pang-aaresto at detensyon at iba pang malalalang paglabag sa karapatang-tao.

Tinanggal ng “maliit na komite” ng Kongreso ang mga CIF ni Sara Duterte bilang bise-presidente at kalihim ng Department of Education na nagkakahalaga ng ₱650 milyon. Tinanggal din nito ang mga CIF ng Department of Agriculture na pinamumunuan ni Ferdinand Marcos at ng Department of Information and Communications Technology at Department of Foreign Affairs na nagkakahalaga naman ng ₱400 milyon.

Idinagdag sa CIF ng National Intelligence Coordinating Agency (NICA) ang ₱300 milyon habang ₱100 milyon ang idinagdag sa CIF ng National Security Council (NSC) na may pakana ng madudugong kampanya ng paunupil laban sa mga progresibong indibidwal at organisasyon, gayundin sa milyun-milyong sibilian sa kanayunan sa ngalan ng kontra-insurhensya. Ang NICA ay pinamumunuan ng dating pulis na si Ricardo de Leon habang nagsisilbing National Security Adviser ang retiradong heneral na si Eduardo Año. Ang iba pang pondo ay inilipat sa Philippine Coast Guard (₱200 milyon) at Department of Transportation (₱318.8 milyon.)

“Dapat sa rice procurement, ospital o SUCs (state univeristy and colleges) na lang ibinigay ang dagdag kesa sa NICA at NSC at direkta pa itong pakikinabangan ng mamamayan at di magagamit para supilin ang kanilang karapatan,” batikos ni Deputy Minority Speaker at ACT Rep. France Castro. Aniya, tiba-tiba ang NICA sa ginawang realignment lalupa’t ₱1 milyon lamang ang CIF nito sa panahon ng nagdaang mga rehimen. Para sa 2023, sumirit ito tungong ₱127.413 milyon. Samantala, dumoble ang CIF ng NSC mula ₱120 milyon tungong ₱220 milyon.

“Ang record-breaking na pagtaas ng mga CIF ng dalawang ahensyang ito ay hindi magandang pangitain para sa kalagayan ng karapatang-tao sa bansa na dumaranas na ang mga aktibista ng papatinding panggigipit, pagdukot at pamamaslang sa nagdaang mga buwan,” aniya.

Parehong mayor na mga ahensya ang NICA at NSC sa pasistang NTF-Elac. Nabunyag kamakailan lamang ang mga krimen ng mga ahensyang ito nang ibinunyag ng dalawang makakalikasang aktibista na sina Jonila Castro at Jhed Tamano na dinukot, sikretong ikinulong at pinagbantaan sila ng naturang mga ahensya.

Kasabay nito, binatikos ni Rep. Castro ang patuloy pagkakait sa mga kagawaran ng kalusugan at edukasyon, gayundin sa ahensya ng pagkain, ng kinakailangang pondo.

Tangkang pagmasaker at panggigipit ng 9th IB, naiulat sa Camarines Norte

Oktubre 11, 2023

Iniulat kamakailan ang serye ng sunud-sunod na harasment, intimidasyon at tangkang masaker sa masa ng Camarines Norte sa nagdaang tatlong buwan. Biktima ng karahasang militar ang mga residente at sibilyang populasyon sa mga barangay sa bayan ng Labo at Jose Panganiban sa Camarines Norte.

Noong Setyembre 27, isang grupo ng mga katutubo ang tinangkang imasaker ng mga sundalo ng berdugong 9th IB sa Sityo Mapatong, Barangay Malaya sa bayan ng Labo. Matapos nito, isang katribu nila ang hinuli at ikinulong ng mga sundalo.

Dalawang residente naman ng Barangay Canapawan ang dalawang beses pinuntuhan ng mga ahenteng militar noong Oktubre 5. Paulit-ulit

silang sinindak at pinilit na maging aset ng militar. Ganito rin ang ginawa sa isang residente sa Barangay Silang 2 noong Setyembre 24. Ginipit din ng mga sundalo ang isang magsasaka sa Barangay Canawapan noong Agosto 11.

Sa bayan ng Jose Panganiban, isang magsasaka na residente ng Barangay Dahican ang pinuntahan ng anim na ahenteng militar noong Setyembre 17. Isinailalim ang biktima sa interogasyon at pananakot mula alas-3 ng hapon hanggang alas-6 ng hapon.

Isang mangingisdang residente ng Sityo Tabadyak, Barangay San Jose ang “binisita” para gipitin ng dalawang ahenteng militar noong Setyembre 22. Dinala nila ang biktima sa kampo, iginapos doon at isinailalim sa matinding interogasyon.

Kanak ng 2 aktibistang dinukot sa Nueva Ecija, nanawagan ng tulong

Oktubre 12, 2023

Nanawagan ng tulong sa publiko ang mga kapamilya nina Norman Ortiz at Lee Sudario, kasama ang grupong Karapatan, para sa kanilang paghahanap sa dalawang aktibista na dinukot ng mga ahenteng militar.

Ang mga aktibistang sina Sudario at Ortiz ay dinukot ng tinatayang 10 armadong pwersa ng estado noong Setyembre 29 sa Barangay Bantud, Gabaldon, Nueva Ecija. Ayon sa salaysay ng mga saksi, sapilitang isinakay ang mga biktima ng mga

taong naka-unipormeng fatigue sa isang puting van sa pagitan ng ala-1 at alas-2 ng madaling araw. Nagtangka tumakas ang isa sa mga biktima ngunit nadakip siya at kinaladkad sa van.

Sa imbestigasyon ng mga kaanak sa naturang lugar, nakausap nila ang ilang residente at sinabing nagulat sila sa biglang pagtahol ng mga aso at sa presensya ng mga sasakyan sa kanilang liblib na komunidad.

Lumapit ang mga kamag-anak sa pulis pero itinuro lamang sila sa ibang mga upisina kung saan doon daw dapat magpa-blotter. Kasunod nito, nagpunta rin sila sa hedwarters ng militar. Tumanggi ang mga pulis at militar na pumirma sa dala nilang Desaparecidos Form na magpapatunay na wala sa kustodiya nila ang mga biktima.

Dumulog na rin sila sa tanggapan ng Commission on Human Rights (CHR) noong Oktubre 10.

Ayon sa Karapatan-Central Luzon, si Sudario ay malaon nang binansagang “terorista” ng National Task Force-Elcac at 91st IB at mayroong “patong sa ulo” o pabuya sa makapagtuturo sa kanya. Sinampahan din siya ng patung-patong na gawagawang kaso at pinararatangang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

“Sana gaya ng kina Jhed at Jonila, ilabas din (nila) si kuya. Nag-aalala kami baka pinahihirapan siya, nag-aalala kami kung ligtas siya, kung buhay pa ba siya...,” pahayag ni Nica Ortiz, nakababatang kapatid ni Norman. Isinalaysay ng mga kapatid ni

Ortiz na malaon na silang nakararanas ng panghahas mula sa mga ahente ng estado.

“Maliwanag sa Geneva Conventions ng 1949 at mga kaakibat nitong Protocols, sa sariling batas ng bansa na Philippine Act on Crimes Against International Humanitarian Law, at kahit sa Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL, ang obligasyon ng estado,” pahayag ni Boy Cadano, tagapagsalita ng Karapatan Central Luzon. Giit nila, kasama ng pamilya, na kagyat na ilitaw at palayain ang dalawa.

Mga residente sa Bacolod City, tutol sa reklamasyon

Oktubre 12, 2023

Inihayag ng mga residente ng Barangay Pahanocoy, Bacolod City, Negros Occidental noong Oktubre 9 ang kanilang pagtutol sa 700-ektaryang proyektong reklamasyong nakatakdang isagawa sa baybayin ng kanilang barangay. Pinangunahan ng Pahanocoy Anti-Reclamation Movement (PARM), lokal na tsapter ng Bacolod Against Reclamation Movement, ang nagkakaisang pagtutol sa reklamasyong itinutulak ni Engr. Andres Taculod.

Giit ng mga residente ang kagyat na pagpapatigil sa mapanirang reklamasyon. Ayon kay Jimmy Fuentespina, tagapangulo ng PARM, labis silang nangangamba sa mga epekto ng proyekto sa kanilang mga bahay. Malaki rin ang pangangamba

nila sisirain nito ang mahahalagang bakawanan, patubig ng barangay, at uubos ng mga likas na rekurso sa dagat.

Naniniwala ang mga residente na may kaugnayan sa reklamasyon ang malubhang pagbaha sa komunidad noong Hulyo 25 at Agosto 28-29 kasabay ng malalakas na pag-ulan at bagyo. Samantala, iniulat na ng 12 pamilya ang pagbagsak ng kanilang kita at pagtumul sa kanilang kabuhayan na nakasalalay sa dagat at baybayin.

Binatikos din ng grupo ang sinasabi nitong kawalan ng ligal na rekisito ng reklamasyon. Anito, walang karampatang permit ang proyekto mula sa ilang ahensya ng gubyerno kaya dapat na itong ipatigil.

Pagpapaulan ng bala ng 62nd IB sa Negros Occidental, kinundena

Oktubre 12, 2023

Kinundena ng September 21 Movement-South Negros, isang grupo nagtataguyod sa karapatang-tao, ang walang patumanggang pamamaril ng mga sundalo ng 62nd IB sa Sityo Kapaklan, Barangay Santol, Binalbagan, Negros Occidental noong Oktubre 6, bandang ala-1 ng madaling araw. Ang pamamaril ay naganap malapit sa bahay ng isang residente sa lugar. Pinasinungalingan ng grupo ang sinabi ng 62nd IB na may naganap na engkwentro sa barangay.

Sa ulat ng grupo, pinasok ng mga sundalo ang bahay ni Telma dela Cruz at hinanap ang kanyang 40-anyos na anak na si Dante. Nang hindi makita si Dante, pinagbabaril ng mga berdugo ang tubuhan ng pamilya. Hindi pa nasiyahan, pinondohan o hindi umalis ang mga sundalo sa bahay ng pamilya. Nagdulot ito ng labis na pangamba sa mga residente na nag-ulat sa mga lokal na opisyal ng barangay.

Pinalalabas ng 62nd IB na tumagal ang “engkwentro” ng 5-minuto at nakumpiska nila ang dalawang matataas na kalibre ng armas, mga granada, bakpak at iba pang kagamitang militar.

Bago ang pamamaril, si Dante ay dinakip ng 62nd IB at idinetine sa detatsment nang walang kahit anong kaso laban sa kanya noong Oktubre 3. Pinakawalan siya ilang oras matapos ang pagkukulong. Ayon sa grupo, hindi ito ang unang beses na ganitong mga tipo ng pang-aabuso ng 62nd IB.

Nanawagan ang grupo ng imbestigahan ang mga kasong ito at papanagutin ang mga sangkot sa krimen. Samantala, naglabas ng pahayag ang Bagong Hukbong Bayan (BHB)-South Central Negros na naglinaw na walang yunit ng hukbong bayan na nakasagupa ng 62nd IB sa araw na iyon.

Beteranong organisador ng manggagawa, pinarangalan

Oktubre 13, 2023

Inilunsad ng mga demokratiko at progresibong organisasyon ang tatlong araw na parangal para kay Jude Thaddeus Fernandez, beteranong organisador ng Kilusang Mayo Uno (KMU), sa University of the Philippines (UP)-Diliman noong Oktubre 10 hanggang Oktubre 12.

Nagsimula ang parangal kay Ka Jude sa pagsalubong ng mga organisasyon sa kanyang labi noong Oktubre 10 upang ihatid sa Church of the Risen Lord kung saan siya ibinurol. Nagtirik ng kandila ang mga kabataan at kalahok sa pagdating ng kanyang labi sa pamantasan.

Ang tatlong araw na pagpaparangal ay nagtapos sa isang gabi ng pagtitipon noong Oktubre 12. Naghandog ang mga organisasyon ng mga pangkulturang pagtatanghal at talumpati ng pagpupugay. Dumalo ang mga organisasyon at personaheng nakatuwang ni Ka Jude sa ilang dekada ng pakikibaka para sa masang anakpawis.

Ipinaabot ng mga maralitang tagalunsod, mga migrante, manggagawa, kababaihan, kabataan, mga taong simbahan at iba pang sektor ang kanilang pagkilala kay Ka Jude.

“Lipos ng militansya tayong nangagtitipon ngayong araw upang sariwain ang ating mga karanasan kasama si Ka Jude, ang mga aral na kanyang ibinahagi sa atin, at ang pamana ng kabang-yaman na pagsisimulan natin sa ating ibayong pagsulong. At para sa lahat ng ito, taos-puso tayong nagpapasalamat kay Ka Jude,” pagpaparangal ng KMU.

Inilahad ng organisasyon ang naging kasaysayan ng pakikibaka ni Ka Jude mula nang maging mag-aaral ng Agricultural Chemistry sa University of the Philippines Los Baños at kasapi at lider ng UP Student Catholic Action.

Anila, namulat si Ka Jude sa panahon ng pampulitikang ligalig at panunupil noong dekada '70 sa ilalim ng diktaduryang Marcos Sr kung kailan niya pinangunahan ang pagbubuo sa Buklod Lakas ng Mag-aaral. Pinamunuan ng grupo ang kampanya para sa pagbabalik ng demokratikong sangguniang mag-aaral, ng malayang mga pahayagang pangkampus, representasyon ng mga mag-aaral sa UP Board of Regents at pagbabalik ng Philippine History and Institution sa kurikulum.

Paglabas ng pamantasan, sumanib siya sa pakikibaka ng uring manggagawa. Anang KMU, nagsimula ang deka-dekadang karanasan ni Ka Jude sa unyonismo sa Franklin Baker sa San Pablo City—ang kauna-unahang unyon sa Laguna sa gitna ng lagim ng diktadura.

Naging susi din ang kanyang papel sa pagtatatag ng Alyansa ng mga Manggagawa sa Probinsya ng Laguna (ALMAPILA), Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan (PAMANTIK-KMU) at Organized Labor Association in Line Industries and Agriculture (OLALIA). Kasunod nito, nagsilbi rin umano si Ka Jude sa mga manggagawa ng Central Luzon. Sa nagdaang mga taon, naging katuwang din si Ka Jude ng KMU sa pagbabalangkas ng mga plano at programa nito para sa isinagawang kongreso at

pagpapanibagong lakas ng pakikibakang manggagawa.

Sa pagtatapos ng parangal, ipinanata ng mga manggagawa at ibang sektor ang pagkakamit ng hustisya para kay Ka Jude at ang pagpapatuloy ng kanyang pakikibaka. Si Ka Jude ay pinatay ng mga pwera ng estado sa tinutuluyang bahay sa Binanongan, Rizal noong Setyembre 29 sa akusasyong “nanlaban.”

Duterte, balak kasuhan sa pambabanta laban kay Rep. Castro

Oktubre 13, 2023

Nagkakaisa ang mga grupong progresibo at abugado na dapat kasuhan ang dating presidente na si Rodrigo Duterte sa kanyang tahasang pambabanta sa buhay ni Deputy Minority Leader at ACT Rep. France Castro.

Ginawa ni Duterte ang pambabanta sa isang panayam sa kanya sa telebisyon noong Oktubre 11. Ikinagalit niya ang pang-uusisa at pagkontra ni Representative Castro at ng bloke ng Makabayan sa confidential at intelligence funds ng kanyang anak na si Sara Duterte. Sinabi si Castro ang target ng CIF at direkta niyang sinabing gusto niyang patayin ang kongresista.

Itinuring ng ACT ang pahayag na ito bilang seryosong banta sa buhay ni Castro.

“Ang mga pahayag ni Rodrigo Duterte, na dati nang pasista at berdugo, ay nakasusuklam,” pahayag ng pinuno ng ACT na si Vladimir Quetua.

“Malinaw na direktang banta ito sa buhay ni Castro at mga progresibong grupo at indibidwal na nakikibaka lamang para sa lehitimong mga usapin at karapatan ng mamamayan.”

“Dapat kasuhan si Rodrigo Duterte sa kanyang direktang pambabahnta laban kay Rep. France Castro,” pahayag ni Atty. Kristi Conti ng NUPL-National Capital Region. “May kakayahan siya at handa siyang ipatupad ang mga bantang ito.”

Bago nito, tinanggal ng isang komite sa Kongreso ang CIF na nakalaan sa nakababatang Duterte bilang bise-presidente at kalihim ng Department of Education. Ito ay matapos ang walang awat na pagbubunyag at pagtutol dito ng blokeng Makabayan at iba’t ibang mga grupo.

Hustisya para kay Jennifer Laude, patuloy na ipinananawagan

Oktubre 13, 2023

Nagrali ang mga grupo ng LGBTQ+ at kabataan sa Baguio City at Quezon City noong Oktubre 11 para muling ipanawagan ang hustisya para kay Jennifer Laude. Siyam na taon na mula nang paslangin si Laude ngunit wala pa ring nakakamit na makabuluhang hustisya ang pamilya ng biktima. Pinangunahan ang pagkilos ng grupong Bahaghari.

Si Laude ay pinaslang ng tauhan ng US Marine na si Joseph Scott Pemberton sa Olongapo City noong Oktubre 11, 2014. Si Pemberton ay nasa Pilipinas noon bilang kalahok sa isang war game na

inilunsad sa ilalim ng Visiting Forces Agreement sa pagitan ng Pilipinas at US.

Kahit nahatulan si Pemberton sa pinababang kaso na “homicide,” hindi siya nakulong sa Pilipinas o naipailalim man lamang sa kustodiya ng guberno ng Pilipinas. Ito ay dahil alinsunod sa VFA, ang US ang pangunahing awtoridad na magtatakda sa kanyang pagkakabilanggo, kahit pa nahatulan siya ng korteng Pilipino. Mas malala, noong 2020, pinagkalooban ng dating rehimeng Duterte ng “absolute pardon” ang kriminal na si Pemberton at nakabalik sa US.

Bilang panawagan ng hustisya, nagtirik ng kandila ang mga estudyante ng University of the Philippines sa kanilang kampus sa Diliman at Baguio. Giit nila, dapat alalahanin si Laude, tutulan ang panghihimasok ng US sa Pilipinas at kagyat na ibasura ang VFA at Enhanced Defense Cooperation Agreement na yumuyurak sa soberanya ng bansa.

Ayon sa mga grupo, ang kaso ni Laude ay salamin ng laganap na kultura ng karahasan laban sa mga myembro ng LGBTQ+. Nag-alay sila ng mga talumpati at pangkulturang pagtatanghal para gunitain ang buhay ni Laude. Nangako silang ipagpapatuloy ang mga pagsisikap para kamtin ang hustisya sa lahat ng biktima ng karahasang nakabatay sa kasarian.

Mga manggagawang pangkalusugan, nagprotesta para sa benepisyo at badyet

Oktubre 13, 2023

Muling nagkasa ng protesta ang mga manggagawang pangkalusugan noong Oktubre 10 sa tapat ng Jose R. Reyes Memorial Medical Center (JRRMMC) sa Avenida Rizal sa Maynila para igiit ang dagdag-sweldo, agarang pagbibigay ng mga benepisyo at mas malaking badyet para sa sektor ng kalusugan. Nagtipun-tipon sa protesta ang mga kasapi ng Alliance of Health Workers (AHW) mula sa JRRMMC, San Lazaro Hospital at Dr. Jose Fabella Memorial Hospital.

Ipinanawagan nila ang pagbabalik ng ₱10 bilyon na kinaltas sa badyet ng Department of Health, ₱1.7 bilyong kinaltas sa mga ospital na may espesyalisasyon at ₱2 bilyong kinaltas sa Philippine General Hospital (PGH). Iginiit din ng AHW ang ₱33,000 entry salary para sa mga manggagawang pangkalusugan sa pribado at pampublikong ospital.

Sa isang hiwalay na pahayag noong Oktubre 11, ikinalugod ng mga manggagawang pangkalusugan ang paunang tagumpay ng pagbibigay ng dagdag badyet para sa kalusugan na ₱43.9 bilyon. Sang-ayon ang paglilipat ng badyet na ito sa inilabas na amyenda ng House of Representatives sa panukalang pambansang badyet.

Ang badyet na idinagdag ay mapupunta partikular sa Medical Assistance to Indigent Patients (MAIP),

mga legacy and specialty hospital, pagtulong sa may kanser, programa kaugnay ng nakahahawang mga sakit at pagpapaunlad sa mga pasilidad sa kalusugan. Makakukuha rin ng dagdag na ₱1 bilyon ang PGH, ayon sa AHW.

Giit ni Robert Mendoza, pambansang pangulo ng AHW, napatunayan nito na may maibubungang maganda ang kanilang sama-samang pagkilos at paggigiit para sa badyet sa kalusugan. Gayunman, kailangan pang palakasin ang kanilang pagsisikap para magkaroon ng makabuluhang dagdag sa badyet, aniya.

Ikinalugod din ng mga manggagawang pangkalusugan na ang badyet ay nagmula sa confidential at intelligence funds ng mga sibilyang ahensya ng gubyerno kabilang na ang sa upisina ng bise presidente at Department of Education na hawak ni Sara Duterte.

Sa kabila nito, binigyang diin ni Mendoza na “mahigpit silang nananawagan sa mga mambabatas na ilaan na lamang ang [iba pang] confidential at intelligence fund para sa pampublikong ospital at pasilidad, at iba pang serbisyong panlipunan.” Kaugnay ito ng paglilipat ng naturang pondo sa mga upisina sa seguridad at paniktik ng gubyerno, na pawang hindi pa rin matutuos dahil sa katangian nitong “confidential” o sikreto.

Mga obispo sa Mindanao, nananawagang ikansela ang permit sa pagmimina sa Tampakan

Oktubre 13, 2023

Apat na obispo sa Mindanao ang nanawagan para sa lubusang pagbabasura sa kasunduang nagpapahintulot sa Sagittarius Mines Incorporated (SMI) na minahin ang Tampakan copper-gold site sa Tampakan, South Cotabato. Isinumite ng mga obispo ang kanilang apela sa Presidential Action Center noong Oktubre 11. Isusumite rin nila ito sa Department of Environment and Natural Resources (DENR).

Pumirma sa apela sina Bishop Cerilo Casicas, Diocese ng Marbel; Archbishop Angelito Lampon, Archdiocese ng Cotabato; Bishop Jose Colin Bagaforo, Diocese ng Kidapawan; at Bishop Guillermo Afable, Diocese ng Digos. Kinakatawan nila ang mga bayan at komunidad na apektado ng naturang proyekto.

Anila, ang ipinagkaloob ng Mines and Geosciences Bureau ng DENR na 12-taon ekstensyon sa Financial or Technical Assistance Agreement (FTAA) ng kumpanya ay labag sa konstitusyon at dapat bawiin. Ang naturang pagpapalawig ay inaprubahan ng MGB noong 2016.

Katuwang ang mga abugado mula sa Legal Rights and Natural Resources Center, iginiit ng mga obispo na wala sa katayuan ang MGB na mag-apruba ng pagpapalawig, lalupa't napakalawak ng pinsalang idudulot ng proyekto sa mga lugar na

kritikal sa kalikasan. Anila, dapat dumaan muli sa proseso ng konsultasyon, pagtatasa sa epekto sa kalikasan at iba pang regulasyon bago ito binigyan ng panibagong permit.

Sa kasalukuyan, nananatili ang resolusyon ng lokal na gubyrerno sa South Cotabato laban sa open pit mining, ang paraan ng pagmimina ng SMI. Patuloy ding tinututulan ng maraming residente laluna sa Marbel ang proyekto.

Saklaw ng FTAA ng SMI ang apat na munisipalidad at siyam na barangay at may lawak na 10,000 ektarya. Inianunsyo ng kumpanya noong Abril na magsisimula ang pagmimina nito sa lugar sa 2026.

Mga raling suporta sa pakikibaka ng Palestine, inilunsad

Oktubre 13, 2023

Naglunsad ng magkahiwalay na pagkilos ang mga pambansa-demokratikong grupo at mga residente ng Marawi City bilang pakikiisa sa pakikibaka ng mamamayang Palestino. Ito ay matapos sumiklab ang panibagong paglaban ng mamamayang Palestino mula Oktubre 7 nang inilunsad ng grupong Hamas ang mga armadong opensiba na tinawag nitong “Operation Al Aqsa Flood” sa hangaring kamtin ang kalayaan ng Palestine mula sa pananakop ng Israel.

Sa Quezon City, nagtipon sa Boy Scout Circle noong Oktubre 11 ang mga grupong pambansa-demokratiko para ipakita ang kanilang suporta sa

pakikibakang Palestino laban sa imperyalistang US at Zionistang Israel. Panawagan nila ang kagyat na pagtatapos sa marahas na okupasyon ng Israel sa mga teritoryo ng Palestine at pag-atras ng US sa suportang militar at pulitikal ng teroristang estado ng Israel.

Dala nila ang panawagang “From the river to the sea, Palestine will be free” (Mula ilog hanggang dagat, lalaya ang Palestine) na pumapatungkol sa pagbawi at pagdudugtong ng malaking tipak ng teritoryong Palestino sa pagitan ng West Bank at Gaza na iligal na inagaw at marahas na sinasakop ng Israel.

Sa pamamagitan ng mga armadong opensiba, napaatras ng mga Palestino ang mga sundalong Israeli na sumasakop sa mga teritoryong Palestino na dikit sa Gaza Strip. Ginantihan ito ng Israel ng walang pakundangang pambobomba mula sa ere na tumarget sa mga bahay ng mga sibilyan, eskwelahan, ospital at iba pang sibilyang imprastruktura sa Gaza. Nagbunga ang panibagong pang-aatakeng ito ng Israel sa pagkamatay ng mahigit 1,500 nang Palestino at pagdurusa ng milyun-milyon pa.

Sa Marawi City, mahigit 100 residente ang nagmartsa sa syudad noong Oktubre 10 para ipanawagan ang pagtigil ng mga pambobomba ng Israel sa Gaza. Dala ng mga watawat ng Palestine, kinundena rin nila ang walang tigil na pananalakay ng Israel sa moskeng Al Aqsa, isang banal na lugar ng kanilang pananampalataya sa Jerusalem.

Ayon kay Drieza Linindig, isang lider Maranao, nang makita ng mga taga-Marawi sa telebisyon ang pambobomba ng Israel sa Gaza City, naalala nila ang pambobomba ng AFP sa kanilang syudad noong 2017. Naaalala rin nila ang kawalang respeto ng mga sundalo na sumalakay sa Grand Mosque sa loob ng syudad.

“Ramdam namin ang galit ng mamamayang Palestino sa paglapastangan (ng Israel) sa moske sa Al-Aqsa at ang kanilang pagdurusa habang binobomba ang kanilang mga bahay,” aniya.

Pinangunahan naman ng International League of Peoples’ Struggle (ILPS) ang mga pagkilos sa iba’t ibang bansa. Tugon ito sa panawagan ng internasyunal na pamunuan ng alyansa na suportahan ang makatarungang pakikibaka ng Palestine.

“Hindi matatapos ang gera at di makakamit ang makabuluhang kapayapaan kung hindi tutugunan ang ugat ng kolonyalismo at pang-aapi (ng Israel),” pahayag ni Len Cooper, tagapangulo ng ILPS. “Sa pamamagitan lamang ng nagkakaisa at mas matinding paglaban ng mga Palestino at pakikiisa ng lahat ng inaaping mamamayan ang makapipigil sa panibagong serye ng imperyalista at Zionistang agresyon.”

Nagkaroon ng mga demonstrasyon ng pakikiisa ang mga organisasyong kaanib ng ILPS sa Canada, US, Africa, West Asia at mga bansa sa Europe.

Sa iba't ibang bahagi ng mundo, dumarami ang mga mamamayang kumikilos para ipakita ang kanilang pagsuporta sa Palestine. Malalaking demonstrasyon ang isinagawa sa Turkey, Yemen, Jordan, ibang bansa sa Middle East at sa Paris, France at ibang syudad sa Europe. Ang mga ito ay inorganisa ng mga komite ng pagsuporta at mga migranteng Palestino na nakakalat ngayon sa buong mundo.

Guatemala, niyayanig ng malalaking protesta

Oktubre 14, 2023

Sunud-sunod na malalaking protesta ang inilunsad ng mamamayan sa Guatemala simula Oktubre 2 laban sa tangka ng naghaharing pangkatin na pigilan ang pag-upo ni Bernardo Arévalo bilang presidente matapos siya manalo sa eleksyon noong Agosto.

Nakatakdang umupo sa pwesto sa Enero 2024 si Arevalo, isang dating guro na tumakbo sa plataporma ng paglaban sa korapsyon. Pinipigilan ito ng tinaguriang “maka-Kanang” seksyon ng naghaharing uri ng Guatemala sa pamamagitan ng pagsasampa ng gawa-gawang kaso laban sa kanya at kanyang partido. Kalakhan ng mga nagpuprotesta ay galing sa mga minoryang grupo ng bansa.

Kabilang sa mga iginigiit nila ang pagpapatalsik kay Consuelo Porras, ang attorney general o punong abugado ng gubyerno ng bansa, na nanguna sa pagsasampa ng mga kaso laban sa

Movimiento Semilla (Kilusang Semilla), ang partido ni Arevalo. Panawagan din nila ang pagbibitiw sa pwesto ng mga prosekyutor at isang husgado na nakikipagsabwatan kay Porras. Inihahalintulad ng mga nagpuprotesta ang mga hakbang nina Porras sa isang “kudeta” laban sa isang halal na presidente. Kasabay nito, kinundena nila ang kasalukuyang presidente na si Alejandro Giammattei sa kainutilan niyang pigilan ang mga maniobra ng attorney general at ipagtanggol ang resulta ng nagdaang eleksyon.

Sa isang pahayag noong Oktubre 14, nakiisa ang International League of Peoples Struggles-Guatemala sa mga pagkilos.

“Saksi tayo sa mga pangyayari na nagaganap sa Guatemala mula Oktubre 3 kung saan iginiit ng mamamayan ang kanilang tindig laban sa anti-demokratikong mga aksyon kaugnay sa pagkapanalo ng partidong pulitikal sa eleksyon na ginanap noong Agosto,” ayon sa pahayag. “Lehitimo at dapat lamang na pakinggan ang panawagan ng mamamayang Guatemalan para sa isang makatarungan at bukas na lipunan.”

Itinuturing ng ILPS ang mga pagkilos bilang bahagi ng pakikibaka para sa pambansang soberanya at laban sa korapsyon.

“Ang korapsyon at kawalang-pakundangan ay mga kasamaang iniinda ng mamamayan sa buong mundo, pero sa Guatemala, umabot na ito sa nakababahalang antas,” ayon sa pahayag. “Ang pandarambong ng korap na mayayaman sa mga rekurso ng bansa ay nagsadlak sa mayorya ng

populasyon sa kahirapan at di pagkakapantay-pantay. Nagbunga ito ng napakalaking agwat sa pagitan ng mayayaman at mahihirap, at tunggalian sa uri.”

“Kinikilala namin ang tapang at determinasyon ng mamamayan na kumprontahin ang isang sistemang nagpapanatili ng kawalang katarungan at pang-aapi,” anito. “Nanawagan kami sa internasyunal na komunidad na suportahan ang mamamayan ng Guatemala sa kahilang paghahangad ng hustisya, dignidad at paglaya.”

Pag-itsapwera ni Marcos Jr sa paggunita sa Pag-aalsang EDSA 1986, binatikos

Oktubre 14, 2023

Kinundena ng Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law (CARMMA) at iba pang demokratikong mga organisasyon ang Proclamation No. 368 na inilabas kamakailan ni Ferdinand Marcos Jr na nagtatanggal sa anibersaryo ng Pag-aalsang EDSA People Power, Pebrero 25, sa listahan ng mga holiday o pampublikong araw ng pagdiriwang sa bansa para sa 2024. Pagpapalusot ng rehimen, tumapat umano ito sa araw ng Linggo kaya wala sa listahan.

Hindi naniniwala ang CARMMA sa pagdadahilang ito ng rehimen. “Isa na naman itong pagtatangka ng administrasyon ni Pangulong Marcos Jr na itulak ang paglimot sa malagim at mapang-aping diktadura ng ama niyang si Ferdinand Marcos Sr,

na pinatalsik ng mamamayang Pilipino noong EDSA 1 Uprising,” pagkundena ng grupo.

Giit nito, maging noon pa mang buhay ang diktador ay ganito na ang kalakaran ng pamilyang Marcos. Noo’y nagpakalat ng kasinungalingan ang pamilya para pagtakpan ang kanilang mga krimen at korapsyon sa bansa at itanghal ang kanilang “ginintuang panahon.”

Malinaw din umano na kadugtong ang proklamasyon ng padron ng pagpapabango sa pangalan ng mga Marcos sa nagdaang mga taon na bahagi ng kampanyang “rebisyon o pagbabago sa kasaysayan.” Kabilang dito ang memorandum ng Department of Education na pinamumunuan ni Sara Duterte na nagtanggag sa pangalang Marcos sa pagtalakay ng diktadura sa kurikulum sa elementarya.

Liban dito, binuhay at pilit ding pinalulunok ng pamilyang Marcos sa mamamayan ang mga programa ng dating diktador tulad ng mga Kadiwa Store, Masagana 99 at ang “rebranding” na Bagong Pilipinas mula sa “Bagong Lipunan” ng kanyang ama. Noong Setyembre 21, araw ng pagdedeklara na batas militar, walang kahihiyang ding naglunsad si Imee Marcos ng “pagbabalik-tanaw sa magagandang epekto ng batas militar,” kasama ang dating mga heneral ni Marcos Sr.

Binatikos din ng CARMMA ang pagkakaroon ng 143 na historical markers, monumento, museo, at iba pang mga istruktura na may kinalaman o pumupuri sa pamilyang Marcos. Ang pagtukoy sa mga ito ay lumabas sa bagong inilathalang pag-

aaral ng University of the Philippines Third World Studies Center.

“Ang lahat ng ito ay nagsisilbing pagbaluktot ng kasaysayan at may layong isulong ang paglimot ng pandarambong sa kaban ng bayan at ng pagtortyur at pagpatay sa mga Pilipinong lumaban sa diktadura,” ayon sa grupo.

Sa kabila nito, determinado ang CARMMA, na kinabibilangan ng mga beteranong aktibistang kontra-diktadura at mga kabataan, na labanan ang pagbaluktot sa kasaysayan at pagkalimot sa madilim at madugong diktadurang Marcos. “Patuloy naming sisingilin ang pamilyang Marcos sa mga krimen nila laban sa bayan,” anito.

Ang Pebrero 25 ay idineklarang “special national holiday” simula pa noong 2000. Ang araw na ito ay karaniwang ginugunita ng mga aktibista at nagmamahal sa kalayaan bilang araw ng paglaban at pagpapatalsik sa diktadura.

68-anyos na magsasaka, pinaslang ng 77th IB sa Abra

Oktubre 15, 2023

Hustisya ang sigaw ng pamilya at mga kaanak ng 68-anyos na magsasakang si Antonio Diwayan Agliwan na pinaslang ng mga sundalo ng 77th IB sa Sityo Talipugo, Barangay Buneg, Lacub, Abra noong Oktubre 13 ng hapon. Pinasinungalingan ng pamilya ang paratang ng militar na si Agliwan ay kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na napatay nito diumano sa isang engkwentro.

Sa panayam ng Ang Bayan sa isa sa mga kaanak ng biktima, iginiit niyang isang sibilyan ang kanyang lolo at mag-isang naninirahan sa kanyang bahay sa Barangay Buneg. Dito na rin umano lumaki ang kanyang lolo at nagtrabaho. Ayon sa kanyang kaanak, ang biktima ay walang asawa at anak.

“Mabuti ang buhay niya dahil siya ay masipag na tao...marami siyang alagang baboy, manok, pato, at kalabaw,” na aniya’y kanyang ikinabubuhay. Hindi rin umano maramot ang kanyang lolo at nagpapatuloy at tumutulong sa mga lumalapit sa kanyang tahanan.

Labis ang galit ng mga kaanak sa kasinungalingang ipinakakalat ng 77th IB na isang mandirigma ng BHB si Agliwan. Ipinaskil sa social media ng isang apo ng biktima: “uulitin ko po hindi sya kasapi ng NPA!” Salaysay niya, parang isang hayop siyang pinatay ng mga sundalo. “Kitang-kita naman sa mga personal na dokumento na nagpapatunay na hindi siya kasapi ng BHB,” dagdag pa niya.

Malaon nang taktika ng militar ang pagpapalabas na napatay sa isang engkwentro ang kanilang mga sibilyang biktima para pagtakpan ang kanilang karumal-dumal na krimen. Pinalalabas pa ng mga ito na nakumpiska sa matandang biktima ang isang M16 at mga dokumento.

Kinundena ng Cordillera Human Rights Alliance (CHRA) ang krimen ng 77th IB at pahayag na engkwentro ang naganap. Anang grupo, isa itong malinaw na paglabag sa karapatang-tao at

internasyunal na makataong batas. Nanawagan naman sila sa kinauukulang mga ahensya na kagyat na imbestigahan ang insidente.

Sa parehong barangay din naganap noong Nobyembre 2022 ang pamamaril ng mga tropang militar ng 24th IB, 71st IB at 102nd IB laban sa limang sibilyang nangangaso. Dalawa sa mga sibilyan ang naospital bunga ng natamo nilang mga sugat. Dagdag pa dito ang mapang-insultong paglapit ng mga sundalo sa pamilya ng mga sugatan para abutan sila ng tulong pinansya. Pagkaabot ng pera ay pinapirma ang mga pamilya ng mga biktima ng katibayan na hindi na sila magsasampa ng kaso laban sa militar.

70-anyos na babaeng magsasaka, hindi makatarungang inaresto sa Masbate

Oktubre 15, 2023

Inaresto ng mga pwersa militar ang 70-anyos na babaeng magsasakang si Dolores Rapsing-Belibit sa Barangay Bolo, Masbate City, Masbate noong Setyembre 30. Pinaniniwalaang pinag-initan siya ng mga sundalo dahil siya ay nakatatandang kapatid ni Jose Rapsing, martir na rebolusyonaryong kilusan, kung kanino nakapangalan ang kumand ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate, noon pang dekada 90.

Sinampahan siya ng dalawang kaso ng pagpatay, tangkang pagpatay, at iba't iba pang krimen na sinasabing gawa-gawa para gipitin at patagalin ang pagkukulong sa matanda.

Sinalakay ng pinagsanib na pwersa ng siyam na yunit militar at pulis ang bahay ni Belibit bandang alas-4 ng madaling araw at isinagawa ang iligal na pag-aresto. Kasalukuyan siyang nasa kustodiya ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) sa Masbate.

Iligal ding inaresto ng mga pwersa ng estado sina Nilo Mabuti Almoradie, 58 anyos, at Melanie Tupas Amor sa Barangay Piña, San Jacinto noong Oktubre 2 sa gawa-gawang kasong pagpatay. Si Almoradie ay walang-batayang pinararatangan na “3rd most wanted” sa bayan ng San Jacinto. Kasalukuyan silang nakadetine sa San Jacinto Municipal Jail.

Ang mga biktima ay pawang pinararatangang mga kasapi at matataas na upisyal ng BHB, sa karaniwang modus ng militar at pulis para arbitraryong magkulong ng mga sibilyang magsasaka. Dagdag ang mga biktima sa halos 800 bilanggong pulitikal sa bansa.

Baybayin ng Dumaguete City, iginiit na proteksyunan

Oktubre 15, 2023

Higit 200 taong-simbahan, mga tagapagtanggol ng kalikasan, kabataan at residente sa baybayin ng Dumaguete City ang nagtipon sa Pantawan, Rizal Avenue, Barangay 5 para sa “Ecumenical Walk for Creation.” Layon ng pagkilos ng mga grupo na ipanawagan ang hustisyang pangkalikasan at pagprotekta sa kalikasan laban sa mapanirang mga proyekto.

Sa pangunguna ng grupong simbahan, naglunsad ng panalangin at programa ang mga kalahok. Inihayag nila ang suporta sa laban ng mga residente ng Purok Ubos, Barangay Tinago na pinakaapektado ng multi-milyong proyektong reklamasyon na Palawan 2 extension sa Dumaguete City. Kinahaharap ng komunidad ang malawakang pagpapalayas, pagkawala ng kabuhayan at posibleng demolisyon sa kanilang mga bahay. Apektado ng reklamasyon ang 1,000 maralitang residente at mangingisda.

Sasaklawin ng reklamasyon ang tinatayang 2.09 ektaryang erya na mayaman sa isda at iba pang lamang-dagat. Ayon sa ulat ng Save Tinago Alliance, grupong tutol sa reklamasyon na binuo noong Setyembre 2023, isa sa planong itayo ng lokal na gubyrno sa reklamasyon ang malaking swimming pool.

Hanggang sa kasalukuyan ay walang isinagawang konsultasyon at dayalogo ang lokal na gubyrno sa apektadong mga komunidad at residente. Ang buong barangay ay may tinatayang 3,000 residente, pinakamalaki sa walong barangay sa sentro ng Dumaguete City.

Naninindigan ang simbahan kasama ng mga residente sa anito'y pagtataguyod ng hustisyang panlipunan para sa mga komunidad na nagsisilbing bantay at nagtatanggol sa kalikasan.

Anito, ang pagtitipon ay nagbibigay diin sa pangangailangan ng pagkakaisa ng mga taga-Dumaguete na ipagtanggol ang kalikasan at hustisyang panlipunan.

Kandidato sa pagka-kagawad sa Masbate, dinahas ng 2nd IB

Oktubre 15, 2023

Sinakal, isinubsob ang mukha sa lupa, at pinagbantaang patayin ng mga tauhan ng 2nd IB ang kasalukuyang barangay tanod at kumakandidatong kagawad sa Barangay Matubinao, Cataingan, Masbate na si Ariel Urag noong Oktubre 12 ng umaga. Sinalakay ng 15 sundalo ang bahay para takutin si Urag at pasunurin sa kanilang paghaharing militar sa prubinsya.

Malayang naisasagawa ang ganitong klaseng mga pang-aabuso sa balangkas ng “whole of nation” approach” na estratehiya ng reaksyunaryong estado laban sa kontra-insurhensya. Sa ilalim nito, kinukubabawan ng mga yunit militar na katulad ng 2nd IB, ang mga sibilyang ahensya at burukrasya sa kanilang kampanya ng panunupil sa mamamayan.

Inilantad ng karahasang ito ang pagpirma ng isang kasunduan ng Commission on Elections (Comelec) at Department of National Defense at Armed Forces of the Philippines noong Setyembre 28 para umano palakasin ang kooperasyon sa pagpapanatiling ligtas sa halalang pambarangay.

Nakasaad sa naturang kasunduan na tutulong ang mga pwersa ng estado sa komite ng Comelec na “kontra bigay” para umano labanan ang “pagbili ng boto at paglaban sa mga impluwensya sa demokratikong proseso.”

Idineklara ng pulis ang 27 barangay bilang kategoryang “pula,” kung saan pinakamatindi ang magiging presensya ng mga pwera ng estado, para sa darating na eleksiyong pambarangay. Samantala, 4,085 ang nasa kategoryang “dilaw,” at 232 ang “orange” o kulay kahel. Ang mga ito ang ginamit na sangkalan sa militarisasyon sa mga barangay.

Samantala, hinamon ng rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya ng Masbate na tatagan ng mga kumakandidato at nakaupong mga upisyal ng barangay ang kanilang loob na huwag magpatinag sa panghahas ng militar at pulis.

Kasong perjury at slander, panggigipit ng AFP at Doj kina Jonila Castro at Jhed Tamano

Oktubre 15, 2023

Ipinadala ng Department of Justice ang isang subpeona o pagpapatawag kina Jonila Castro at Jhed Tamano noong Oktubre 12 para harapin ang mga kasong perjury at slander na isinama ng 70th IB. Naniniwala ang mga grupo sa karapatang-tao na ang mga ito ay pawang panggigipit at ganting-salakay matapos isiwalat ng dalawa ang ginawang pagdukot, tortyur at iligal na detensyon ng militar sa kanila.

“Hindi maikakailang talagang napahiya at supalpal ang mga ahensya ng gubyrerno,” ayon sa grupong Release Jonila and Jhed Network na sumusuporta sa dalawang biktima. Anila, dahil napahiya at nasiwalat ang palabigasang kampanya

ng “pekeng pagpapasuko” ng militar, “todo ngayon ang paggamit ng gubyrno sa lahat ng makinarya nito para linisin ang puno ng dungis na imahe at gantihan ang dalawang kabataang kababaihan na tumindig sa kanilang kawalanghiyaan.”

Sina Castro at Tamano, na kapwa aktibo sa paglaban sa rekalmasyon sa Manila Bay, ay biktima ng pagdukot, ilegal na detensyon, mental na tortyur at iba pang mga paglabag sa kanilang karapatang-tao ng mga pwersa ng 70th IB, kasabwat ang National Task Force-Elcac. Dinukot sina Tamano at Castro sa Orion, Bataan noong September 2.

Noong Setyembre 19, matapang na ibinunyag nina Tamano at Castro ang pagdukot sa kanila ng ahenteng militar sa mismong press conference na ipinatawag ng NTF-Elcac para iharap sila bilang mga “surenderi.”

Naghain ang mga abugado ng dalawang biktima ng petisyon noong Setyembre 28 para sa “writ of amparo” at “habeas data” sa Korte Suprema. Humingi din sila ng pansamantalang proteksyon para sa dalawang aktibista at kanilang mga pamilya sa harap ng nagpapatuloy na mga banta sa kanilang buhay.

Sa ulat ng Release Jonila and Jhed Network, walang-humpay ang militarisasyon at paghahasik ng lagim ng mga pwersang militar sa mga komunidad sa mga latian sa Bataan kung saan nagsagawa ng pananaliksik sina Jhed at Jonila.

Anila, bahagi ito ng mahabang tala ng pagpapagamit ng Armed Forces of the Philippines bilang pribadong goons ni Ramon Ang para bigyang-daan ang mga naging pagpapalayas sa Taliptip, Bulakan at Obando sa Bulacan at manakot sa mga lumalabang mangingisda ng Malolos at Hagonoy sa naturang probinsya.

Marcos, sinungaling sa pagsabing tumaas na ang bilihan ng palay

Oktubre 15, 2023

Sadyang nagsisinungaling si Ferdinand Marcos Jr at kanyang mga alipures sa Department of Agriculture sa mga pahayag na tumaas na tungong ₱24 kada kilo ang bilihan ng palay ngayong anihan. Sa Camarines Norte, umaabot lamang sa ₱16 hanggang ₱18.50 ang bilihan nito. Sa unang distrito ng Camarines Sur, nasa ₱14-₱18 ang bilihan. Nangangamba ang mga magsasaka sa prubinsya na babagsak pa ang presyo tungong ₱12 kada kilo dahil tag-ulan na. Walang mga patuyuan ang mga magsasaka kaya napipilitan silang ibenta ito sa bilingang basa (wet).

Sa nakalap naman na mga ulat ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, pinakamataas na ang ₱22 na bilihan nito sa limitadong mga erya. Sa maraming lugar, nasa ₱18-₱20 lamang ang bilihan nito. Sa mga ulat na nakalap ng grupo, pinakamababang bilihan ang ₱16 kada kilo sa Iloilo.

Walang pagbabago sa bilihan ng palay dahil hindi naman ang National Food Authority (NFA) ang

bumibili ng kanilang ani kundi mga komersyante. Mula nang ipatupad ang Rice Liberalization law, wala nang binibili ang NFA na ani mula sa mga magsasaka. Wala ring epekto ang pakitang-taong utos ni Marcos na itaas ang bilihan dahil napakaliit na porsyento lamang ng ani ang kayang bilhin ng ahensya.

Anang tagapangulo ng KMP na si Danilo Ramos. “Mababa pa rin ang presyo ng palay habang napakamahal pa rin ng bigas sa merkado. Walang signipikanteng epekto ang price cap na ipinataw ng Malacanang sa bigas.”

Bilihan ng palay Camarines Sur - ₱14-₱18 Iloilo - ₱16-₱17.50/kilo Camarines Norte - ₱16-₱18.50 Albay - ₱18/kilo Mindoro Occidental - ₱18/kilo Negros - ₱18-₱19/ kilo Nueva Ecija - ₱18-₱19/ kilo Laguna - ₱19-₱20/kilo Zamboanga Sibugay - ₱20/kilo Palawan - ₱22/kilo

Katunayan, umabot nang 17.9% ang rice inflation o tantos ng pagtaas ng presyong bigas noong Setyembre, malaking talon mula sa 8.7% na tantos nito noong Agosto, ayon pa sa grupo. Pinakamabilis ito na pagtaas ng presyo ng bigas sa nakaraang 14 taon.

Sa sarbey mismo ng Philippine Statistics Authority, 24% lamang sa regular rice ang ibinenta sa presyong ₱41 kada kilo. Samantala, 20% sa well-milled rice ang ibinenta sa ₱45 kada kilo na siyang “maksimum” na presyo na itinakda ni Marcos. Sa buong bansa, nanatiling nasa abereyds na ₱47.50 ang kilo ng regular-milled na

bigas at ₱52.70 kada kilo para sa well-milled na bigas.

Lupa, pagkain at karapatan, sigaw ng kababaihang magsasaka

Oktubre 16, 2023

Ginunita ng kababaihang magsasaka sa ilalim ng Amihan National Federation of Peasant Women ang International Rural Women's Day (IWRD) sa pamamagitan ng protesta laban sa kawalan ng lupa, gutom at militarisasyon. Kasama ang mga balangay nito mula sa Cavite at at Bicol, nagmartsa sila mula Morayta hanggang Mendiola sa Maynila kahapon, Oktubre 15. Bahagi ang protesta sa serye ng mga pagkilos na inilulunsad ng mga magsasaka at kanilang mga tagasuporta sa Buwan ng Magsasaka na taunang ginugunita tuwing Oktubre.

“Ang protesta ay tugon sa tahasang pagpapabaya at pagbibingi-bingihan ng rehimeng Marcos sa hinaing ng kababaihang magsasaka,” pahayag ng grupo.

Ayon kay Cathy Estavillo, pangkalahatang kalihim ng Amihan, madalas na kinikilala lamang ang kababaihang magsasaka bilang mga maybahay sa kabila nang katotohanang direkta silang lumalahok sa produksyon. Mga magsasaka silang walang sariling lupa at madalas na itinuturing na mga indibidwal na may mas mababang katayuan kumpara sa kalalaking magsasaka. Mababa na nga ang sahod ng mga manggagawang agrikultural, mas mababa pa, kung meron man,

ang natatanggap ng kababaihang manggagawang bukid.

“Para tunay na kilalanin ang kanilang trabaho at mga pakikibaka, kailangang manindigang kasama sila laban sa kawalan ng lupa, gutom at militarisasyon sa kanayunan.”

Binatikos ng kababaihang magsasaka si Marcos Jr na nangakong ibababa ang presyo ng bigas tungong ₱20 kada kilo, pero sa halip ay hinayaang sumirit ito tungong ₱47-₱60 kada kilo sa nakaraang mga buwan.

“Ang kanilang karanasan sa kahirapan at karahasan sa kamay ng mga panginoong maylupa, kanilang mga goons, at AFP ay hindi lamang binabalewala, kundi sadyang itinatago at binabaluktot ng mga kasinungalingan ng rehimeng Marcos,” ayon kay Estavillo. Patuloy na nirered-tag, pinagbabantaan at pinatatahimik ang kababaihang magsasaka at kanilang mga organisasyong lumalaban sa kawalang katarungan, aniya.

Katunayan, nananatiling naka-freeze ang mga akawnt ng Amihan, ang mga pahina nito sa Facebook at website ay hindi pa rin ma-akses at wala pa ring puknat ang mga atake ng estado laban sa organisasyon.

Gayunpaman, handa ang kababaihang magsasaka na lalupang paigtingin ang kanilang mga pakikibaka sa harap ng mga atakeng ito.

Barikada kontra-demolisyon, itinayo ng mga residente sa Angeles City

Oktubre 17, 2023

Nagtayo ng barikada ang mga residente ng Sityo Balubad, Barangay Anunas, Angeles City sa Pampanga para labanan ang planong demolisyon ng Clarkhills Properties Corporation sa kanilang mga bahay. Apektado ng demolisyon ang nahigit 500 kabahayan sa 72-ektaryang lupang kinakamkam ng naturang kumpanya. Tinatayang 2,000 residente ang maapektuhan ng pang-aagaw ng lupa. Liban dito, pinangangambahan ding maapektuhan ng pangangamkam at demolisyon ang katabing mga barangay ng Cuayan at Sapangbato.

Tinangkang buwagin ng kumpanya ang barikada ng komunidad noong umaga ng Oktubre 16. Katuwang nito ang lokal na pulis sa pangunguna ni Sheriff III Elizabeth Marasigan at ng Department of Agrarian Reform Adjudication Board (DARAB). Sinunog ang mga gulong at ibang kagamitan na nakaharang sa daan. Hinarang ng mga residente ang trak na hihila sana sa nakatayong barikada bago ito natupok ng apoy.

“Kami ay naniniwala na ang laban namin ay laban ng buong Anunas at lahat ng mamamayan ng buong Pampanga at buong rehiyon,” ayon sa pahayag ng mga residente na nakapaskil sa Balubad Anunas Angeles Facebook page.

Nagaganap ang panggigipit at tangkang demolisyon sa kabila ng apela ng lokal na

pamahalaan ng Angeles sa pamumuno ni Mayor Carmelo Lazatin Jr noong Oktubre 13 na ipagpaliban muna ang demolisyon at pagpapalayas habang hindi pa naiaayos at naisasagawa ang karampatang relokalasyon.

Giit ng mga pamilya sa sityo, pag-aari nila ang lupa at mayroon silang mga certificate of land ownership award (CLOA) at resibo ng buong kabayaran nito sa Landbank of the Philippines.

Ipinabatid rin ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL), panrehiyong balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ang kanilang suporta sa mga residente. Sa kanilang pahayag, ang demolisyon sa Barangay Anunas ay bahagi ng mga agresibong proyektong “pangkaunlaran” sa buong prubinsya ng Pampanga at maging sa Central Luzon na para lamang sa ganansya ng iilan. Bahagi ito ng grandyosong planong Greater Capital Region na inilalako ng mga negosyante at mayayaman, paliwanag ng grupo.

Gutom araw-araw ang mamamayan sa ilalim ni Marcos, giit ng masang maralita

Oktubre 17, 2023

Nagprotesta ang mga magsasaka, kasama ang iba pang demokratikong sektor, sa pambansang upisina ng Department of Agriculture sa Quezon City kahapon, Oktubre 16, para gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Pagkain (World Food Day) na idineklara ng United Nations. Taunan itong ginugunita ng mga magsasaka bilang “World

Hunger Day” o Pandaigdigang Araw ng Kagutuman para bigyang diin ang matagal nang suliranin sa kagutuman, kakulangan at kawalang akses sa pagkain sa buong bansa.

Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), si Marcos Jr bilang pangulo at kalihim ng DA ang numero unong tagapagdulot ng kagutuman sa bansa. “Habang nagpapanggap na magpapatupad ng mga populistang patakaran para umano solusyunan ang krisis sa bigas at pagkain, ang walang pinagkaibang mga patakaran na kanyang ipinatutupad ay nagdudulot ng kagutuman,” ayon pa sa grupo. Giit nila: “Marcos, palpak, umalis ka na sa Department of Agriculture.”

“Tunay na reporma sa lupa ang sagot krisis sa pagkain na nararanasan natin ngayon. Ang nais ng mga magsasaka at konsyumer ay isang maka-Pilipinong sistema ng pagkain,” ayon kay Ronnie Manalo, pangkalahatang kalihim ng KMP.

Binatikos ng KMP ang salot na Rice Liberalization Law na siyang dahilan nang pagbuhos ng imported na bigas na nagpapadapa sa mga magsasaka. Sa kasalukuyan, nasa ₱18-₱20 lamang ang bilihan ng palay kada kilo.

Nakiisa rin sa protesta ang Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya), samahan ng mga mangingisda. Ang sektor ng mga mangingisda ang itinuturing na pinakamahirap sa bansa kasama ang mga magsasaka.

Binatikos ng pambansang pangulo ng Pamalakaya na si Fernando Hicap ang palpak na programa ng gubyerno para sa mga mangingisda sa bansa. Aniya, “ang patuloy na patakarang importasyon ng mga produktong agrikultural ay pumapatay sa aming kabuhayan dahil sa higit na pagbagsak ng presyo ng aming mga produkto sa pagbaha ng mga imported na isda.”

Kamakailan ay pinahintulutan ng DA ang importasyon ng 35,000 metriko tonelda ng mga isdang pelagic kabilang ang galunggong, matang baka, bonito, moonfish, at mackerel sa mga palengke na dadagsa ngayong Oktubre hanggang Disyembre.

“Sa pagpasok ng mga bagsak-presyong imported na galunggong ay lalong bumabagsak ang halaga o farmgate price ng kagayang isda sa mga maliliit na mangingisda mula sa ₱60-₱70 kada kilo tungo sa ₱30-₱50 kada kilo,” ayon pa kay Hicap.

Anang grupo, matutugunan lamang ang seguridad sa pagkain at kabuhayan kung tatalikuran ng gubyerno ang mga patakarang importasyon, at bigyang-prayoridad ang pagpapalakas sa produksyon ng mga mangingisda at magsasaka sa pamamagitan ng subsidyo at iba pang suportang pangkabuhayan.

Pinuna din ng mga grupo ang pakanang pambansang programa ni Marcos Jr na “Walang Gutom” na target umanong wakasan ang kagutuman bago ang 2028. Anila, hindi ito mangyayari hanggang binabansot at

pinababayaan ng mismong gubyrerno ang agrikultura.

Martsa para sa Negros, isinagawa ng mga manggagawang pangkalusugan

Oktubre 17, 2023

Nagmartsa ang humigit-kumulang 100 manggagawang pangkalusugan sa ilalim ng Justice for Negros noong Oktubre 15 sa Taft Avenue sa Maynila para manawagan ng hustisya sa gitna ng kagutuman, malnutrisyon at kahirapan sa Negros. Binuo ang Justice for Negros Campaign noong Agosto 2023, para itulak ang gubyrerno ng Pilipinas na tugunan ang kinahaharap na mga suliranin sa isla. Kaisa sa protesta ang mga duktor, nars, at mga mag-aaral ng kursong pangkalusugan.

Sa datos ng reaksyunaryong estado, nasa 45% ang tantos ng kahirapan sa Negros, dalawang beses na mas mataas kumpara sa 21.6% na pambansang abereyds. Dulot ito ng deka-dekadang kawalan ng lupa ng mga magsasaka, paninikil ng estado at karahasang nagdulot ng walang patid na pamamaslang at iba pang paglabag ng karapatang-tao.

Noong 2020, nagtala ang Negros Occidental ng pinakamataas na bilang ng mga batang namatay dulot ng malnutrisyon sa Western Visayas. Naitala dito ang 91 sa kabuuang 475 sa buong rehiyon.

Binigyang diin ng grupo ang pahayag mismo ni Jacques Diouf, dating direktor ng United Nations

Food and Agriculture, na ang “kagutuman ay hindi usapin ng pagkakawang-gawa, kundi isyu ng hustisya.”

Ayon kay Dr. Jaime Dasmariñas, convenor ng grupo, nakapagtala sila ng mga kaso ng pagkabansot ng mga bata, at mga sakit tulad ng respiratory tract infection, hypertension, at diabetes sa isang klinikang isinagawa nila sa Negros noong Hunyo 2023. Mayroon din silang nairekord na mga kaso ng psychosocial na problema na kinahaharap ng mga pasyente dulot ng troma sa militarisasyon sa kanilang lugar.

Malinaw sa grupo na ang usapin ng malnutrisyon at kagutuman sa isla ay dulot ng matagal nang kawalang katiyakan sa pagkain, lumiliit na produksyon ng pagkain at mga suliranin sa lupa. “Pinalala pa ito ng tumitinding mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao, mula 40 noong 2017 tungong 81 kaso noong 2022 sa Negros Occidental,” anito.

Nakiisa din sa aktibidad ang mga kinatawan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Binigyang diin nito sa pagkilos ang malubhang epekto ng araw-gabing militarisasyon at operasyong kombal ng mga pwersang militar at pulis na nakaapekto sa pisikal at mental na kalusugan ng mga magsasaka.

Mga protestang suporta sa Palestine, patuloy na lumalawak

Oktubre 17, 2023

Patuloy na lumalawak ang mga kilos-protesta ng mga mamamayan sa buong mundo bilang suporta sa mamamayang Palestino para sa tunay na kalayaan at laban sa gerang henosidyo ng Israel. Sa pinakahuling mga ulat, kumalat na ang mga kilos protesta sa 40 bansa at sa iba't ibang syudad sa loob ng naturang mga bansa.

Sa Pilipinas, pinakahuli ang pagtipun-tipon noong Oktubre 16 ng mahigit sa 12,000 residente ng South Cotabato sa isang rali ng pananampalataya para ipanawagan ang kagyat na pagtigil ng pambobomba ng Israel sa Gaza. Dala-dala ang mga bandila ng Palestine, nanawagan sila para sa paglaya ng Palestine. Ilang araw bago nito, nagdaos din ng mga rali sa Marawi City at sa Maynila bilang pagsuporta sa Palestine.

Noong Oktubre 13, sabay-sabay na nagrali ang mga mamamayan sa tinaguriang “Byernes ng Al-Aqsa Flood.” Tugon ito sa panawagan ni Khaled Meshal, dating lider ng Hamas, sa mamamayan sa kalapit na bansa na suportahan ang Palestine. Ang mga pagkilos ay pakikiisa ng mamamayang Arabo sa kanilang “pinakamamahal na Palestine, Al-Qud at Al-Aqsa.” Itinuturing na banal ang Al Aqsa, isang importanteng mosque, hindi lamang sa mamamayang Palestino kundi sa iba pang Arabo at Islamikong mamamayan.

Tumugon sa panawagan ang mamamayan sa Jordan, Lebanon, Syria, Iran at Egypt. Sa Jordan, marahas na binuwag ng mga pwersa ng estado ang isinagawang pagkilos sa hangganan ng bansa at ng Palestine. Sa Iraq, isang dambuhalang

protesta na nilahukan ng daanlibo mamamayan ang idinaos sa sentro ng Baghdad.

Sa US, isinagawa ang pagkilos sa New York, Los Angeles, Chicago, Atlanta at San Francisco. Nagkaroon ng mga pagkilos sa loob ng malalaking unibersidad tulad ng UCLA at Harvard. Kabilang sa mga nagprotesta sa New York ang mga Israeli na mula sa Jewish Voice for Peace, isang grupo ng mga Jews at biktima ng Holocaust, na nanawagan para sa pagtigil ng henosidyo ng Israel sa Gaza. Panawagan din nila sa US na suportahan ng mga mambabatas ng US ang isang tigil-putukan. Sinupil ang kanilang pagkilos at 57 sa kanila ang inaresto.

Sa France, 150,000 mamamayan ang humugos sa lansangan sa tinaguriang “Day of Rage” sa kabila ng pagbabawal ng gubyernong Macron laban sa gayong mga demonstrasyon. Sa gabi ng Oktubre 12, nakipagsagupaan ang mga raliyista sa daan-daang pulis na ipinadala ni Macron para buwagin ang mga protesta.

Sa United Kingdom, libu-libo ang sumama sa mga vigil at protesta sa London. Sa Greece, tumungo ang kabataan sa embahada ng Israel para tutulan ang henosidyo nito. Libu-libo rin ang nagprotesta sa Ireland, Germany, Iceland, Norway at Spain. Sa The Netherlands, 15,000 ang nagrali noong Oktubre 15. Sa Switzerland, nagtungo sa upisina ng United Nations sa Geneva ang mga raliyista.

Sa India, inilunsad ng mamamayang Muslim sa bansa ang pagkilos kasabay ng kanilang pagdarasal. Sa Malaysia, 1,000 ang nagrali at

nagsunog ng dalawang effigy na may nakasabit na mga bandila ng Israel. Nagkaroon din ng mga pagkilos sa Indonesia, Bangladesh, Pakistan, Japan at Sri Lanka.

Sa Latin America, malakas ang pagkundena ng mamamayan sa Brazil, Uruguay at Venezuela. Samantala, sinipa ng Colombia ang ambasadador ng Israel sa kanilang bansa. Mariing kinundena ng presidente nitong si Gustavo Petro ang pang-aatake ng Israel sa Gaza na inihalintulad niya sa mga aksyon ng Nazi ng Germany. Nagkaroon din ng mga pagkilos sa Mexico at pahayag ng pasuporta mula sa Cuba.

Sa Australia, may 1,000 ang nagmartsa sa mga lansagan sa Sydney para ipanawagan ang pag-atras ng kanilang gubyerno ng suporta nito sa Israel. Nagkaroon din ng protesta sa Melbourne.

Sa Canada, nagkaroon ng mga protesta sa limang syudad.

Nauna nang nagkaroon ng dambuhalang mga rali sa Yemen at Turkey. Nagkaroon din ng mga pagkilos sa Afghanistan, Tunisia, South Africa at Serbia.

Pagpapalaya kina Benito Quilloy at Rita Espinoza, iginiit

Oktubre 17, 2023

Sa darating na Oktubre 19, papasok na sa ika-6 taon ang iligal na detensyon ng reaksyunaryong estado kina Benito Quilloy at Rita Espinoza, parehong kasapi ng ng ASCENT (Assert Socio-

Economic Initiatives Network). Ang ASCENT ay network ng mga organisasyong nagtataguyod sa karapatan sa kaunlaran.

Sina Quilloy at Espinosa ay hindi makatarungang inaresto ng mga pwera ng estado noong Oktubre 19, 2017 sa Kabankalan City, Negros Occidental. Pinosasan, piniringan at dinala sila sa Camp Alfredo Montelibano sa Bacolod City. Matagal silang pinagkaitan ng ligal na representasyon. Kasalukuyan silang nakakulong sa Butuan City Jail batay sa gawa-gawang kasong illegal possession of firearms and explosives. Si Quilloy ay sinampahan ng kasong pagpatay at tangkang pagpatay.

Habang lubos na nangungulila sa kanilang mga pamilya, kaibigan at katrabaho, tuloy ang mga pagsisikap ni Ben at Rita sa kulungan para isiwalat ang kahirapan ng mamamayan at tumulong sa kanilang kapwa mga detenido. Sa bahagi ni Rita, aktibo siya sa pagtulong sa mga kababaihang bilanggo sa mga proyektong magdadala ng kaunting kita, tulad ng paghahabi ng mga basket.

Si Ben ay patuloy na nagsusulat ng mga kwento at tula na nagsasalamin sa mga realidad sa lipunan. Katunayan, sa Oktubre 19, ilulunsad ang pangalawang libro na isinulat niya sa loob ng kulungan. Ang librong “Si Ineng at Si Labuyo: Tala’t mga Tula” ay resulta ng pagsisikap ng kanyang pamilya, mga kaibigan at katrabaho na nagbigay ng materyal at lakas para mailathala ang libro. Ang una niyang libro ay pinamagatang

“Pandayan ng Paninindigan Pagbisita at mga Tula ng Pakikibaka” ay may katulad na tema.

Kapwa mga senior citizen na noong sila ay inaresto, sina Ben at Rita ay unang nasangkot sa mga usaping panlipunan noong mga estudyante pa sila sa panahon ng diktador na si Marcos. Si Ben ay naging aktibo sa mga isyu ng kabataan at estudyante sa University of the Philippines-Los Banos kung saan kumukuha siya noon ng kursong BS Sugar Technology. Si Rita naman ay tumulong sa pag-oorganisa ng mga kabataan pagkatapos niya ng hayskul at naging boluntir ng Rural Missionaries of the Philippines.

Pinakamalalaking kumpanya sa armas, tumatabo sa henosidyo ng Israel sa Palestine

Oktubre 17, 2023

Nagtaasan ang halaga ng mga sapi ng mga dambuhalang kumpanyang Amerikano na nagmamanupaktura ng armas sa harap ng pinatinding kampanyang henosidyo ng Israel laban sa Palestine.

Sa unang limang araw ng henosidyo, tumaas nang 6.09% ang sapi ng Raytheon, ang kumpanyang gumagawa ng mga sistemang radar at misayl, kabilang ang “Iron Dome” ng Israel. Tumaas din ang halaga ng mga sapi ng mga kumpanyang Boeing nang 3.17%, Bae Systems nang 9.16%, Lockheed Martin nang 9.73%, General Dynamics nang 9.9% at ang pinakamalaki, Northrop

Grumman, na tumaas ang halaga ng sapi nang 14.14%.

Hangarin ng mga kumpanyang ito na umigting pa ang pang-aatake ng Israel dahil nangangahulugan ito ng mas malaking kita para sa kanila. Umaasa rin sila na palalakihin ng imperyalistang US ang ayudang militar nito sa Israel, sa porma ng mga kontrata at dagdag na armas. Sa nakaraang mga taon, nasa \$3.8 bilyon taun-taon ang ibinubuhos ng US na ayudang militar sa Israel.

Samantala, sumirit ang halaga ng sapi ng Elbit Systems nang 6.5%, dalawang araw matapos ang pananalakay. Ang Elbit ang pinakamalaking kumpanya sa armas na Israeli at pangunahing katuwang ng estado dito sa kampanyang henosidyo sa Gaza. Kasosyo ito ng Lockheed Martin sa paggawa ng mga sistema ng radar at misayl.

Abot-langit ang suporta ng US sa humuhugis na pinakabrutal na pananalakay at terorismo ng Israel sa Palestine. Dalawang araw matapos simulan ng Israel ang pambobomba sa Gaza, idineploy ng US sa karagatan nito ang USS Gerald R Ford, isang nuclear powered na aircraft carrier, kasama ang 70 pang-atakeng suportang mga jetfighter, isang guided missile cruiser at apat na guided missile destroyer.

Ang lahat na ito ay may pinagsamang lakas-tauhan na 7,500. Ayon sa US, ang presensya ng USS Ford ay para pigilan ang anumang pwersang antagongistiko sa Israel na “samantalain ang

sitwasyon.” Inianunsyo ng US ang planong magpadala ng isa pang aircraft carrier sa lugar.

Todo-suporta rin ang US sa pagkakalat ng mga kasinungalingan ng Israel at pagbusal sa mamamayang Palestino at kanilang mga tagasuporta sa buong mundo. Katunayan, naging bukambibig mismo ng presidente nitong si Joseph Biden ang ilan sa mga kasinungalingang ipinakakalat ng Israel para siraan ang paglaban ng mamamayang Palestino.

Rodrigo Duterte, binweltahan ng mga lider ng kamara dahil sa pagbabanta

Oktubre 17, 2023

Sa isang pinag-isang pahayag na inilabas noong Oktubre 14, pumirma ang lahat ng mga partido sa Mababang Kapunungan para ipagtanggol si Deputy Minority Leader at ACT Rep. France Castro laban sa redtagging at pambabanta ni dating presidente Rodrigo Duterte. Nanawagan sila sa dating pangulo at lahat ng partidong sangkot na iwasan ang “pagbabanta o paghahayag ng panganib laban sa sinumang myembro ng kamara.”

Pumirma sa pahayag ang mismong partido ni Duterte, ang Partido Demokratiko Pilipinas-Lakas ng Bayan, gayundin ang Lakas-CMD, Nationalist People’s Coalition, Nacionalista Party, National Unity Party, at ang Party-list Coalition Foundation. Ipinabatid na rin ni House Secretary General Reginald Velasco noong Oktubre 16 ang posibilidad na maglaan ng dagdag na tauhang

panseguridad o proteksyon para kay Rep. Castro kung hihilingin ito ng kinatawan.

Naghuramentado at nagmaktol si Duterte sa isang programa sa pambansang telebisyon noong Oktubre 11 dahil sa pang-uusisa at pagkontra ni Rep. Castro at ng blokeng Makabayan sa confidential at intelligence funds ng kanyang anak na si Sara Duterte. Sinabi niyang si Castro ang target ng CIF at direkta niyang sinabing gusto niyang patayin ang kongresista.

Ayon kay Duterte, sinabihan niya ang anak na si Sara na “ang una mong target sa intelligence fund mo, kayo, ikaw France, kayong mga komunista ang gusto kong patayin. Sabihin mo na sa kanya.”

Nagpasalamat si Rep. Castro sa mga lider ng kamara sa pagtindig nila laban sa pananakot ng dating pangulo. Aniya, “ang insidente ito ay matalim na paalala sa mga panganib na kinakaharap ng mga nangangahas na pagsalita at ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kagalingan ng mamamayang Pilipino.”

Nanindigan din siya na higit dapat at krusyal na patuloy na itaguyod ang kalayaan sa pagpapahayag at protektahan ang boses ng mga oposisyon at tumutunggali.

Binigyang diin niya rin sa pagkakataong ito ang pagsusulong ng mga kinakailangang proteksyon, sa balangkas ng batas, para sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at pagtitiyak sa kanilang kaligtasan.

Nauna nang ipinabatid ni Rep. Castro na “hindi na siya nagulat” sa paghuhuramentado ni Duterte, at determinado siyang magsampa ng kaso laban sa dating pangulo.

“Dapat kasuhan si Rodrigo Duterte sa kanyang direktang pambabanta laban kay Rep. France Castro,” pahayag ni Atty. Kristi Conti ng NUPL-National Capital Region. “May kakayahan siya at handa siyang ipatupad ang mga bantang ito.”

Tigil-pasada kontra korapsyon at PUV phaseout, inilunsad ng mga drayber at opereytor ng dyip

Oktubre 17, 2023

Inilunsad ng mga drayber at opereytor ng dyip at iba pang pampublikong transportasyon ang tigil-pasada kahapon, Oktubre 16, para tuligsain ang korapsyon sa loob ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) at Department of Transportation (DOTr). Ang tigil-pasada ng mga drayber at opereytor sa pangunguna ng grupong Manibela ay suportado rin ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston).

Kinalampag nila ang upisina ng LTFRB bago nagtungo sa Mendiola sa Maynila kung saan nagprotesta ang 200 indibidwal. Ipinabatid nila sa protesta ang pagtutol sa malawakang korapsyon sa mga ahensya sa transportasyon at paggigiit na isuspinde ang pagtatanggal o phaseout ng mga jeep sa ilalim ng Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP).

Lumahok din sa tigil-pasada at protesta ang mga grupo mula sa Cabuyao at Santa Rosa sa Laguna at iba pang bahagi ng Metro Manila.

“Tinituturing naming mahalagang ambag at hakbang ang anumang porma ng militanteng pagkilos sa pagsusulong ng interes ng mamamayan para sa makamasang pampublikong transportasyon laban sa monopolyo kontrol ng malalaking korporasyon sa pamamagitan ng Omnibus Franchising Guidelines at PUV Modernization Program,” ayon sa Piston.

Anila, napakahalaga ngayon na kontrahin ang PUV Phaseout lalo na at palapit nang palapit ang palugit sa franchise consolidation na itinakda ng estado sa Disyembre 31, 2023. Giit ng grupo, tanging ang pagbabalik ng proseso ng Sale-and-Transfer pa lang ang ipinatupad ng LTFRB mula nang natulak ang Malakanyang na makipagyadalogo sa mga grupo nang magtigil-pasada noong Marso. “Lumipas na ang pitong buwan...tuloy-tuloy pa rin ang sapilitang consolidation, na katumbas ng pagnanakaw ng prangkisa ng mga opereytor,” anila.

Determinado ang mga grupo ng drayber at opereytor na harapin ang nalalapit na palugit ng may mas malakas na pagkakaisa. Anito, “tinatanaw ng PISTON ang pagdami at paglawak pa ng mga iba’t ibang porma ng pagkilos para aktibong labanan ang pakanang corporate takeover ng pampublikong transportasyon, sa wangis ng pekeng modernisasyon kung saan tanging malalaking negosyanteng dayuhan at lokal, at mga kasabwat na burukrata at mga

oportunistang lider ang nakikinabang sa bogus na programang PUVMP.”

59th IB, inambus ng BHB-Batangas

Oktubre 18, 2023

Lima ang kaswalti sa hanay ng 59th IB sa pananambang ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Batangas sa Barangay Bignay, Lobo, Batangas noong Oktubre 16 ng umaga.

Ayon sa ulat ng BHB-Batangas, pinasabugan nila ng command-detonated explosive o CDX ang nag-operasyong iskwad ng 59th IB sa naturang barangay, na sinundan ng mga Pulang mandirigma ng mga putok ng baril. Matapos ang operasyon, ligtas na nakaatras ang yunit ng BHB.

Ang naturang yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang responsable sa pagpatay sa 9-taong gulang na batang si Kylene Casao noong Hulyo 18, 2022 sa bayan ng Taysan at sa magsasakang may kapansanan sa pag-iisip na si Maximino Digno noong Hulyo 26, 2022 sa bayan ng Calaca.

Walang tigil ang mga pwersa ng 59th IB sa pagmamalupit at panggigipit sa mga magsasaka at mamamayan sa bayan ng Lobo, Taysan at San Juan sa kanilang isinasagawang nakapokus na operasyon. Ang naturang yunit din ng militar ang naghahawan ng landas para sa pagratsada ng operasyong pagmimina ng Bluebird Merchant Ventures Ltd sa bayan ng Lobo.

Sa harap ng kanilang kabiguan, ibinaling ng 59th IB ang kanilang bangis sa mga sibilyang residente at nagbanta na kakasuhan ng paglabag sa Anti-Terrorism Act ang sinumang susuporta sa BHB at sa buong rebolusyonaryong kilusan.

Samantala, napatamaan din ng BHB-Batangas ang umaatakeng yunit ng 59th IB noong Oktubre 15 ng umaga sa Barangay Bignay. Nailunsad ng yunit ang isang aktibong depensa laban sa isinagawang pananambang ng yunit ng 59th IB.

“Mahusay nilang nakuha ang inisyatiba at nang masegurado na ang kaligtasan ng bawat Pulang mandirigma ay agad na nagkasa ng kontra-opensiba ang yunit at pinaputukan ang humahabol na tropa ng kaaway,” ayon kay Ka Gregorio Caraig, tagapagsalita ng BHB-Batangas. Hindi na nakaganti ng putok ang mga pasista dahil sa tinamong pinsala at nag-uunahang nagpulasan, ayon pa sa ulat.

Ibasura ang Maharlika Investment Fund

Oktubre 18, 2023

Iginiit ngayong araw, Oktubre 18, ng mga pambansa-demokratikong organisasyon at progresibong partido sa Kongreso ang kagyat na pagbabasura sa Maharlika Investment Fund (MIF), matapos ianunsyo ng Malacañang na ipinag-utos ni Marcos ang suspensyon sa pagpapatupad nito para diumano “repasuhin” ang mga alituntunin sa pagbubuo nito.

Inilabas ni Marcos ang kautusan ilang araw matapos magpahayag ang Land Bank at Development Bank of the Philippines na lubhang hihina ang kanilang pinansyal na katayuan oras na kunin dito ang pondong para sa MIF. Ang Land Bank at DBP, kapwa mga bangkong pag-aari at pinatatakbo ng gubyrerno, ang tinukoy na pangunahing pagkukunan ng pondong ng MIF.

“Sa simula pa lang ay sablay na talaga ang Maharlika Investment Fund dahil wala namang tayong excess fund (sobrang pondo) para dito,” bwelta ni House Deputy Minority leader at ACT Teachers party-list Rep. France Castro. “(M)ula pa sa pera ng bayan ang ipopondo dito sa halip na gamitin sa mga batayang serbisyo para sa mamamayan. Pangatlo, maski ang sertipikasyon dito bilang urgent ay di sumunod sa proseso. Pang-apat, mga hihirangin pa din ng pangulo ang mamamahala dito at bukas ito sa korapsyon.”

“Ang biglang suspensyon sa Maharlika ay dapat magpaalala sa mga mambabatas na bigyan-pansin ang paggawa ng mga batas na makabebenepisyo sa mamamayan, tulad ng pagsasabatas ng pagtaas ng sahod, at halip na maging sunud-sunuran sa mga panukalang inilalako ng ehekutibo,” ayon naman sa grupong Bayan.

Matatandaang tanging ang mga partidong kaanib sa Makabayan at iilang kongresistang mula sa tradisyunal na oposisyon ang bumoto laban sa MIF. Ito ay sa kabila ng pagtutol ng maraming sektor, kabilang ang mga akademiko, sa pagbubuo ng MIF ng anila’y gagamitin lamang sa korapsyon

ng pamilyang Marcos at kanilang mga pinaborang negosyo.

Karumal-dumal na pagbomba ng Israel sa isang ospital sa Gaza, kinundena

Oktubre 18, 2023

Mahigit 600 na ang naiulat na napatay sa pambobomba ng Israel sa Al-Ahli Arab Baptist Hospital sa hilangang bahagi ng Gaza kahapon ng umaga. Ang ospital ay isa sa 20 ospital sa Gaza na pinasasara ng Israel dahil sa plano nitong paglusob sa teritoryong Palestino. Tumanggi ang mga duktur at iba pang mga manggagawang pangkalusugan dito na umalis at iwan ang kanilang mga pasyente. Liban sa mga pasyente, daan-daang mga Palestinong napalayas sa kanilang mga bahay ang nakasukob sa ospital sa panahong iyon.

Bumuhos ang kabi-kabilang pagtuligsa sa buong mundo sa panibago at karumal-dumal na krimen sa digma ng Israel.

“Malinaw ang pananagutan ng Zionistang rehimen ng Israel sa pambobombang ito,” pahayag ni Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas. “Lantaran itong akto ng terorismo ng rehimeng Israel na suportado ng US at bahagi ng gerang henosidyo laban sa mamamayang Palestino. Ito ay isang malalang paglabag sa internasyunal na makataong batas at isang krimen sa digma.”

Sa pahayag ng Bagong Alyansang Makabayan sinabi nitong “hindi maaaring bigyang-matwid ang nangyari. May pananagutan ang US sa pagmasaker sa mga sibilyan sa Gaza. Dapat batikusin ng buong mundo ang atosidad na ito.”

Mariin ding kinundena ng World Health Organization ang pambobomba at ang utos ng Israel na ebakwasyon ng mga ospital sa Gaza. Imposible ang ebakwasyon sa naturang ospital, ayon mismo sa WHO, dahil sa napakaraming limitasyon, kabilang ang kasalatan sa ambulansya, istap at pasilidad. Higit sa lahat, wala silang mapaglilipatan.

“Nananawagan ang WHO para sa kagyat at aktibong proteksyon ng mga sibilyan at serbisyong pangkalusugan,” pahayag nito noong Oktubre 17. “Ang utos para sa ebakwasyon ng Gaza ay dapat bawiin. Ang internasyunal na makataong batas ay dapat galangin, na nangangahulugan na dapat aktibong protektahan at hindi kailanman dapat gawing target ang serbisyong pangkalusugan.”

Sa harap ng matinding pagkundena, naghugas-kamay ang Israel sa karumal-rumal nitong krimen. Katuwang ang malaking bahagi ng midya, ipinagkakalat nito na natupok ang ospital dulot sa isang “nagmintis na rocket” ng Hamas. Samantala, hindi pinangangalanan ng mga ng mga bansang todo-todong sumusuporta sa henosidyo ng Isreal ang Zionistang rehimen bilang salarin sa masaker sa kanilang pakitang-taong mga pagkundena.

Mariin pinabulaan ng mga Palestino ang kasinungalingan ng Israel at mga tagasuporta nito.

“Ang mga akusasyon ng kaaway ay huwad at walang batayan,” pahayag ng Palestinian Islamic Jihad. “Pilit na tinatakas ng Zionistang kaaway ang pananagutan nito sa brutal na masaker na resulta ng pambobomba sa Baptist Arab National Hospital sa Gaza sa pamamagitan ng lagi’t lagi na nitong mga kasinungalingan, at sa pamamagitan ng pagsisisi sa kilusang Islamiko sa Palestine.”

Daan-daang mamamayan sa iba’t ibang bansa sa Middle East ang muling bumuhos sa lansangan para ilabas ang kanilang galit sa pagbomba ng Israel sa ospital. Kabilang sa mga nagprotesta ang Turkish Communist Party sa Turkey na nagtipon sa Islamabad noong Oktubre 17. Sumiklab din ang mga protesta sa harap ng embahada ng US sa Beirut, Lebanon.

Daan-daan din ang nagprotesta sa New York City sa US, ilang oras matapos maganap ang masaker. Anila, hindi “gera” ang nangyayari sa Gaza, kundi lantarang henosidyo.

Sa kaugnay na balita, tuluy-tuloy ang pambobomba ng Israel sa timog na bahagi ng Gaza, kung saan itinataboy nito ang mahigit isang milyong Palestinong nanggaling sa hilaganag bahagi ng syudad.

Mag-asawang magsasaka, pinatay ng 79th IB sa Negros Occidental

Oktubre 19, 2023

Brutal na pinaslang ng mga sundalo ng 79th IB ang mag-asawang magsasaka na sina Christian Job Vargas at Mailyn Salgado noong Oktubre 17 sa Sityo Nabalas 1, Barangay Canlusong, E.B. Magalona, Negros Occidental. Pinasubalian ng ina ni Vargas na si Jocelyn ang paratang ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na napatay ang dalawa sa isang armadong engkwentro ng yunit nito at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ayon kay Jocelyn, ang dalawa ay pawang mga magsasaka at mayroong inaasikasong taniman ng saging, mga prutas at iba pa sa kanilang barangay. Sa salaysay niya, ang mga biktima ay nagpunta sa kanilang sagingan na may layong 500 metro mula sa kanilang bahay bandang alas-2 ng hapon. Nang pauwi na ang mga ito bandang alas-4 ng hapon ay nakasalubong ng mga sundalo at basta-basta na lamang pinagbababaril at pinatay.

Naulila ng mag-asawa ang kanilang tatlong anak na edad 5 taong gulang, 1 taong gulang at limang buwang gulang na sanggol. Hustisya ang giit ng mga kaanak para sa mga biktima. Anila, dapat papanagutin ang mga sangkot sa karumal-dumal na krimen.

Ang mag-asawa ay ilang taon pa lamang naninirahan sa Barangay Canlusong ayon kay Jocelyn. Dati umanong nakatira ang dalawa sa

Higantes Island sa prubinsya ng Iloilo at noong 2018 lamang lumipat sa Negros Occidental.

Pagbabahagi pa ni Jocelyn sa isang panayam sa lokal na radyo, hindi ito ang unang pagkakataon na ginipit ang kanilang pamilya ng mga sundalo. Aniya, ilang ulit na rin siyang binalikan ng mga militar para “pasukuin” bilang mandirigma ng BHB ngunit tumatanggi siya dahil wala itong katotohanan.

Samantala, ang tiyuhin ng biktima na si Rene Vargas, 67, at asawa nitong si Rosalie Vargas ay napilitang “sumuko” sa militar at ipinaloob sa bogus na programa ng gubyrerno na “rebel returnee” at ipinailalim sa kung anu-anong mga pekeng proseso. Dati rin umano silang pinag-iinitan ng militar.

Sa isang pahayag, kinundena ng BHB-Negros Island, ang pagpaslang ng militar sa mag-asawa. Ayon kay Ka Maoche Legislador, tagapagsalita ng BHB-Negros, inilalantad nito ang malawakang kultura ng kawalang pakundangan at kawalang pananagutan sa hanay ng AFP.

Pinatotohanan din ng BHB ang pahayag ng mga residente at kaanak ng biktima na walang armadong engkwentrong naganap sa lugar. Anito, “walang armadong pwersa ng BHB sa Barangay Canlusong, EB Magalona...walang engkwentrong nangyari...walang armas at ibang kagamitan ng BHB na nakuha ang militar...walang napasok na kampo.”

“Sa bahagi ng BHB-Negros, patuloy kaming magsisikap na makamtan ang hustisya para sa lahat ng mga biktima ng de facto na batas militar sa isla,” ayon pa kay Ka Maoche.

“Human chain” kontra reklamasyon sa Manila Bay, isinagawa

Oktubre 20, 2023

Higit 600 katao ang lumahok sa “human chain” sa kahabaan ng Roxas Boulevard sa Pasay City noong Oktubre 18 para ipanawagan ang kagyat na pagpapatigil sa mapanirang reklamasyon sa Manila Bay at maging sa buong bansa. Nagsama-sama sa pagkilos ang mga kabataan, mangingisda, taong-simbahan, at mga tagapagtanggol ng kalikasan sa programang “Save our Sunset, Save Manila Bay, Human Chain Against Reclamation.” Pinangunahan ang pagkilos ng People’s Network for the Integrity of Coastal Habitats and Ecosystems (People’s NICHE), Kalikasan People’s Network for the Environment at Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya).

Lumahok sa pagkilos sina Jonila Castro at Jhed Tamano, mga aktibistang kontra-reklamasyon na dinukot ng militar noong Setyembre. Ayon kay Castro, boluntir ng AKAP KA Manila Bay, “dalawang buwan na ang lumipas nang ipinahayag ni Marcos Jr ang suspensyon ng lahat ng reklamasyon sa Manila Bay...ngunit nasasapanganib pa rin ng mga aktibidad na ito ang mga komunidad sa baybayin.” Anang mga grupo, dapat nang umaksyon ang gubyernong

Marcos at maglabas ng kinakailangang dokumento para ipahinto ito.

Binigyang diin ni Fernando ‘Ka Pando’ Hicap, pambansang pangulo ng Pamalakaya, na malaki ang pangambang masisira ang mga pangisdaan at likas na yaman sa Manila Bay dulot ng reklamasyon. “Tinatayang aabot sa 90% ng kita ng mga mangingisda ang matatapyas, at libu-libo ang mapalalayas mula sa mga baybayin para sa mga proyektong ito,” dagdag niya.

Itinampok din ni Hicap na hindi lamang sa Manila Bay nangyayari ang ganitong mapangwasak na mga proyekto kundi maging sa iba pang bahagi ng bansa. Kaugnay nito, lumahok sa pagkilos ang mga mangingisdang kasapi ng panrehiyong balangay ng Pamalakaya mula sa Bicol.

Binatikos ng mga grupo ang karahasang kinahaharap ng mga nagtatanggol sa Manila Bay at tumututol sa reklamasyon dito katulad ng patung-patong na paglabag sa karapatan nina Castro at Tamano.

Isang lolo at apong 2-taon, pinatay ng 63rd IB

Oktubre 20, 2023

Pinaslang sa pamamaril ng mga sundalo ng 63rd IB si Ronie Obiado at ang kanyang 2-taong gulang na apo na si Intoy sa Sityo Salvacion, San Jose de Buan, Western Samar noong Setyembre 25. Nakatakbo papalayo sa bahay na pinagbabaril ang asawa ni Obiado ngunit hindi pa ito nakikita

hanggang ngayon. Nakaligtas din sa pamamaril ang mga magulang ni Intoy.

Sa ulat ng anak ni Obiado, pagpasok pa lamang ng mga sundalo sa kanilang tinitirhan ay nagpapatok kaagad ang mga ito. Naniniwala ang pamilya na ang pang-aatake na ito ay ganting-salakay ng 63rd IB sa mga sibilyan matapos na mapatayan sila sa dalawang magkasunod na sagupaan sa pagitan nito at yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar noong Setyembre 23 at 24.

Ang pagdamay at sadyang pag-atake sa mga sibilyan sa lugar kung saan may armadong sigalot ay paglabag sa internasyunal na makataong batas. May natatanging proteksyon na tinatamasa ang mga bata at babae ayon sa Declaration on the Protection of Women and Children in Emergency and Armed Conflict ng United Nations General Assembly noong Disyembre 14, 1974.

Ayon dito, isang krimen sa digma ang “lahat ng porma ng panunupil at malupit at hindi makataong pagtrato sa kababaihan at mga bata, kabilang ang pagkukulong, tortyur, pamamaril, maramihang pag-aresto, kolektibong pamamarusa, paninira sa tirahan at pwersahang pagbabakwit, na isinagawa ng mga pwersang belligerent sa kasagsagan ng operasyong militar nito (Bilang 5).”

Naghabi naman ng kwento ang 802nd IBde, kung saan nakapailalim ang 63rd IB, na sinabing isang mandirigma ng BHB ang napatay na si Obiado. Gumawa ito ng kwento na nakasagupa diumano ng 63rd IB ang umano’y “15 armadong

mandirigma” na tumagal ng 20 minuto. Karaniwan nang taktika ng AFP ang pagpapakana ng mga pekeng engkwentro para pagtakpan ang mga pagpatay ng mga yunit nito sa mga sibilyan.

Mga kandidatong kontra-demolisyon sa Tondo, ginigipit ng militar

Oktubre 20, 2023

Kumakaharap ngayon sa panggigipit ang ilang mga kandidato sa eleksiyong pambarangay sa Tondo, Manila dahil sa kanilang paninindign laban sa demolisyon at mapangwasak na mga proyektong “kaunlaran” tulad ng proyektong Skyway ni Ramon Ang at “Tondominium” ni Reghis Romero. Sinisindak sila ng mga pwersang militar, sa pangunguna ng National Task Force-Elcac, sa pamamagitan ng pagbabansag sa kanilang “rekruter ng CPP-NPA-NDFP,” na nagsasapanganib sa kanilang buhay.

Kinundena ng Gabriela at ng balangay nito sa Tondo ang garapalang pakikialam at panggigipit na ito ng militar at NTF-Elcac. Kinilala ang mga target ng panggigipit na sina Phil Tiozon, Rey Dimaano at Isko Manaog, pawang mga kandidato sa eleksiyong pambarangay, at ang lider-kababaihang si Fe Crisostomo. Nagpakalat ng mga poster ang militar laban sa apat, na kilala sa komunidad bilang mga makabayan at progresibong kandidato.

Dala-dala nila ang mga usaping kinakaharap ng mga residente ng Tondo. “Kung kailan nagdesisyon silang lumahok sa lokal na eleksyon

para patampukin ang isyung may kaugnayan sa pabahay, kahirapan, implasyon, at mababang pasahod, bigla naman silang babansagang mga armadong rebelde,” ayon kay Clarice Palce, pangkalahatang kalihim ng Gabriela.

Tinawag niya itong “kabalighuan” at “walang-pusong pagpapatuloy sa panggigipit na matagal nang kinahaharap ng mga taga-Tondo dahil sa pagtutol sa agresyong pangkaunlaran.”

Ayon naman sa GABRIELA-Tondo, kilala ng mga residente ang apat bilang mga lingkod bayan “mayroon o walang eleksyon.”

“Walang ibang gagawa ng ganitong pamamaraan kundi ang NTF-Elcac at hinahayaan lang din naman ito ng barangay na isa sa makikinabang sa mga ganitong pamamaraan ng paninira,” ayon pa sa grupo. Malaon nang nagkahimpil ang 11th at 12th civil-military operations battalion sa Barangay 101 at iba pang barangay sa Tondo.

Nanindigan din ang Bagong Alyansang Makabayan-Manila na walang lugar at hindi dapat nakikialam ang militar at NTF-Elcac sa Tondo. Dapat may panagutin sa mapanganib na taktikang ito at sa banta sa kaligtasan at buhay ng apat na biktima, anito.

Organisador ng mga magsasaka sa Quezon, dinukot ng 1st IB

Oktubre 20, 2023

Dinukot at iligal na idinetine ng mga sundalo ng 1st IB ang organisador ng mga magsasaka at

pambansang minorya na si Reymart Moneda sa Barangay Magsaysay, Infanta, Quezon. Inilitaw siya sa sumunod na araw ng mga sundalo at ipinailalim sa kustodiya ng mga pulis na hindi pa malinaw na mga kaso.

Sa isinagawang fact-finding mission ng Karapatan-Southern Tagalog, napag-alaman nitong kasalukuyang nakakulong ang biktima sa istasyon ng pulis sa bayan ng Infanta. Iginigiit ng grupo na payagan silang makita si Moneda at malaman ang kanyang kalagayan.

Si Moneda ay kasapi ng Bigkis at Lakas ng mga Katutubo sa Timog Katagalugan (BALATIK). Kabilang siya sa tumutulong sa mga pambansang minorya ng Rizal at Quezon na tumututol sa pagtatayo ng Kaliwa-Kanan Dam dahil sa malulubhang pinsalang dala nito sa komunidad ng mga katutubo. Pinakahuli siya sa mga aktibista at tagapagtanggol ng karapatan ng mga katutubo na dinukot, inilitaw, iligal na ikinulong at pinagkakaitan ng karapatan na mabisita ng kamag-anak at abugado.

Nauna rito ang pagdukot at iligal na detensyon sa kampo ng militar sa Rizal kina Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado, kilala rin bilang "Mansalay 2". Kasunod ang kaso nina Job David, Peter Del Monte Jr, at Alia Encela na dinukot ng mga ahenteng militar noong Setyembre 19.

Hindi rin nakaligtas sa panggigipit ng 59th IB maging ang fact-finding mission ng Karapatan-Southern Tagalog. Hinarang ng 59th IB ang grupo sa isang tsekpoynt sa Barangay Tanauan, Real,

Quezon noong Oktubre 18. Pilit silang pinababa sa kaniyang sasakyan para isa-isang kunan ng litrato. Kahit iligal, pilit inalam ng mga sundalo ang pagkakakilanlan at kung saan sila nakatira.

Pinaslang ng 24th IB sa Abra, hindi mandirigma ng BHB

Oktubre 20, 2023

Pinasubalian ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Abra ang pahayag ng 24th IB na nakapatay ito ng isang myembro ng hukbong bayan noong Oktubre 3 sa isang engkwentro sa hangganan ng Sityo Lamunan, Barangay Gacab, Malibcong at Barangay Ableg, Daguioman sa Abra. Sibilyan, at hindi Pulang mandirigma ang pinatay ng mga sundalo, anito.

“Walang nangyaring ‘engkwentro,’” ayon kay Ka Florencio Baluga, tagapagsalita ng BHB-Abra. Giit niya, ang militar mismo ang nagpakana na may nakuhang bangkay na sinasabi nitong Pulang mandirigma na mula pa sa Mindanao. Hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa napapangalanan ang naturang biktima.

Pinalabas ng AFP na nakasagupa ng Pulang hukbo ang isang platon ng Bravo Company ng 24th IB na pinamumunuan ni 1LT Bert Francis Carag. Sa gawa-gawa nitong kwento, nagkaroon diumano ng 15 minutong putukan kung saan sinasabing nakakumpiska ang mga sundalo ng isang M14, M4A1, mga magasin at bala, bakpak, kagamitang militar, at bandila ng Partido.

Karaniwan nang taktika ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang pagpapakana ng mga pekeng engkwentro para pagtakpan ang krimen ng mga ito ng pagpatay sa mga sibilyan. Ganito rin ang naging palusot ng militar sa pagpaslang ng 77th IB sa matandang si Antonio Diwayan Agliwan sa Sityo Talipugo, Barangay Buneg, Lacub noong Oktubre 13.

“Ang mga pagpaslang na ito ay bahagi ng operasyon ng 24th IB, 102nd IB at 77th IB na tuluy-tuloy na umuokupa sa mga bayan ng Lacub, Malibcong, Tineg, Licuan-Baay, Bucay, Sallapadan and Daguoman,” ayon kay Ka Florencio.

Ang mga taktikang ito, na lubhang labag sa internasyunal na makataong batas, ay desperadong mga hakbang para patunayan ang kanilang katapatan sa pagpapatupad ng atas ng kanilang punong kumander na si Marcos Jr, ayon sa BHB-Abra.

Buwan ng Magsasaka, ginunita sa mga protesta laban sa pang-aagaw ng lupa, inhustisya at gutom

Oktubre 21, 2023

Ginunita ng mga magsasaka sa iba't ibang bahagi ng bansa ang Buwan ng Magsasaka sa pamamagitan ng mga pagkilos at protesta mula sa simula ng Oktubre. Lumundo ang paggunita sa isang martsa tungo sa Mendiola sa harap ng Malacañang noong Oktubre 20 ng daan-daang mga magsasaka mula sa Bicol, Southern Tagalog, Central Luzon at Negros. Isinasagawa ang

protestang ito taun-taon, na nakataon sa pagdedeklara ng diktadurang Marcos Sr ng kanyang huwad na reporma sa lupa noong 1972. Ngayong taon, tinagurian nila itong Araw ng Protesta laban sa Pang-aagaw ng Lupa, Inhustisya at Gutom. Muli nilang iginiit na ang pagkakaroon ng tunay na reporma sa lupa ang susi sa pagkamit ng seguridad sa pagkain at self-sufficiency sa bigas.

“Mananatiling food insecure at gutom ang mga Pilipino kung walang tunay na reporma sa lupa,” ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Batay sa datos ng organisasyon, pito sa 10 magsasaka ang walang lupa o di kaya’y walang ligal na patunay na kanila ang lupa o kontrol dito. Papaliit ang abereyds na laki ng parselang binubungkal nila, kabilang ang mga lupang nakalaan sa pagtatanim ng bigas. Sa kabilang panig, nananatiling buo ang mga asyenda at mga komersyal na plantasyon. Sa kasalukuyan, mayroong 1.2 milyong ektaryang lupa ang nakatuon sa pagtatanim ng saging, pinya, palm oil at iba pang cash crop na pang-eksport. Dagdag na 1.9 milyong ektarya ang nakalaan para sa ekspansyon ng mga ito.

“Sa araw na ito, ipinatatampok ng kababaihang magsasaka ang kasalukuyang pakikibaka laban sa kawalan ng lupa, at ang kainutilan ni Marcos Jr sa pagresolba sa nagpapatuloy na problema sa lupa,” pahayag naman ng Amihan, grupo ng magsasakang kababaihan. “Sa kanayunan, laganap ang malawakang pang-aagaw ng lupa, pagpapalayas at pagpapatindi ng agresyong

pangkaunlaran na nagreresulta sa papatinding paglabag sa karapatang-tao at pasistang pang-aatake sa kababaihang magsasaka at kanilang mga pamilya.”

Bago tumungo sa Mendiola, nangalampag sa harap ng upisina ng Department of Agrarian Reform sa Quezon City ang mga magsasaka para singilin ang kagawaran sa daan-daang nakabinbin na sigalot sa lupa at mga kaso sa lupa na hindi pa nareresolba hanggang sa ngayon.

“Malaking kasinungalingan ang sinasabi ng DAR at ni Marcos Jr na “emancipation” o paglaya ng mga magsasaka. Patuloy na nakikipaglaban ang mga magsasaka para sa kanilang karapatan sa lupa at para sa pagkakamit ng tunay na repormang agraryo,” ayon kay Danilo Ramos, tagapangulo ng KMP.

Kasamang nangalampag sa kagawaran ang mga magsasaka ng Hacienda Tinang sa Concepcion, Tarlac na ilang buwan nang pabalik-balik sa kagawaran at pinapaasa lamang ng mga upisyal nito. Naroon din ang mga magsasaka mula sa Barangay Kaybanban, San Jose Del Monte City na nakaambang mapalayas dahil sa pang-aagaw ng lupa ng Borough Realty.

Naroon din ang mga magsasaka mula sa Hacienda Luisita at ang mga magsasaka at residente mula sa Barangay Anunas, Angeles City. Sila ang mga magsasakang may hawak na mga papeles at bayad sa amortisasyon pero ngayon ay inaagawan at pinalalayas ng mga land developer matapos

kanselahin ng DAR ang kanilang mga Certificate of Land Ownership Awards (CLOA).

Samantala, tinuligsa ng mga magsasaka mula sa Negros ang programang Support to Parcelization of Land Individual Titles (SPLIT) na marahas na ipinatutupad sa isla.

Hustisya para sa mga biktima ng masaker sa Sagay, muling ipinanawagan

Oktubre 21, 2023

Sa ika-5 anibersaryo ng Masaker sa Sagay, muling ipinanawagan ng mga grupong magsasaka ang hustisya para sa siyam na magsasaka at manggagawang bukid na pinaslang ng mga sundalo at paramilitar sa Hacienda Nene, Barangay Bulanon, Sagay City, Negros Occidental noong Oktubre 20, 2018.

Kasama sa mga pinaslang sa Sagay ang apat na babae at dalawang menor-de-edad. Mga myembro sila ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) na nagsasagawa noon ng bungkalan o sama-samang pagsasaka sa lupa.

Ang naturang lupa ay tatlong beses nang binigyan ng Department of Agrarian Reform ng “notice of coverage” na ibig sabihin ay dapat na itong ipamahagi sa mga magbubungkal. Gayunpaman, tatlong beses din itong kinansela ng parehong kagawaran at nanatiling nasa kamay ng panginoong maylupa.

“Ang kakulangan ng ahensya ng DAR at ng gubyrerno para suportahan ang pangangailangan ng mga magsasaka ang nagtutulak sa kanila na maghanap ng mga alternatibong mapagkakakitaan para ibsan ang gutom at kahirapan na resulta ng kawalan ng lupa, di nakabubuhay na sahod at mga benepisyo at kawalang trabaho sa panahon ng tiempo muerto,” pahayag ng NFSW.

“Ang mag-organisa ay sinusupil, at ang maggiit ng karapatan ay pinapatay—ito ang sinapit noong 2018 ng Sagay 9,” pahayag naman ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura. “Wala pa ring lupa ang pito sa kada 10 pesante, at itinutulak sila ng gayong abang kalagayan sa mapansamantalang relasyong sahurang.

Sa Negros, ang sentro ng mga asyenda sa bansa, mapalad na ang magtutubong tumatanggap ng ₱1,500 sa isang linggo—mababa pa sa minimum na sahod sa rehiyon na kung tuparin man ay sahod-alipin lamang.

Daan-daanlibo, nagprotesta sa UK para ipatigil ang pambobomba ng Israel sa Gaza; mga unyon nanawagan ng embargong militar

Oktubre 22, 2023

Tinatayang umabot sa 200,000 ang nagrali kahapon sa iba’t ibang bahagi ng London, United Kingdom, para ipanawagan ang kagyat ng pagdedeklara ng tigil-putukan sa Gaza at pagpasok ng kinakailangang ayuda, sa gitna ng walang awat na pambobomba dito ng Israel.

Bahagi ang pagkilos na ito sa tuluy-tuloy at walang awat na mga protesta na inilulunsad ng iba't ibang mamamayan sa buong mundo bilang pakikiisa sa Palestine at laban sa henosidyo ng Israel.

Ang pagkilos ay pinangunahan ng Solidarity Campaign, Friends of Al-Aqsa, Stop the War Coalition, Muslim Association of Britain, Palestinian Forum in Britain, at Campaign for Nuclear Disarmament. Kabilang sa mga nagmartsa ang mga Palestinian na nakabase sa UK, na nangangarap makauwi sa malaya nilang lupang tinubuan. Tinatayang nasa 60% ng kabuuang populasyong Palestinian ay naninirahan sa iba't ibang bahagi ng mundo bilang mga migrante at refugee.

Dagdag sa tigil-putukan, pangunahing panawagan ng mga raliyista ang kagyat na pagpapapasok sa makataong ayuda tulad ng pagkain at gamot sa milyun-milyong Palestinong nagdurusa sa Gaza. Sa ngayon, mahigpit ang pagkasakal ng Israel sa buong Gaza at hinaharang nito ang pagpasok ng ayuda sa lugar.

Naganap ang rali matapos hinarang ng US noong Oktubre 18 ang resoluyon sa United Nations Security Council na nananawagan para sa isang "humanitarian pause" o panandaliang pagtigil ng armadong pang-aatake para bigyan-daan ang paglikas ng mga sibilyan at pagpasok ng kinakailangang ayuda.

Sa araw ding iyon, Oktubre 21, libu-libo ang nagmartsa sa Los Angeles at iba pang bahagi ng

US para manawagan ng tigil-putukan, at pagtigil ng ayudang militar ng US sa Israel. Lumalakas ang panawagan ng mamamayang Amerikano sa gubyerno nito at sa presidente ng bansa na si Joseph Biden na itigil nito ang lahat ng ayudang militar sa Israel.

Nagkaroon din ng mga pagkilos The Netherlands, Canada, Ireland at maraming iba pang bansa. Sa Pilipinas, isinagawa ng mga estudyante ang Youth Solidarity March for Palestine sa loob ng University of the Philippines-Diliman.

Samantala, tinugunan ng malalaking unyon sa India, Canada at Brazil ang panawagan ng mga unyong Palestino sa kapwa nila manggagawa sa mundo na makiisa sa kanilang pakikibaka at pigilan ang anumang pagmanupaktura at pagbenta ng armas sa Israel.

Sinuportahan ito ng CUT, pinakamalaking pederasyon ng mga unyon sa Brazil na na kumakatawan sa 7.4 milyon manggagawa. Sa Canada, nagpasa ng resolusyon ang Labour Against the Arms Trade para ipanawagan sa kanilang gubyerno ang pagpataw ng arms embargo sa Israel. Hinimok naman ang All India Central Council of Trade Unions (@AICCTUHQ), ang lahat ng mga kasapi nito na magkaisa at iboykot ang pagmamanupaktura o pagpapadala (loading) ng armas at gamit militar na papuntang Israel. Kinakatawan ng AICCTU ang 600,000 manggagawa sa India.

Sa pinakahuling ulat ng Health Ministry ng Gaza, umaabot na sa 4,137 ang napatay ng mga bomba

ng Israel, kabilang ang 1,756 bata. Isa sa pinakahuling tinariget nito ang simbahang Orthodox sa Gaza City, na tinatayang mahigit 1,600 taon nang nakatayo. Di bababa sa 18 ang napatay nang bombahin ang simbahang ito.

Kumpanya sa konstruksyon ng kroni ng mga Duterte, pinarusahan ng BHB

Oktubre 23, 2023

Pinaralisa ng mga operatiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-North Central Mindanao ang dalawang backhoe ng Ulticon Builders Incorporated (UBI) noong Oktubre 16 ng alas-10:40 ng umaga sa Sityo Mahagwa, Barangay Happa, Impasug-ong, Bukidnon. Ang UBI ay kroning kumpanya sa konstruksyon ng mga Duterte na kumopo ng malalaking pampublikong kontrata.

Ang UBI ay isa sa mga nangungunang kumpanyang nagtatayo ng mga daanan sa North at South Mindanao na ginagamit ng malalaking burgesyang kumprador para padaliin ang pagpasok at operasyon ng mga dayuhang mina, ekspansyon ng komersyal plantasyon at mga planta ng enerhiya sa mga lupang agrikultural at lupang ninuno.

Matatagpuan sa Northern Mindanao ang pinakamaraming komersyal na plantasyon, na sumasaklaw sa 127,000 ektaryang lupaing pang-agrikultura. Ang Dole, Davco at Del Monte na sumasaklaw ng buu-buong mga komunidad at lupaing ninuno sa pitong bayan sa prubinsya, ay

target na magpalawak pa ng aabot sa 80,000
ektarya rito at karatig na Misamis Oriental.

Kung susuriin mula sa datos ng Department of
Public Works and Highways (DPWH) Region 10,
noon pa lamang unang kwarto ng taon ay binigyan
na ng gubyrerno ang UBI ng 20 proyekto sa
rehiyon na nagkakahalaga ng ₱2.13 bilyon.
Karamihan sa mga proyektong ito ay pagtatayo ng
mga bagong kalsada at “rehabilitasyon.”

Malaki rin ang kinita ng UBI sa mga proyektong
Support to Barangay Development Program
(SBDP) na pork barrel ng mga heneral ng Armed
Forces of the Philippines (AFP) at National Task
Force-Elcac. Mayroong 303 barangay na nilaan
ng ₱3.2 bilyon sa buong Northern Mindanao, kung
saan 157 dito ay sa Bukidnon na may pondong
₱1.77 bilyon.

Noong 2021 ay pinatawan na ng parusa ng BHB
ang UBI dahil sa pagsira nito sa kalikasan at pag-
abuso sa mga manggagawa. Notoryus ang
kumpanya sa napakababang sahod, hindi
pagbabayad ng 13th month pay at iba pang
benepisyos. Hindi rin ito nagbigay ng bayad-pinsala
sa mga nasirng bahay, sakahan at gamit ng mga
residente sa panahon ng konstruksyon nito.

Ang kumpanya ay regular din na nagkakaloob ng
mga proyektong imprastruktura sa militar bilang
suhol para protektahan ang mapangwasak na mga
konstruksyon nito. Kabilang sa mga proyekto nito
ang pagpapaunlad sa kampo ng 8th IB sa
Barangay Poblacion, Impasugong noong Hulyo
2019.

Ang Ulticon, itinayo noon pang 1993, ay pinamumunuan ni Carlos Gonzalez. Anak niya ang ngayo'y kinatawan ng partylist na MARINO at deputy majority leader sa mababang kapulungan na si Lisandro Gonzalez. Bahagi rin siya ng mga nagpapatakbo sa UBI. Isa si Lisandro Gonzalez sa masusugid na tagasuporta ng mga panukala ng rehimeng Marcos Jr, kabilang na ang Maharlika Investment Fund.

Mamamahayag sa Metro Manila, muling ginigipit

Oktubre 24, 2023

Muling kumakaharap sa panggigipit ang mamamahayag na si Lady Ann Salem, patnugot ng Manila Today, matapos maghain ng apela ang Office of Solicitor General (OSG) sa Korte Suprema noong Setyembre para baligtarin ang desisyong palayain si Salem at kasama niyang hinuli na si Rodrigo Esparago, isang organisador ng manggagawa. Inaresto ang dalawa sa mga kasong illegal possession of firearms and explosives noong Disyembre 2020.

Inihain ng OSG ang apela nito dalawang linggo matapos matalo sa petisyon para sa creatori sa Court of Appeals na humihiling na muling buksan ang mga kaso laban kina Salem at Esparago, dalawa sa tinaguriang "HRDay7" o mga aktibistang iligal na inaresto noong Disyembre 10, 2020. Ang writ of creatori, kung ipagkakaloob ng korte, ay mag-aatas sa mas mababang korte na ibigay ang lahat ng mga dokumentong may

kaugnayan sa kaso sa mas mataas na korte para irebyu.

Sa ibinasurang apela, inakusahan ng OSG si Mandaluyong Regional Trial Court Branch 209 Judge Monique Quisumbing-Ignacio ng labis na pag-abuso sa pagwawalang-bisa sa mga mandamyento de arestong ginamit laban kina Salem at Esparago. Ang desisyong ito ng husgado ang nagpalaya sa dalawang biktima matapos ang halos tatlong buwang pagkakakulong. Iginiit ng OSG na dapat muling buksan ang kaso sa antas ng trial court.

Sa muling pag-apela ng OSG sa Korte Suprema, parehong mga argumento ang ginamit nito para muling pabuksan ang naturang mga kaso. Ang mga puntong ito rin ang sinagot ng Court of Appeals at kumatig sa desisyon ng trial court pabor kina Salem at Esparago.

Ayon sa grupong Karapatan-National Capital Region sa isang panayam sa alternatibong midya, kabalintunaan na ang estado ay paulit-ulit na nag-aapela sa kasong ito gamit ang pondo ng bayan at rekursyo ng gubyrno para lamang igiit ang gawagawang mga kasong ito laban kina Salem at Esparago.

Samanatala, ipinabatid naman ni Salem ang kanyang pag-asa na muli silang mananalò sa kaso, “na mananaig ang katotohanan at ang hustisya, at nawa ang katulad na tagumpay ay magkaroon ng kahulugan para sa iba pang katulad na mga kaso.” Pinatutungkulan ng mamamahayag ang mga kasong patuloy na kinahaharap nina Joel Demate,

Mark Ryan Cruz, Jaymie Gregorio at Romina Astudillo, ang natiring apat sa HRDay7 na nakakulong hanggang sa kasalukuyan.

Mga krimen sa digma ang pagpatay ng Israel sa mga batang Palestinian—NDFP

Oktubre 24, 2023

Mahigpit na kinundena ni Kasamang Coni Ledesma, pinuno ng espesyal na tanggapan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) para sa proteksyon ng mga bata, ang pagpatay sa mahigit nang 2,000 batang Palestinian sa kampanyang henosidyo ng Zionistang rehimeng Israel sa Gaza.

“Ang mga ito ay mga krimen sa digma at dapat lamang kundenahin ng internasyunal na komunidad,” ayon kay Ledesma sa kanyang pahayag ngayong araw.

Ayon sa mga ulat, isang batang Palestinian ang pinapatay ng mga bomba ng Israel kada 15 minuto simula noong Oktubre 7. Hanggang kahapon, Oktubre 23, hinddi bababa sa 2,055 nang mga bata ang kabilang sa 5,087 pinatay ng Israel mula Oktubre 7. Ibig sabihin, 100 bata kada araw ang marahas na pinapatay ngayon sa Palestine. Kasama ang mga bata sa milyun-milyon pang pinahihirapan sa walang awat na pambobomba at pagputol ng Israel ng suplay sa tubig, kuryente at panggatong sa Gaza. Kabilang sa nasa panganib ang buhay ng di bababa sa 120 bagong silang na

sanggol na nasa neonatal intensive care unit sa isang malaking ospital sa Gaza.

Kinundena rin ni Ledesma ang US sa patuloy na pag-arms at pagsuporta nito sa Zionistang estado ng Israel na aniya'y "susing tagapagtaguyod ng proxy war (ng US) sa rehiyon sa layuning konsolidahin ang mga rekurso sa langis sa Middle East."

Habang dapat papanagutin ang Zionistang rehimeng Netanyahu sa mga krimen sa digmang ito, dapat ring papanagutin ang US sa panunulsol nito ng sigalot at gera sa rehiyon (Middle East), ani Ledesma.

Kinundena rin ng kanyang upisina ang designasyon ni Ferdinand Marcos Jr sa Hamas bilang "terorista" na tinawag nitong "desperadong pangangayupapa" sa kanyang imperyalistang amo.

"Walang moral ascendancy si Marcos Jr na tawaging terorista ang armadong paglaban ng mga Palestinian lalupa at may madugo itong rekord ng terorismo ng estado laban sa mamamayang Pilipino," aniya. "Katulad ng pambansa-demokratikong rebolusyon na kasalukuyang isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan sa kanayunan ng Pilipinas, hinding-hindi maaaring ituring na akto ng terorismo ang pakikibakang Palestinian para sa kalayaan at pagpapasya-sa-sarili."

Naninindigan ang NDFP para sa mamamayang Palestinian at kinikilala nito ang karapatan nilang humawak ng armas at magsulong ng armadong

pakikibaka sa konteksto ng mahabang kasaysayan ng pasistang okupasyong militar, at laluna sa harap ng opensibong henosidyo ng mga pwersang Israeli na suporta ng US.

“Nananawagan kami sa international na komunidad na kundenahin ang malawakang pagpatay ng Israel sa mga bata at igiit ang proteksyon ng mga karapatan ng bata alinsunod sa mga alintuntunin sa digma at internasyunal na makataong batas,” aniya.

Rep. Castro, nagsampa ng kaso laban kay Duterte

Oktubre 24, 2023

Nagsampa ngayong araw, Oktubre 24, ng kaso ng malalang pambabanta si House Minority Deputy Leader at ACT Teachers Rep. France Castro laban kay dating presidente Rodrigo Duterte sa isang korte sa Quezon City. Kaugnay ito sa pahayag ni Duterte na “gusto niyang patayin” si Castro at mga katulad niya na inere sa Sonshine Media Network International, isang network sa telebisyon na pag-aari ng alipures nitong si Apollo Quiboloy. Isinampa ni Castro ang kaso alinsunod sa Article 282 ng Revised Penal Code.

Suportado ng grupong Karapatan ang pagsasampa ng kaso. Ayon kay Cristina Palabay, pangkalahatang kalihim ng grupo, ipinakikita lamang ng pambabanta ni Duterte laban sa itinuturing nitong mga kaaway na patuloy na umiiral ang climate of impunity o kultura ng kawalang-pakundangan na ginamit ni Duterte

para ilusot ang kanyang mga krimen noong presidente pa siya.

Ginawa ang pagsasampa matapos buong sinuportahan ng Mababang Kapulungan si Castro. Sa isang pahayag noong Oktubre 14, ipinahayag ng mga mambabatas na lubos nilang itinatakwil ang pambabanta ni Duterte sa isang myembro ng Kamara. Nag-alok din ang Kamara ng proteksyon kay Castro, kung nanaisin niya. Ang pambabanta ay reaksyon ni Duterte sa paglipat ng Kamara sa confidential at intelligence funds ng kanyang anak na si Sara Duterte sa ibang ahensya.

“Ang insidenteng ito ay malagim na paaalala sa mga panganib na kinakaharap ng mga nangangahas magsalita at lumaban para sa mga karapatan at kagaligan ng mamamayang Pilipino,” pahayag ni Rep. Castro noong nakaraang linggo. “Mahalaga na ipagpatuloy natin ang paggalang sa kalayaan sa pagpapahayag at protektahan ang mga boses ng nakikibaka.”

87th IB, 1 linggong binomba ang isang bayan sa Western Samar

Oktubre 25, 2023

Nagdulot ng labis na takot at perwisyo sa mga residente ang isang linggong pambobomba at panganganyon ng 87th IB sa mga sakahan sa mga barangay ng San Nicolas at Aguingayan sa San Jose de Buan, Western Samar noong Setyembre 23 hanggang Setyembre 29. Araw-gabi ang pambobomba ng militar gamit ang 105mm at 155mm howitzer nito.

Noong Setyembre 23 lamang, di bababa sa 17 beses nanganyon ang mga sundalo mula alas-8 ng gabi hanggang alas-4 ng madaling araw. Sa sumunod na araw, hindi bababa sa 30 na bomba ang pinasabog ng AFP.

Dagdag perwisyo sa mga residente ang pagbabawal ng militar sa mga magsasaka na anihin ang kanilang mga palay dahil sa pambobomba at mga operasyong kombat nito.

Lubhang nangangamba ang mga magsasaka na mabulok ang palay sa kanilang mga sakahan kung hindi agad maani lalo na ngayon na mahal ang presyo ng bigas.

Hindi ito ang unang pagkakataon na nabulok lamang ang kanilang pinaghirapan dahil sa pag-atake ng pesteng militar. Ayon sa mga magsasaka, mabuti pang atakehin ng mga pesteng kulisap at daga ang kanilang palay, kaysa atakehin ng mga pesteng militar.

Giit nila, kahit papano ay may naaani pa sila kung mga kulisap at daga ang namemeste, pero kapag ang militar ang umatake talo pa nito ang kahit anong peste dahil wala na silang maaning palay. Sa halip ay labis na takot at kagutuman ang kanilang naaani.

Sa linggong iyon ay natigil din maging ang klase ng mga eskwelahan sa San Jose de Buan matapos pauwiin ng mga titser ang mga estudyante dahil sa takot sa sunod-sunod na panganganyon.

Sa ulat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar, magkahalong takot at galit ang

nararamdaman ng mamamayan sa walang habas na pambobomba. Labis na naliligalig ang kanilang mapayapang pamumuhay, nawawasak ang kabuhayan at troma na dulot ng pambobomba, laluna sa mga bata at kababaihan.

“Lalo lamang itinutulak ng militar ang mamamayan na humawak ng armas para ipagtanggol ang kanilang karapatang-tao at kabuhayan,” giit ng kumand ng BHB sa prubinsya. Hinikayat din nila ang mga biktima ng terorismo ng estado na manindigan at lumaban sa pagsali sa BHB.

Koordinadong protesta kontra taas-presyo ng petrolyo, inilunsad

Oktubre 25, 2023

Nagsagawa ng koordinadong protesta ang mga drayber at opereytor ng dyip, kasama ang mga manggagawa at maralitang tagalunsod kahapon, Oktubre 24, para batikusin ang muling pagtataas ng presyo ng mga produktong petrolyo sa ika-13 pagkakataon mula noong Hulyo. Sa huling pagtataas, tinatayang umabot na sa ₱19/litro ang idinagdag sa diesel habang halos ₱14/liter ang nadagdag sa presyo ng gasolina at kerosene.

Ang pagkilos ay isinagawa ng mga kasaping asosasyon ng Piston (Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide) sa pitong lokasyon sa Metro Manila, at sa Baguio City at Cebu City. Isang araw bago nito, nagprotesta rin ang mga drayber at opereytor sa Iloilo City at Bacolod City.

Nagpahayag ng pangamba ang Piston na “sasamantalain ng mga kumpanya at kartel ng langis ang patuloy na mga atake ng Israel sa mga Palestino upang lalong itaas pa ang presyo ng produktong petrolyo.” Giit ng grupo na ang lumalalang karahasan ay maaaring magdulot ng matinding kaguluhan sa rehiyon ng Middle East at makaaapekto sa suplay ng langis sa mundo.

“Pinagkakakitaan ng mga kumpanya ng langis ang digmaan sa rehiyon upang higit na taasan ang presyo ng langis na lubhang nakakaapekto sa kita at kabuhayan ng mga tsuper, operator, at mga pasahero ng pampublikong transportasyon,” ayon pa sa Piston.

“Kailangan nang panagutin ang mga ganid na oil company sa overcharging nila sa presyo ng langis sa bansa. At malinaw na kakuntsaba nila si Marcos Jr kasi wala siyang ginagawa para mapababa at makontrol ang napakataas pa ring presyo ng langis,” giit ng grupo.

Binatikos ng Piston ang kainutilan ng rehimeng Marcos Jr na kontrolin ang presyo ng petrolyo sa bansa dahil sa pag-iral ng Oil Deregulation Law na nagtanggag ng kakayahan sa estado na kontrolin ang presyo nito.

Anila, hindi lamang sektor ng pampublikong transportasyon ang nilulumpo ng sunud-sunod na taas-presyo kundi dagok din ito sa karaniwang mamamayan dahil magdudulot ito ng pagtataas sa presyo ng mga pangunahing bilihan.

Sa mga pagkilos, inihayag din ng mga drayber at opereytor ang kanilang panawagan na ibasura ang PUV phaseout at ibalik sa limang taon ang kanilang prangkisa. Sa darating na Disyembre 31, 2023 ay ipatutupad na ng rehimeng Marcos ang dedlayn sa franchise consolidation na papatay sa kabuhayan ng mga drayber at opereytor.

Panggigipit sa pahayagang pangkampus sa Leyte, binatikos

Oktubre 25, 2023

Kabi-kabilang pagbatikos ang kinaharap ng administrasyon ng Leyte Normal University (LNU) sa Tacloban City matapos gipitin nito ang pahayagan ng mga estudyante na An Lantawan. Noong Oktubre 23, nakatanggap ang pahayagan ng atas mula sa administrasyon na nagbabawal sa paggamit ng logo at pangalan ng kanilang publikasyon dahil hindi sila diumano “accredited.” Ayon sa mga mamamahayag at mga grupo, lantrang itong pagbusal sa malayang pamamahayag.

Ayon sa mga alumni ng An Lantawan, nagulat sila sa aksyong ito ng administrasyon na sinabi nitong “unang pagkakataon sa kasaysayan” na kinailangang magparehistro ng publikasyon. Kataka-taka din umano ang panahon at pagkakataon ng “akreditasyon” laluna at kasunod ito ng tuminding pakikialam ng administrasyon sa nilalaman ng publikasyon.

Sa nagdaang taon, binalaan ng LNU ang patnugutan ng An Lantawan matapos maglathala

ito ng isang kritikal na artikulo kaugnay ng isang pampulitikang rali noong Abril 9, 2022. Noong Hulyo naman, sinampahan ng kasong cyberlibel ang punong patnugot ng pahayagan ng isang kandidato sa eleksyon ng konseho ng mga mag-aaral sa LNU. Gayundin, basta-bastang sinibak ang naturang punong patnugot at buong patnugutan noong Hulyo 28.

“Dagdag pa dito, sinabihan din ang An Lantawan na umiwas sa paglalabas ng mga upinyon at editoryal na kritikal sa kasalukuyang pampulitikang sitwasyon,” pagbabahagi ng alumni ng pahayagan. Sa harap nito, anila, malinaw na may intensyong isensor ang pahayagan sa tabing ng administrasyon na “akreditasyon.”

Nagpahayag ng pakikiisa ang College Editors Guild of the Philippines (CEGP) -Eastern Visayas at pambansang pamunuan ng CEGP sa publikasyon at mga mamamahayag nito. “Hindi tama ang ganitong taktika na ipasailalim sa kontrol ng administrayon ang naturang publikasyon dahil sila ay isang independyenteng institusyon na may editorial autonomy,” giit ng CEGP-Eastern Visayas.

Anila, ang panunupil na ito ay manipestasyon kung gaano ka-regresibo ang mga may-ari ng pamantasan sa Pilipinas na “layuning patahimikin ang mga boses na lumalaban at nagsisiwalat ng katotohanan.” Bilang suporta, pinatatampok ngayon ng mga mamamahayag ang kampanyang #WeAreAllAnLantawan o “kaming lahat ang An Lantawan”.

Dalawang kabataang babae, ginahasa ng mga sundalo ng 94th IB

Oktubre 26, 2023

Ginahasa ng mga sundalo ng 94th IB ang dalawang babae, kung saan isa ay menor-de-edad, sa Barangay Carabalan, Himamaylan City, Negros Occidental noong huling linggo ng Agosto ayon sa reklamo na natanggap ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-South Central Negros. Kabilang sa mga biktima ang isang 15-anyos na dalagita.

Naganap ang panggagahasa nang magdaos ng bayle (sayawan) ang mga sundalo sa barangay noong huling linggo ng Agosto. Sa gabi ng sayawan, nasaksihan ng mga residente ang paglapit ng limang lalaking nakasibilyan na sundalo ng 94th IB at pilit na hinawakan ang kamay ng isang dalagita (15 anyos) at isa naman na 18-21 anyos, para pwersahing sumama sa kanila.

Ayon sa mga residente, namukhaan nila ang lima at tinukoy ito bilang myembro ng 94th IB dahil kasama sila sa nagsasagawa ng Retooled Community Support Program (RCSP) sa kanilang lugar. Kinaumagahan, kumalat sa buong sityo at karatig sityo nito ang nangyari sa mga dalaga. Ayon sa pamilya ng mga biktima, pinauwi ang mga dalaga na suot ang uniporme ng militar matapos silang gahasain.

Isang araw matapos ang insidente, dahil sa kahihyan at hindi maiwasang pagkalat ng balita, biglaang iniatras ang yunit ng RCSP ng 94th IB sa

nasabing lugar at higit isang linggo bago sila ulit makabalik.

Ginagamit ng AFP ang mga aktibidad tulad ng bayle at pagpapalaro ng basketbol sa mga kabataan sa imbing layunin kunin ang loob ng mga residente ng barangay. Ito ay matapos ang walang-tigil na operasyong kombat na pumerwisyo sa kanila mula Hulyo 25 hanggang Setyembre. Nagkampo ang mga sundalo sa simbahan at kabahayan ng magsasaka sa Sityo Cunalom-Lunoy sa panahong ito.

Sa panahon ng operasyong militar, naiulat ng mga residente ang hindi makatarungang pag-aresto sa dalawang matanda, panggigipit sa anim na magsasaka, at mga tinatawag nitong “loud speaker operations” kung saan nagpapakalat ng kasinungalingan ang 94th IB.

Samantala, binatikos ng BHB-South Central Negros ang pagtuturo ng Philippine National Police (PNP) Himamaylan City sa Pulang hukbo bilang sangkot sa krimen ng panggagahasa sa isang “imbestigasyon” nito. Anito, ginagamit itong taktika ng pulis para tanggalin ang pananagutan sa 94th IB at dungisan ang pangalan ng hukbong bayan.

Kilusang tutol sa confidential funds ng guberno, binuo

Oktubre 26, 2023

Nagtipun-tipon ang iba’t ibang grupo at personahe mula sa iba’t ibang sektor kahapon,

Oktubre 25, sa University of the Philippines (UP)-Diliman para buuin ang #AbolishConfidentialFunds Network. Ang network ay magbubuklod sa mga pagsisikap na itulak ang pagtatanggal ng confidential at intelligence funds (CIF) sa pambansang badyet sa 2024, upang ilaan ito sa serbisyong panlipunan.

Sa panukalang pambansang badyet sa 2024, ₱10.14 bilyon ang nakalaan para sa confidential at intelligence fund (CIF) para sa mga upisina ng presidente, bise presidente at iba't ibang ahensya. Sa panukalang ito, nakalagay ang alokasyon na ₱5.277 bilyon para sa "intelligence" o "gastusing paniktik" at ₱4.864 bilyon bilang "confidential expenses" o "mga lihim na gastusin." Mas mataas ito nang ₱120 milyon kumpara sa CIF ngayong taon at 957% na mas malaki kumpara sa CIF noong 2001.

Hindi na bago ang CIF. Sa ilalim ng rehimeng Gloria Arroyo noong 2001, ₱959.5 milyon ang kabuuang CIF. Todong lumobo ito sa panahon ni Rodrigo Duterte, na mula 2016 ay nilaan ng ₱1.7 bilyon, at lumobo tungong ₱6.8 bilyon noong 2017.

Nakiisa sa pagbubuo ng network ang mga grupong Bagong Alyansang Makabayan, 1Sambayan, Bunyog-Pagkakaisa, Movement for Good Governance and Genuine Democracy at iba pa. Nagtalumpati ang mga kinatawan sa kongreso ng ACT Teachers Partylist at Gabriela Women's Party na nanguna sa pagtuligsa sa CIF sa mga pagdinig sa pambansang badyet.

Sa manipesto ng pagkakaisa na pinirmahan ng mga organisasyon, ipinahayag nila ang pagtutol sa “lihim na paggamit ng pondo ng bayan.” Anito, ang ganitong tipo ng pork barrel funds na lump sum at discretionary ay ginagamit sa kwestyunableng layunin at paraan.

Kabilang sa pinuna ng network ang lantarang pangungurakot ng kasalukuyang rehimen sa pondo noong 2022 nang inilipat nito ang ₱221.4 milyon mula sa “contingency fund” ni Marcos tungo sa upisina ni bise presidente Duterte. Sa halagang ito, ₱125 milyon ang inilaan para sa “confidential funds” ng bise presidente, na batay sa mga dokumento, ay nagasta sa loob lamang ng 11 araw.

Giit nito, dapat buwagin ng mga mambabatas ang lahat ng tipo ng confidential funds sa baydet ng 2024. Dapat din umanong papanagutin ang mga upisyal ng gubyrerno, mula lokal hanggang pambansa, na naglustay at nag-abuso sa kanilang mga CIF at iba pang katulad na pondo.

“Lalabanan namin ang sistematikong pagwawaldas at pandarambong sa kaban ng bayan laluna sa pinakamataas na antas ng pamamahala,” ayon pa sa manipesto. Iginiit nila na ang pondong CIF ay dapat ilaan na lamang sa sektor ng kalusugan, edukasyon, pabahay, at serbisyong panlipunan.

Blokeyo sa pagkain, nagdulot ng gutom sa 2 barangay sa Quezon

Oktubre 27, 2023

Nagdudulot ng malawakang kagutuman at kahirapan ang blokeyong pang-ekonomya na ipinapataw ng mga yunit ng 2nd ID sa mga barangay ng General Nakar, Quezon. Ang blokeyo ay ipinataw ilang linggo mula nang simulan ng 80th IB, 1st IB at Special Action Forces ng pulis ang kanilang operasyong militar sa naturang bayan noon pang Setyembre. Pangunahing nakararanas ng kalupitang militar ang mga residente ng Barangay Lumutan at Barangay Pagsangahan.

Sa Barangay Lumutan (may populasyong hindi bababa sa 1,200), tanging prutas na lucban (pomelo) na lamang ang kinakain ng ilang pamilya dahil limitado ang nabibiling bigas sa tindahan kung panahon ng “kawitang palakol” o walang hanapbuhay dulot ng tag-ulan, at walang makain ang mga tao bago ang anihan. Dulot ito ng pagkontrol ng militar sa binibili at ipinapasok na bigas ng maliliit na negosyante sa barangay.

Ganito rin ang kalagayan ng mga residente sa Barangay Pagsangahan (may populasyong hindi bababa sa 1,700). Sa Sityo Yukyok, iniulat ng mga residente na halos wala nang laman ang mga tindahan ngunit nililimitahan pa sa tiglimang kilong bigas ang mabibili ng bawat pamilya. Lubhang kulang ito para sa malalaking pamilyang magsasaka na subsob sa maghaponing pisikal na trabaho. Hinaharang din ng mga sundalo at pulis maging ang kanilang pagtanim at pag-aasikaso sa bukid.

Liban pa dito, hindi na makakilos ng maayos ang mga residente dahil sa takot laluna tuwing may

balita ng presensya ng militar o pulis sa kanilang komunidad. Bantog ang mga yunit ng 80th IB, 1st IB at SAF sa mga paglabag sa karapatang-tao kaya laging aligaga ang mga residente.

Ang mamamayan sa bayan ng General Nakar ay malaon nang tinariget ng militarisasyon at operasyong kombat ng militar dahil sa kanilang pagtutol sa pagtatayo ng proyektong Kaliwa-Kanan-Laiban Dam na magpapalayas sa buu-buong komunidad ng mga katutubo, pareho sa Rizal at Quezon.

Kinatawan ng organisasyon ng mga Katolikong obispo, kumalas sa NTF-Elcac

Oktubre 27, 2023

Matapos ang sunud-sunod na pagtutol ng iba't ibang organisasyong ekyumenikal at mga taong-simbahan, inianunsyo ng komisyon sa pampublikong ugnayan ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) ang pagkalas nito sa pasistang makinarya ng National Task Force (NTF)-Elcac noong Oktubre 23. Kinumpirma ito ni Father Jerome Secillano, kalihim sa ehekutibo ng komisyon.

Mistulang pagbunot sa tinik sa dibdib ang pagkalas na ito para sa Student Christian Movement of the Philippines (SCMP). "Gumaan ang aming loob sa anunsyong ito na kakalas [ang CBCP] sa ahensya ng gubyerno na bantog bilang isa sa pinakamatitinding lumalabag sa

karapatang-tao,” ayon kay Kej Andres, pambansang tagapangulo ng SCMP.

Naunang binatikos ng SCMP, gayundin ng mga organisasyon sa ilalim ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), at mga grupo sa karapatang-tao ang pagpapaloob sa ahensya at potensyal na magagamit ng NTF-Elcac ang CBCP. Nagbabala ang Bayan noon na “dapat mag-ingat ito (CBCP) kung ano ang sasaklawin ng “ugnayan” (nito) sa NTF-Elcac at ang implikasyon nito sa aktwal, sa mga lokalidad at sektor na pinupuntirya ng terorismo ng estado”

Idinahilan noon ng CBCP ang laganap na Red-tagging sa kanilang mga kasapi bilang rason sa pagpasok nila sa pasistang task force. Anito, tuluy-tuloy itong makikipag-ugnayan sa usaping ito kahit kumalas na ito sa task force. Kabilang sa pinakahuling pinupuntirya ng militar si Most Rev. Gerardo Alminaza, obispo ng San Carlos, Negros Occidental dahil sa kanyang matapang na pagtindig para sa karapatang-tao ng mamamayan sa isla.

Sangkot ang NTF-Elcac sa pagpapakalat ng malisyosong kasinungalingan, Red-tagging at iba pang mga paglabag sa karapatang-tao simula nang itinatag ito ng dating administrasyong Duterte.

Sa ilalim lamang ng rehimeng Marcos Jr, hindi bababa sa 94,448 ang naging biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao. Naitala ng Ang Bayan ang aabot sa 954 kaso (o higit dalawang kaso kada araw) ng mga paglabag sa karapatang-tao sa

buong bansa. May pananagutan ang NTF-Elcac sa mga paglabag na ito bilang ahensyang namumuno sa kampanyang kontra-insurhensya.

Paninindigan ng SCMP, dapat batikusin ang NTF-Elcac sa bulok na mandato nito sa militaristang pagresolba sa usapin ng gerang sibil sa Pilipinas. “Sa pamamagitan ng usapang pangkayapaan mareresolba ang mga ugat ng kahirapan sa bansa,” giit ng grupo.

Ang dapat umanong gawin ng mga simbahan at kanilang upisyal ay hikayatin ang layko para labanan ang Red-tagging, kahirapan, paglabag sa karapatang-tao at maling paggasta sa pondo at gamit ng publiko, pahayag pa ng SCMP.

Kriminal na pambobomba sa mga sibilyan ng huntang militar ng Myanmar, tumitindi

Oktubre 27, 2023

Umabot sa 28 indibidwal, kabilang ang 9 bata, ang namatay sa pambobomba ng huntang militar ng Myanmar sa Mung Lai Hkyet sa Kachin State noong Oktubre 9. Tinamaan ng pambobomba ang lugar na nagsisilbing sentro ng ebakwasyon ng mga pamilya na napalikas sa kani-kanilang mga lugar. Liban sa mga napatay, 60 ang nasugatan at malawakan ang naging pinsala sa mga imprastrukturang sibilyan. Kinundena ito ng mga grupong tagapagtanggol ng karapatang-tao bilang isang krimen sa digma.

Ayon sa mga nakaligtas, matagal nang binobomba ng hunta ang iba't ibang bahagi ng kanilang komunidad. Pero sa gabi ng Oktubre 9, naghulog ito ng malaking bomba sa sentro ng ebakwasyon na nag-iwan ng butas na 6-metro ang lalim at 500-metro ang lawak. Inabot ng mga shrapnel ang mga kabahayan sa isang kwadrado milya at sumira sa mga pinto at bubong ng mga bahay hanggang sa kalapit na burol. Umabot sa 200 bahay ang direktang nawasak ng bomba. Matapos bombahin, kinanyon ng hunta ang lugar.

Kabilang sa mga kumundena sa pambobomba ang International League of Peoples' Struggles. Sa pahayag nito, sinabi nitong liban sa pambobomba, tumataas ang bilang ng mga krimen ng huntang militar laban sa sibilyang populasyon. Anito, ayon sa Independent Investigative Mechanism for Myanmar (IIMM) na itinatag ng United Nations noong 2018, dumarami ang mga kaso ng krimen na isinasagawa na may "pinakamataas na antas ng pagmamalupit at pinsala sa biktima, katulad ng panggagahasa gamit ang bagay, at iba porma ng pagpapahiya, mutilasyon, gang o serial rape at sekswal na pang-aalipin."

"Katulad ng ginagawa ng Israel Defense Forces na malawakan at walang awat na pambobomba mula sa ere laban sa mamamayang Palestino, papalaki ang pagsalig ng hunta ng Myanmar sa mga pang-aatake mula sa ere, tinatawag ang kanilang mga target na mga terorista, at saka binobomba ang sibilyang populasyon," ayon sa ILPS.

Ang pambobomba sa Mung Lai Hkyet ay pinakahuli lamang sa mahabang listahan ng mga

krimen ng hunta. Noong Abril, 160 sibilyan ang pinatay ng isang airstrike sa rehiyon ng Sagaing sa bansa. Ayon sa isang talaan, dumalas ang mga pambobomba ng hunta mula Pebrero ngayong taon na madalas ay tumatarget sa mga sibilyan.

Panawagan ng grupo na kagyat na itigil ang pambobomba sa mga sibilyang komunidad at ang pagwawakas sa paghahari ng huntang militar.

Panunupil ng UST sa mga estudyante, binatikos

Oktubre 27, 2023

Nagprotesta ang estudyante ng University of Sto. Tomas (UST) noong Oktubre 25 para batikusin ang panggigipit ng administrasyon ng UST sa kasapi ng isang samahang kabataan. Ipinatawag ng administrasyon ang lider ng grupong Anakbayan-UST na si Allen Marc Ballesteros dahil sa paglabag diumano niya sa UST Code of Conduct PPS1027 na nagbabawal sa pagsali sa mga organisasyong “hindi kinikilala” ng pamantasan.

Si Ballesteros, estudyante sa senior high school, ay nakatanggap ng liham mula sa administrasyon ng UST noong Oktubre 24 para diumano pag-usapan at talakayin ang kanyang “paglabag.”

Ayon sa mga nagprotesta, ang aksyong ito ng administrasyon ay walang iba kundi “panunupil, pagpapatahimik at pagtapak sa karapatang mag-organisa at malayang pagpapahayag” laban sa progresibo sa loob ng pamantasan. Giit nila, hindi

lamang ito atake kay Ballesteros kundi lantarang paglapastangan sa kalayaang akademiko. Tinatapakan din umano ng mga banta ng “arbitraryong kundisyon” at desisyon ng administrasyon ang karapatan ng mga kabataan.

Hindi ito ang unang pagkakataon ng panunupil ng UST sa karapatan sa pag-oorganisa ng mga estudyante. Maihahalintulad ito sa kaso na kinaharap ng dating lider ng Anakbayan-UST noong 2021 na pinatawan ng hindi makatarungang mga parusa tulad ng pagbabawal na makabalik sa pamantasan at pagtanggong bigyan siya ng papeles para makapasok sa kolehiyo.

Ayon sa Anakbayan-National Capital Region, patunay ito na mapanupil ang sistema ng edukasyon. “Ang panunupil na ito sa karapatang pang-akademiko at kalayaan sa pamamahayag at pag-oorganisa ay hindi lang sa UST nagaganap kundi ganun din sa iba pang pamantasan,” anito.

Nanawagan ang grupo sa administrasyon ng UST na ibasura ang kaso laban kay Ballesteros at kilalanin ang karapatan ng mga estudyante sa loob ng kampus.

Grupo ng mga freelancer na mamamahayag, itinatag

Oktubre 28, 2023

Inianunsyo noong Oktubre 26 ng mga freelancer na mamamahayag ang pagtatatag ng kanilang samahan na Filipino Freelance Journalists’ Guild

(FFJ) noong Oktubre 21. Ayon sa FFJ, nabuo ang kanilang samahan matapos ang dalawang taong pagsisikap sa pag-oorganisa at pananaliksik sa pagtatayo ng samahang pangunahing nakatutok sa kagalingan at karapatan ng mga freelancer na mamamahayag sa bansa.

Habang ang aktibidad ay inorganisa ng mga freelancer na mamamahayag mula sa Maynila, tinatanaw ng gremyo na palawakin ang saklaw nito sa ibang mga rehiyon, ayon sa FFJ. “Sa wakas, mayroon nang organisasyong partikular na tatalakay sa pangangailangan at kahingian at mga reklamo ng mga freelancer, laluna sa nagbabagong kalagayan ng midya,” ayon kay Maro Enriquez, ang interim na tagapangulo ng FFJ.

Ipinaabot ni Jonathan de Santos, tagapangulo ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), ang pagbati ng unyon sa gremyo. “Ang pagbubuo ng gremyong ito ay nagpapakita kung paanong ang pakikiisa natin sa isa’t isa ay humahantong sa pag-oorganisa at pagsasama-sama para sa mas malakas na kolektibong aksyon,” ayon kay de Santos.

Ang pagtatatag ng gremyo ay alinsunod na rin sa rekomendasyon ng NUJP sa isang pagtitipon ng mga mamamahayag noong Nobyembre 2022. Ibinatay ito sa isang pag-aaral na ginawa ng organisasyon kaugnay sa kalagayan ng mga freelance na mamamahayag. Ipinrisenta ang pag-aaral sa isa sa mga pulong ng organisasyon noong Nobyembre 19, 2022. Katuwang ng NUJP ang International Federation of the Journalists (IFJ

Asia Pacific) sa pag-aaral na isinagawa noong 2021.

Isa sa mga tampok na kinahaharap na suliranin ng mga freelancer na mamamahayag ang hindi sapat na bayad o kompensasyon at kawalan ng proteksyon. Mayorya sa kanila ay kumikita lamang ng ₱15,000 kada buwan. Wala rin silang nakasulat na mga kontrata.

Kinahaharap ng mga freelancer ang pagturing sa kanila bilang expendable o maaaring basta-basta na lamang palitan o tanggalin sa proseso at makinarya ng pagbabalita.

Umaasa ang FFJ na sa pagkakabuo ng kanilang samahan ay mas magiging paborable ang kalagayan ng kanilang hanay sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga programa at kampanya para sa kanilang kagalingan. Ang freelancer ay yaong lumilikha ng balita sa anyong nakasulat, bidyo o audio na hindi para sa eksklusibong gamit ng isang media outlet, istasyon o pahayagan.

Halos 51 milyong Pilipino ang dumanas ng “food insecurity” noong 2022

Oktubre 28, 2023

Tinatayang nasa 50.9 milyon o 44.7% ng mga Pilipino ang dumanas ng katamtaman (moderate) hanggang pamalagiang (chronic) “food insecurity” o kalagayang wala silang katiyakan kung saan kukunin ang sunod na makakain. Ang ganitong pagtaya ay nakabatay sa isinagawang sarbey ng

United Nations na sumasaklaw sa mga taong 2020 hanggang 2022.

Pinakamataas ang bilang ng mga pamilyang dumanas ng food insecurity sa Bangsamoro Administrative Region in Muslim Mindanao o BARMM (34%), Eastern Visayas (24%) at Soccsksargen (21%). Sa pangkalahatan, malaking bahagi ng mga dumaranas ng kawalang katiyakan sa pagkain ay nasa mga trabahong pang-agrikultura (24%).

Ayon na mismo sa UN, isang salik ng “food insecurity” sa bansa ay ang pagsalig nito sa imported na pagkain, laluna sa bigas. Sa nakaraang dalawang taon, pinakamalaki ang “food trade deficit” (mas malaki ang inaangkat kaysa iniluluwas na mga produktong pagkain) ng Pilipinas sa Southeast Asia. Malayong kasunod ang Myanmar na may 15.8 milyong food insecure na mamamayan, na 29.3% ng kanilang populasyon.

Mula sa dating ganap na nakasasapat sa sarili ang produksyon ng pagkain noong dekada 1970, bumagsak tungong 77% ang self-sufficiency ratio (SSR) o tantos ng kasapatan ng Pilipinas sa bigas noong 2022. Pinakamababa ito mula 1998, at pangatlong beses na mas mababa sa 80% sa loob ng dalawang dekada.

Papalaki rin ang pagsalig sa imported na sibuyas at iba’t ibang gulay, karneng baboy at baka. Matagal nang nakasalig ang Pilipinas sa pag-aangkat ng bawang at mongo. Iniimport ang mga produktong ito kahit walang lokal na kasalatan at

naging sanhi ng pagkamatay ng lokal na produksyon.

“Dati ay kayang-kaya nating likhain at anihin ang ating kinokonsumong pagkain at mga pananim,” pahayag ni Rafael Mariano, chairman emeritus ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). “Dahil sa importasyon, bumagsak ang sariling kasapatan natin sa bigas, isda, karne, kape, bawang at iba pang pagkain,” aniya.

Ugat ng pagbagsak ng kakayahan na magprodyus ng sapat na pagkain ang atrasadong sistema sa pagsasaka ng mga batayang pananim. Sa kalakhan, manumano, nakasalalay sa ulan, maliitan, at pamilyahan pa rin ang produksyong pang-agrikultura sa Pilipinas. Hindi bababa sa 60% ng mga sakahan ay mas mababa sa isang ektarya lamang ang sukat. Mahigit 50% ng lupang binubungkal ay nasa kamay ng 11% lamang ng may-ari ng lupa. Ilang pamilya lamang ang nagmamay-ari sa libu-libong ektaryang lupaing pang-agrikultura. Walang saligang mga industriya ang bansa.

Pito sa bawat 10 magsasaka ay walang sariling lupa o walang kontrol sa kanilang mga lupa, ayon pa sa KMP. Habang lumalaki ang pangangailangan ng pagkain ng bansa, papaliit naman ang inilalaan ng estado na lupa para rito.

“Bigas ay buhay sa mga Pilipino pero lagi’t lagi tayong magiging food insecure at gutom kung walang tunay na reporma sa lupa,” pahayag ni Mariano. “Kailangan nating depensahan ang mga lupa na nakatuon sa produksyon ng bigas at

pagkain mula sa potensyal na pang-aagaw at pagpapalit-gamit ng lupa.”

[dailies_Self-sufficiency-ratio-2022]

Kakarampot na ₱35 dagdag-sahod sa Ilocos, binatikos

Oktubre 28, 2023

Binatikos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Ilocos ang kakarampot na ₱35 dagdag-sahod na inaprubahan ng National Wages and Productivity Commission (NWPC) noong nakaraang linggo. Sisimulang ipatupad ang dagdag-sahod ng mga manggagawa sa Nobyembre 6.

“Maliwanag na ang kakarampot na dagdag-sahod na ito ay hindi makasabay sa patuloy na pagsirit ng presyo ng bigas, langis at iba pa,” ayon sa Bayan-Ilocos. Sa pagsusuri ng Ibon Foundation, nakatakda sa ₱1,118 ang nakabubuhay na sahod para sa isang lima-kataong pamilya. Malayong-malayo ito sa kasalukuyang ₱367-₱400 arawang sahod ng mga manggagawa sa rehiyon kahit pa madagdagan ng ₱35 kada araw.

Sa pagpapatupad ng dagdag-sahod, makatatanggap ang mga manggagawa sa agrikultura at mga establisyementong mas mababa sa 10 ang manggagawa ng ₱402. Habang ang mga manggagawang nasa empleyadong may higit 10 manggagawa ay makakukuha ng ₱435 kada araw. Saklaw ng rehiyon ng Ilocos ang mga

prubinsya ng Ilocos Norte, Ilocos Sur, La Union, at Pangasinan.

Ayon pa sa Bayan-Ilocos, ang napakababa at nahuhuling dagdag-sahod sa rehiyon ay epekto ng bulok na batas sa Wage Rationalization. Samantala, binatikos ng grupo ang malawakang korapsyon ng gubyrno sa tabing ng confidential and intelligence funds habang limos ang tinatanggap na sahod ng mga manggagawa.

Kasabay na inaprubahan ng NWPC ang kakarampot na dagdag na ₱30 sa arawang sahod ng mga manggagawa sa Western Visayas. Saklaw ng atas na ito ang mga prubinsya ng Aklan, Antique, Capiz, Guimaras, Iloilo, at Negros Occidental.

Sa panayam ng alternatibong midya kay Pernie Limas, lider ng Iloilo Coca-cola Plant Employees Union, sinabi niyang dismayado sila sa mistulang limos na dagdag-sahod para sa mga manggagawa. "Hindi nga ito makakabili ng isang kilong bigas," ayon pa kay Limas.

Sa pagpapatupad ng dagdag-sahod sa rehiyon ng Western Visayas, ang kasalukuyang ₱450 ay aakyat tungong ₱480 para sa mga nasa mga industriyang labas sa agrikultura. Habang ang mga manggagawa sa agrikultura ay makatatanggap ng ₱440 mula sa dating ₱410. Nakatakda ang ₱991 nakabubuhay na sahod para sa lima-kataong pamilya sa rehiyon.

Kinundena rin ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang barya-baryang dagdag na sahod na tugon sa

matagal nang panawagan ng mga manggagawa. “Walang signipikanteng epekto ito para umunlad ang buhay ng manggagawa,” ayon kay Jerome Adonis, pangkalahatang kalihim ng KMU. Giit ng grupo, dapat nang ibalik ang iisang minimum na sahod sa buong bansa at itaas ang sahod sa nakabubuhay na antas.

UN “humanitarian truce” sa Gaza, pinagtibay; Pilipinas, nag-abstain

Oktubre 28, 2023

Ipinasa ng United Nations General Assembly noong Oktubre 27 ang resolusyong nananawagan para sa isang “humanitarian truce” o makataong pagtigil ng mga atake, para bigyan-daan ang pagpasok ng ayudang makatao sa Gaza Strip. Nangangahulugan ito pangunahin ng pagtigil ng pambobomba ng Israel sa lugar. Pumasa ang resolusyon na may 120 pabor, 14 na di sang-ayon at 45 na abstain.

Kinailangang ipasa ng General Assembly ang resolusyon matapos dalawang beses na hinarang ng US ang mga resolusyong inihain sa UN Security Council para rendahan ang pambobomba ng Israel. Nakakuha lamang ng limang boto ang unang resolusyon na inihain ng Russia noong Oktubre 16. Ang pangalawang resolusyon na inihain ng Brazil noong Oktubre 18 ay nakakuha ng 12 boto pero hinarang ng veto ng US at UK.

Ang pinakahuli at pumasang resolusyon ay itinulak ng Jordan at iba pang mga bansa sa Middle East para sa “kagyat, matatag at

sustenidong makataong pansamantalang tigil-putukan na tutungo sa pagtigil ng paglaban.” Ipinanawagan dito ang paggalang sa mga internasyunal na makataong batas na nangangalaga sa kaligtasan ng lahat ng sibilyan at sibilyang kagamitan. Panawagan din nito sa “kapangyarihang mananakop” (Israel) na bawiin ang utos nitong palayasin ang lahat ng mga sibilyang Palestino, kabilang ang mga istap ng UN at humanitarian worker sa hilagang bahagi ng Gaza at tumungo sa timog na bahagi ng engklabo.

Sa gitna ng mga debate, tinangkang isingit ng Canada, sa tulak ng US, ang amyenda para kundenahin ang Hamas sa “teroristang pang-aatake” nito sa Israel noong Oktubre 7. Ibinasura ng mayorya ang tusong amyendang ito at hindi ipinasok sa pinal na resolusyon. Nag-abstain o hindi bumoto nang pabor o kontra sa resolusyon ang Canada, gayundin ang United Kingdom, Italy, India, Germany, Ukraine, Sweden at iba pa.

Isa sa mga nag-abstain ang rehimeng Marcos ng Pilipinas, na una nang idineklarang “terorista” ang Hamas bilang pagpapakita ng pagiging sunud-sunuran nito sa US.

Samantala, bumoto kontra sa resolusyon ang Israel, Austria, Croatia, Czech Republic, Fiji, Hungary, Guatemala, Marshall Islands, Micronesia, Nauru, Papua New Guinea, Paraguay, Tonga at US. Matapos bumoto at natalo, idineklara ng Israel ang UN bilang “hindi lehitimo.”

Ang resolusyon ay hindi “binding” o hindi obligadong ipatupad ng mga sangkot na bansa. Gayunman, ayon sa mga eksperto, ipinamamalas nito ang malawak na pagtutol sa walang habas na pambobomba ng Israel at henosidyo sa mga Palestino, at kung gaano kahiwalay ang US at Zionistang estado ng Israel sa buong mundo.

Ipinasa ang resolusyon sa gitna ng mga balitang nauubos na ang suplay ng langis sa Gaza. Mangangahulugan ito ng pagtigil ng napakaraming kinakailangang serbisyo na nangangailangan ng kuryente at panggatong, kabilang ang natitirang mga ospital at iba pang pasilidad pangkalusugan, at lalupang paglalim ng humanitarian crisis sa lugar.

Ayon sa UN Relief and Works Agency (UNRWA), espesyal na ahensya ng UN para sa mga Palestinong refugee, nagsimula nang maubos ang panggatong sa mga refugee center noon pang Oktubre 25. Mabilis na ring nauubos ang pagkain at tubig. Mula Oktubre 7, mahigit lamang 70 trak ng ayudang makatao ang “pinayagan” ng Israel na pumasok sa Gaza, sa pamamagitan ng hangganan nito sa Egypt. Sa nakaraan, 100 trak ng ayudang makatao ang araw-araw na pumapasok sa Gaza. Siksikan na ang mga sentro ng ebakwasyon at di na ito nakakapagbigay ng “may dignidad na pamumuhay” sa mga refugee.

Sa pinakahuling tala, nasa 7,326 na Palestino na ang napatay sa mga pambobomba ng Israel sa Gaza, kung saan 3,038 ang mga bata. Noong gabi ng Oktubre 26, binomba ng Israel ang mga susing linya ng telekomunikasyon at isinadlak ang Gaza

sa halos lubos na pagkaputol ng komunikasyon at ganap na kadiliman.

“Health workers run,” inilunsad para sa dagdag-sweldo

Oktubre 29, 2023

Nagsama-sama ang mga manggagawang pangkalusugan sa inilunsad na “Health Workers Run for Salary Increase” sa Quezon Memorial Circle sa Quezon City noong Oktubre 26 para ipamalas ang kanilang pagkakaisa sa panawagang dagdag-sweldo. Sa aktibidad na ito, sama-samang tumakbo ang mga manggagawang pangkalusugan sa palibot ng naturang parke.

“Sa harap ng sumisirit na presyo ng mga bilihin at yutilidad, maraming manggagawang pangkalusugan ang hindi na makaagapay,” ayon sa Alliance of Health Workers (AHW).

Bitbit ang kanilang mga bandila at balatengga, iginiit ng mga manggagawang pangkalusugan ang ₱33,000 entry salary sa lahat ng manggagawang pangkalusugan na pareho sa mga pampubliko at pribadong ospital.

“Ang buwanang sweldo ng salary grade 1 na manggagawang pangkalusugan sa pampublikong ospital ay nasa ₱13,000 lamang. Kakaltasan pa ito ng mga sapilitang bayarin tulad ng GSIS, PhilHealth at Pag-ibig,” ayon sa AHW. Habang nagtaasan lahat ng mga bilihin, pamasaha at singil sa mga yutilidad, nananatili namang mababa ang

sweldo ng mga manggagawang pangkalusugan sa bansa, anila.

“Habang tuluy-tuloy ang pagbibigay ng serbisyo ng mga manggagawang pangkalusugan sa mga pasyente, pinapatay naman tayo ng guberno sa mababang sahod, kakulangan ng mga tauhan na nagreresulta sa labis-labis na trabaho natin, nahuhuli at hindi pagbibigay ng benepisyo at pagkakaltas-pondo sa kalusugan,” ayon kay Robert Mendoza, pambansang pangulo ng AHW.

Bago ang naturang aktibidad, nagsagawa ng pagkilos at noise barrage ang mga manggagawang pangkalusugan ng Philippine Orthopedic Center (POC) at National Children’s Hospital (NCH) noong Oktubre 23. Kabilang ito sa tuluy-tuloy na serye ng protesta at pagkilos ng sektor para sa dagdag-sweldo at mga benepisyo.

Hustisya para sa pagkamatay ng isang estudyante ng Rizal Technological University, ipinanawagan

Oktubre 29, 2023

Nagsama-sama ang mga estudyante ng Rizal Technological University (RTU) sa kampus nito sa Mandaluyong City noong Oktubre 27 para magtirik ng kandila at manawagan ng hustisya sa pagkamatay ng estudyante sa grade 7 na si Yuwan Lorenzo Magdato. Si Magdato, 12 taong gulang, ay nagpatiwakal noong Oktubre 19 dahil sa isyu sa kanyang pag-aaral.

Sa pangunguna ng Concerned Students for Justice and Peace (CSJP)-RTU, nagsagawa ng programa at nagtalumpati ang mga estudyante bilang pananawagan ng hustisya. Bago ang protesta, namahagi rin ng itim na ribon ang grupo noong Oktubre 26 para himukin ang mga estudyante.

Ayon sa mga kakilala at kaibigan ni Magdato, isa siyang mabait, palakaibigan, masayahin at matalinong estudyante. Nakakalungkot umano ang biglang pagkawala ng kanilang kaklase. Hinihinalang may kaugnayan sa pang-aabuso ng nasa kapangyarihan ang pagpapatiwakal ni Magdato.

“Walang lugar sa ating sintang paaralan ang paggamit ng sinuman sa kanilang awtoridad upang pagsamantalahan ang kahit sinuman. Hindi makatarungan ang kamatayan ni Magdato at dapat panagutin ang may sala nito,” pahayag ng Kabataan Partylist-RTU.

Giit pa ng mga grupo, dapat magkaroon ng pananagutan sa nangyaring trahedyang administrasyon ng RTU at tigilan ang pagtatakip sa katotohanan upang pabanguhin lamang ang kanilang imahe.

“Dapat magsagawa ng bukas at transparent na imbestigasyon ang mga administrador hinggil sa nangyaring insidente, akuin ng pamunuan ang pagkukulang nito, at magsagawa ng karagdang polisiya upang maiwasan na ganitong klase ng mga insidente,” ayon pa sa Kabataan Partylist-RTU.

Nagpaabot ang mga grupo ng pakikiramay sa pamilyang Magdato at hinimok ang mga kapwa estudyante na kalampagin ang administrasyon para sa agarang imbestigasyon at pananagutan.

Samantala, sinabi ng grupong Anakbayan na hindi ito ang unang pagkakataon na mayroong estudyanteng nagpatiwakal na may kaugnayan sa eskwela at pag-aaral. Sa konserbatibong tala mismo ng Department of Education (DepEd), hindi bababa sa 404 na estudyante ang nagpatiwakal noong 2021 hanggang 2022 habang 2,147 estudyante ang nagtangkang magpatiwakal.

Dagdag sa hindi maka-estudyanteng sistema ng edukasyon sa bansa, kulang na kulang ang mga pasilidad para tumugon sa pangangailangang mental ng mga kabataan. Sa datos ng DepEd, sa 60,957 eskwelahan sa buong bansa, 16,557 lamang ang guidance office na mayroong 2,093 lisensyadong guidance counselor.

Sa kabuuang populasyon ng mga estudyante na 28 milyon, nasa tumbasang isang guidance counselor sa kada 13,394 na estudyante, lubhang malayo sa mainam na tumbasang 1:250.

Anang Anakbayan, “ang ganitong mga insidente ay nagpapatampok sa kagyat na pangangailangan para sa komprehensibong mga reporma sa sistema sa edukasyon.”

Mamamayang Moro, nagrali sa Maynila at mga syudad sa Mindanao para sa Palestine

Oktubre 29, 2023

Nagtipon ang ilandaang Moro sa Luneta Grandstand sa Maynila noong Oktubre 26 para ipahayag ang kanilang suporta sa mamamayang Palestino at tutulan ang nagaganap na henosidyo ng Israel sa Gaza. Ang protestang ito ay bahagi ng serye ng mga pagkilos na isinagawa ng mga Moro sa Marawi, South Cotabato, Tawi-tawi at Sulu. Sa South Cotabato, hindi bababa sa 12,000 katao ang lumahok sa isang peace rally noong Oktubre 16.

Samantala, dalawang beses na tinanggihan ng lokal na mga upisyal ng Zamboanga City ang paghingi ng mga grupong Moro ng permit para maglunsad ng motorcade at peace rally sa syudad. Idinahilan ng lokal na gubyrerno ang “banta ng terorismo.” Lubos itong ikinagalit ng mga grupong Moro dahil anila’y ipinamamalas nito ang malalim at matinding diskriminasyon sa kanila, at kawalang pakialam ng mga upisyal ng estado sa sitwasyon ng kanilang mga kapatid sa pananampalataya.

Noon ding Oktubre 26, nagsampa ng kaso ang mga lider-Moro laban kay Teodoro Locsin, dating kalihim ng Department of Foreign Affairs sa panahon ng rehimeng Duterte at kasalukuyang nanunungkulan bilang ambasadador ng Pilipinas sa United Kingdom. Nais nilang ipa-disbar o tanggalan ng karapatang mag-abugado si Locsin.

Ang kaso ay kaugnay sa sinulat ni Locsin sa social platform na X (dating Twitter) kung saan sinabi niyang dapat lamang patayin ang mga batang Palestino dahil lalaki lamang diumano ang mga ito na mga mandirigma ng Hamas. Binura na ni Locsin ang naturang post at humingi ng paumanhin pero hindi ito tinanggap ng mga grupong Moro. Anila, tulad ng kanyang burado nang post, “sarkastiko” ang kanyang pagpapaumanhin. Tinawag nilang “Islamophobia” o pagkamuhi sa mga Islam o Muslim ang paninindigan ni Locsin.

Mga rider ng Grab, nagprotesta

Oktubre 29, 2023

Daan-daang rider o mga tagadeliber ng kumpanyang Grab ang nagprotesta sa Quezon City noong Oktubre 25 para batikusin ang hindi makatarungang pagkakaltas ng ₱10 na kita nila kada deliberi. Dahil sa kaltas, ang dating ₱45 na minimum na kita nila kada deliberi ay magiging ₱35 na lamang. Kinundena rin ng grupo, sa pangunguna ng National Union of Food Delivery Riders (Riders), ang pagtanggap ng Grab sa siyam na drayber na lumahok sa naunang asembleya noong Oktubre 19.

Ayon sa grupo, malaki itong kabawasan sa kita ng libu-libong rider ng Grab sa Metro Manila at mga kalapit na lugar. Hindi imposibleng ipatupad din ang katulad na patakaran ng Grab sa iba pang bahagi ng bansa, hindi lamang sa Metro Manila, anila.

Kaugnay nito, nakiisa din sa sama-samang pagkilos ang mga rider ng Grab sa Pampanga, Iloilo, Dumaguete, Cebu, at Laguna.

“Sa kabila ng ating pagkilos, imbis na makinig ang Grab, itinuloy pa nito ang ibinabang fare. Patunay lamang ito sa pinakaugat na problema ng maraming riders sa Grab—ang kawalan ng respeto ng Grab sa kanyang “partner” kuno na mga delivery rider,” ayon sa grupo.

Liban dito, ipinapanawagan ng grupo ang pagbibigay ng kumprehensibong insurance, mga benepisyo tulad ng SSS, PhilHealth, at Pag-IBIG, kopya ng kontrata, at iba pa. Iginigiit din nila sa Grab na kilalanin ang kanilang unyon bilang kinatawan ng mga drayber at harapin sila para sa representasyon at negosasyon.

Samantala, humarap naman sa midya ang mga rider ng Foodpanda sa Pampanga kahapon, Oktubre 28. Inihayag nila ang kanilang mga hinaing at panawagan sa kumpanya na bigyan sila ng mas mataas na bayad, mga benepisyo at karagdagang mga proteksyon. Inianunsyo ng grupo ang plano nitong tigil-pasada sa Pampanga mula Oktubre 31 hanggang Nobyembre 1.

Walang pakundangang pamamaslang ng Israel sa mga mamamahayag sa Gaza, kinundena

Oktubre 29, 2023

Naglabas ng pinag-isahang pahayag ang pitong grupo ng mamamahayag sa Southeast Asia para

kundenahin ang walang pakundangang pamamaslang sa mga mamamahayag at iba pang sibilyan. “Itinuturing namin itong pundamental na paglabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas,” pahayag ng mga organisasyon noong Oktubre 27. Nakiisa rin sila sa lahat ng mga mamamahayag at manggagawang midya na nagtatrabaho ngayon sa Gaza.

Sa pagitan ng Oktubre 7 at 23, umaabot na sa 23 mamamahayag ang napatay sa pambobomba ng Israel, kalakhan ay mga Palestino. Hindi rin ligtas ang kanilang mga pamilya kahit pa nakasukob na sila sa mga kinikilalang mga sentro ng ebakwasyon. Ganito ang nangyari sa pamilya ni Wael Al-Dahdouh, korespondent ng network ng Al Jazeera, na namatay sa pambobomba ng Israel sa sinusukuban nilang lugar.

Mas marami pa ang nasugatan, nawawala o arbitraryong ikinulong ng Israel. Noong gabi ng Oktubre 27, sadyang binomba ng Israel ang mga linya ng telekomunikasyon at isinadlak ang Gaza sa halos ganap na communications blackout. Pinutol nito ang ugnayan sa pagitan ng mga residente sa Gaza at buong mundo.

Sinasabing ang tanging gumagana na lamang sa Gaza ay mga satellite phone, pero kahit ang mga ito ay maaari ring targetin ng Israel. Ayon sa mga eksperto, may kakayahan ang Israel Air Force na tukuyin ang bawat elektronikong device sa Gaza gamit ang mga satellite nito at wasakin ang mga ito gamit ang mga misayl.

Mariing kinundena ng unyon ng mamamahayag na Palestino ang pagwasak ng Israel sa imprastruktura sa komunikasyon. “Sadyang tinarget ng Israel ang mga pasilidad ng cellphone at internet para supilin ang impormasyon sa ‘bagong mga masaker’ na isinasagawa sa teritoryo ng Palestine,” ayon sa unyon. Sinundan ang pagputol sa komunikasyon ng malawakan at walang awat na serye ng pambobomba na itinuring na pinakamatindi mula nang simulan ang pang-aatake sa Gaza.

“Pinananagot namin ang Israel sa pagkitil sa buhay ng mga kapwa naming mamamahayag at nananawagan kami sa United Nations at mga organisasyon nito para sa karapatang-tao na kagyat na mamagitan at itigil ang gerang henosidyo sa Gaza at ibalik ang akses sa komunikasyon dito.”

Liban sa mga mamamahayag, lalo’t higit na apektado sa halos ganap na blackout ang komunikasyon sa pagitan ng ambulansya, mga rescue worker at ospital at iba pang serbisyo.

Pagbuwag sa protestang kontra-mina sa Palawan, kinundena

Oktubre 30, 2023

Kinundena ng mga grupong maka-kalikasan ang pagbuwag sa protesta ng mga grupong kontra-mina sa Barangay Maasin, Brooke’s Point sa Palawan laban sa operasyon ng Iplan Nickel Corporation (INC) noong Oktubre 25.

Nananawagan ang mga nagpuprotesta na kagyat na itigil ang pagmimina at tuluyan na itong isara.

Hinaing ng mga grupo, labag ang mga operasyon ng kumpanyang INC sa cease and desist order na ipinataw dito ng lokal na guberno at rehiyunal na tanggapan ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP).

Nasa proseso ang mga grupo ng pagtatayo ng bakod para pigilan ang pagpasok ng mga trak sa minahan nang harangin sila ng mga gwardya ng kumpanya. Nagkaroon ng girian sa pagitan ng dalawang grupo kung saan may ilang nasugatan.

“Sampal sa mukha ng mamamayan sa Palawan” ang patuloy na operasyon ng INC, ayon sa grupong Kalikasan PNE. “Paulit-ulit ang paglabag ng kumpanya sa batas, kabilang pagpapatuloy ng mga operasyon nito lampas sa bisa ng hawak nitong mining production sharing agreement (MPSA) at kawalan ng Certificate Precondition mula sa NCIP.”

Noong Agosto, kinatigan ng Korte Suprema ang petisyon ng mga residente dito para ipailalim ang lugar sa writ of kalikasan. Sa kabila ng mga pagtutol, tuluy-tuloy ang operasyon ng kumpanya na lubos na ikinadismaya ng mga residente.

Ayon sa Kalikasan PNE, ang marahas na pambubuwag ay dagdag sa humahabang listahan ng karahasan ng mga kumpanya sa mina sa mga lumalaban sa kanila sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr. Kabilang sa mga ito ang marahas na

pambubuwaag sa mga protesta sa Sibuyan Island noong Pebrero.

Pagtatakas ng 2 makina ng kumpanyang Technol Eight, binatikos ng unyon

Oktubre 30, 2023

Binatikos ng mga manggagawa ng Technol Eight Philippines at ng unyon nitong Technol Eight Philippines Workers' Union (TEPWU) ang pagtatakas ng kumpanya ng dalawang makina mula sa pagawaan nito sa Biñan, Laguna noong Oktubre 31. Anang unyon, nasa 20 manggagawa ang mawawalan ng trabaho dahil dito.

Sinubukan pa umanong harangin ng mga manggagawa ang pagtatakas ng maneydsment sa mga makina ngunit naitaboy sila ng mga ito. "May plant-level pa na pag-uusap sa pagbalik ng pasok ng manggagawa sa Nobyembre 7 subalit traydor ang kapitalistang Technol Eight," ayon sa TEPWU.

Giit ng Alyansa ng Manggagawa sa Probinsya ng Laguna (Almapila), "runaway shop" ang ginawang ito ng kumpanya. Dapat umanong papanagutin sa krimen laban sa mga manggagawa ang Technol Eight.

Ang doktrinang "runaway shop" ay ang ilegal na paglilipat ng lokasyon ng kumpanya o mga makinarya nito para takasan o ikutan ang mga batas sa paggawa at karapatan ng mga manggagawa sa pag-uunyon.

Matatandaang noong Nobyembre 2022 ay kumaharap ang unyon sa napakatagal at paulit-ulit na negosasyon sa maneydsment para sa Collective Bargaining Agreement (CBA) nito dahil nagmatigas ang kumpanya sa pagbibigay ng benepisyong mga manggagawa. Tumagal ito nang ilang buwan at 16 na beses na nagharap sa antas-planta na usapan hanggang humantong sa paghaharap sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB).

Ang kumpanyang Technol Eight ay gumagawa ng body shell para sa mga sasakyang Innova at Vios.

2 nadakip na hors de combat ng BHB, itinatago ng 203rd IBde

Oktubre 31, 2023

Dalawang hors de combat na Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) -Mindoro ang nadakip ng 203rd IBde noong ikatlong linggo ng Oktubre. Hindi pa sila inililitaw hanggang ngayon. Sa imbestigasyon ng BHB-Mindoro, nasa kamay ng mga sundalo ang sugatang mandirigma na si Sonny Rogelio (Ka Ed) at si Sonny Sambutan (Ka Omeng).

Ang dalawa ay kabilang sa yunit ng BHB-Mindoro na nakasagupa ng tropa ng 10th Special Action Battalion (SAB) at 76th IB sa ilalim ng 203rd IBde noong Oktubre 17 sa Sityo Manambao, Barangay Santa Cruz, Bongabong, Oriental Mindoro. Napahiwalay ang dalawa sa yunit ng hukbong bayan at nadakip ng mga sundalo.

“Batay sa imbestigasyon ng BHB-Mindoro, nasugatan sa labanan si Ka Ed at nalagay sa katayuang hors de combat kung kaya inabot ito’t nahuli ng kaaway, kasama si Ka Omeng,” ayon kay Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng BHB-Mindoro. Nakumpirma ito ng BHB-Mindoro mula sa ilang elemento ng 203rd IBde at PNP-MIMAROPA.

Ang pagdakip sa dalawa at paglilihim sa kanilang kinaroroonan ay labag sa internasyunal na makataong batas, ayon sa BHB. Binatikos nito si PMaj. Darwin B. Hernandez, kumander ng 10th SAB, sa lihim na pagdakip kay Ka Ed.

Dapat ideklara ang dalawa bilang bihag ng digma (prisoners of war o POW) at kilalanin ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng Geneva Convention Relative to the Treatment of Prisoners of War (Agosto 12, 1949), ayon kay Ka Madaay.

Nakasaad sa Part II, Article 13 ng nasabing dokumento na ang mga POW ay dapat makataong tratuhin sa lahat ng pagkakataon. Ipinagbabawal ang pananakit, pagtortyur at pagganti sa kanila ng kalabang pwersa na nagdedetine sa kanila.

Hinamon ng BHB-Mindoro ang AFP-PNP, lalo ang mga opisyal ng 203rd Brigade at PNP-SAF na dumakip kina Ka Ed at Ka Omeng, na ilabas ang dalawa at ipakitang nasa maayos silang kalagayan.

“Higit pa, dapat kagyat na bigyan ng atensyong medikal si Ka Ed,” pahayag ni Ka Madaay.

Mahaba na ang listahan ng mga paglabag sa karapatang-tao ng 203rd IBde sa Oriental

Mindoro. Nauna na ring naitala sa Mindoro ang mga kaso ng pagdukot kabilang ang kaso nina Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado, kilala rin bilang “Mansalay 2” noong Abril 26 sa Barangay Sta. Teresita, Mansalay.

Kasunod ang kaso ng mga aktibistang sina Job Abednego David, Peter Del Monte Jr, at Alia Encela na dinukot ng mga ahenteng militar noong Setyembre 19 sa Sityo Malaglag, Barangay Lisap, Bongabong.